# Ang Simula at Ang Katapusan

البداية والنهاية باللغة الفلبينية

ni:

**Abd Ar-Rahman bin Abd Al-Kareem Ash-Sheha**

عبد الرحمن بن عبد الكريم الشيحة

Isinalin sa Pilipino (Tagalog) nina:

**Abu Wahi, Amir Mohammed Ornido, MBA, Shoaib Salonga at Jamal Joves**

WWW.ISLAMLAND.COM


ISLAM LAND
GROW GOODNESS BY YOUR HAND
EXPLORE ISLAM IN ALL LANGUAGES
You Tube
WWW.ISLAMLAND.COM

## Ang Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| Mga Katawagang Ginamit dito sa Aklat | 4 |
| Paunang Pananalita | 6 |
| Ang Paniniwala sa Allah (ﷻ) | 16 |
| Sino ang Allah (ﷻ)? | 16 |
| Mga Katibayan sa Pananatili ng Allah (ﷻ) | 25 |
| Ang Unang Pagkakalikha ng Mundo | 43 |
| Ang Paglikha ng Kalangitan at Kalupaan | 44 |
| Ang Paglikha sa mga Anghel | 49 |
| Ang Paglikha sa mga Jinn | 53 |
| Ang Paglikha kay Adan (عليه السلام) | 55 |
| Papaano Nalikha si Adan (عليه السلام)? | 58 |
| Ang mga Katangian ni Adan (عليه السلام) | 61 |
| Bakit ang mga Anak ni Adan ay Magkakaiba? | 62 |
| Ang Paglikha kay Eba (*Haw'waa'*) | 63 |
| Ang Tahanan nina Adan (عليه السلام) at Eba | 64 |
| Ang Panimula ng Pagiging Sugo | 66 |
| Ano ang mga Tao? | 70 |
| Ang mga Ibat-ibang Yugto sa Paglikha sa Tao | 73 |
| Paano ang Paglikha sa mga Tao? | 74 |
| Mga Pinagdaanang Yugto ng mga Tao | 76 |
| Ano ang Kaluluwa? | 81 |
| Ang Tunay na Buhay dito sa Mundo | 85 |
| Ano ang Layunin sa Paglikha ng mga Tao at Jinn | 90 |
| Ang Katapusan | 95 |
| Ano ang Mangyayari Pagkatapos Mamatay? | 98 |

Ano ang Mangyayari Pagkatapos Tayong Buhaying muli ng Allah (ﷻ)? **105**

Mga Katibayan sa *Qur'an* sa Muling Pagkabuhay **112**

Paano Ililigtas ng Tao ang Kanyang Sarili? **115**

Ano ang Islam? **115**

Mga Pangunahing Haligi ng Islam **117**

Mga Haligi ng Islam **119**

Ang Takdang Kawanggawa **120**

Ang Pag-aayuno sa Ramadhan **122**

Ang Paglalakbay sa Makkah (Hajj) **124**

Mga Haligi ng Pananampalataya **127**

Ang Paniniwala sa Allah (ﷻ) **127**

Ang Paniniwala sa mga Anghel **129**

Ang Paniniwala sa mga Aklat ng Allah (ﷻ) **130**

Ang Paniniwala sa mga Sugo **133**

Ang Paniniwala sa Huling Araw **135**

Ang Paniniwala sa *Qada* at *Qadar* **139**

Sino ang Sugo ng Islam? **144**

Ano ang Sinasabi Tungkol kay Muhammad (ﷺ)? **146**

Ano ang *Qur'an*? **147**

Ano ang Sinasabi nila Tungkol sa *Qur'an*? **150**

Ang Islam at ang Karunungan **151**

Ang Islam at ang Yaman **153**

Huling Pananalita **155**

## Ang Mga Katagang Ginamit sa Aklat na Ito

(Sinipi mula sa Aklat ni Sheikh Mahmoud Murad na:
'Common Mistakes in Translation')

1. **Rabb**: Ang katagang Rabb ay kadalasang isinasalin ng iba bilang katumbas ng salitang Panginoon (Lord). Subali't, bukod sa katotohanang ang huli ay isang katagang ginamit sa Bibliya, ang katagang ito ay ginagamit din kapag tinutukoy si Propeta Hesus (عليه السلام) bilang kanilang Panginoon. Ang salitang Panginoon (Lord) ay isang kataga na ang karaniwang kahulugan nito ay nakahangga lamang sa isang "guro, pinuno, may-ari o tagapamahala", na sadyang kapos at kulang sa diwa o kahulugan kung ihahambing ito sa katagang Rabb sapagka't ang Rabb (na mula sa wikang arabik) ay mayroong malawak na kahulugan at kahalagahan. Ang ilang mahahalagang kahulugan ng Rabb ay ang Tagapaglikha, ang Tagapaghubog (Tagapag-anyo), ang Tagapanustos, ang Tanging Isa na inaasahan ng lahat ng mga nilikha upang patuloy na mabuhay, at Siya ang Tanging Isa na nagbibigay ng Buhay at nagdudulot ng Kamatayan. Sa aklat na ito, gagamitin natin ang katagang Rabb na may panaklong na (Panginoon) upang maging madali sa mga mambabasa.

2. **Deen**: Ang salitang Deen ay isinalin bilang Relihiyon, na sa wikang Arabik, ito ay karaniwang tumutukoy at nakaugnay sa isang Pamamaraan ng Buhay, maging ito man ay pangsarili o pangkalahatan. Ito ay isang malawak na kataga na may kahulugan na: 'mga gawang pagsamba, ang mga kasanayang pampulitika, masusing alituntuning nauukol sa kagandahang-asal, kabilang na rito ang kalinisan at tamang pag-uugali'.

3. (ﷺ) **Sal'lal'laaho a'laihi wa sal'lam,** ay nangangahulugan na: 'Nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang kanyang pangalan (Propeta Muhammad,ﷺ) at pangalagaan at ilayo siya at maging ang kanyang pamilya laban sa anumang masamang bagay'.
4. (ﷻ) **Subhaanaho wa Ta'aala**, ay nangangahulugan na: 'Siya ay Ganap na malayo at malaya sa anumang kakulangan, kapintasan at kamalian'.

□□□□

## Paunang Pananalita

بسم الله الرحمن الرحيم

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah(﷾) (lamang) na nagsabi:

> **﴾O Tao! Ano ang nagtulak sa iyo upang sumuway sa iyong Panginoon, ang Mapagkaloob ng biyaya? ⁕ Na lumikha sa iyo at humubog sa iyo ng ganap, at nagbigay sa iyo ng angkop na sukat; ⁕ Sa anumang anyo na Kanyang naibigan, ikaw ay Kanyang nilikha** (hinubog).**﴿**
> ***[Qur'an 82:6-8]***

At nawa'y papurihan ng Allah (ﷻ) ang pagbanggit kay Propeta Muhammad (ﷺ), at pagkalooban siya ng kaligtasan mula sa anupamang bagay na nakakasirang-puri, na nagsabi;

> **"Ang lahat ng tao ay nagmula kay Adan, at si Adan ay nagmula sa alabok." [*Abu Dawud, Tirmidhi*]**

At nawa'y pagkalooban ng Allah (ﷻ) ang pamilya at mga kasamahan (ng Propeta,ﷺ) ng kaligtasan mula sa anupamang bagay na nakakasirang-puri.

Ang pinagmulan at ang paglikha sa sanlibutan ay ang paksa na inaala-ala ng tao mula noong unang panahon, lalo na ang mga hindi Muslim; na ang lahat ng bagay na ito ay nabigyan ng kalinawan at ipinaliwanag ng Islam. Samakatuwid, ang mga Muslim ay hindi nabigyan ng palaisipan o nalito (tungkol sa mga di-pangkaraniwang nakikita sa sanlibutan) at hindi sila nag-iimbento ng mga

teoriya at ipotesis (o haka-haka) tungkol sa mga bagay na ito, na maaaring mabalewale pagsapit ng bagong teorya.

Kami ay tunay na naniniwala na kung anuman ang naisulat sa Banal na *Qur'an* at sa pinatotohanang tradisyon (ni Propeta Muhammad, ﷺ) tungkol sa mga paksang ito ay siyang katotohanan na dapat ang lahat ng teoriya ay alinsunod dito. Kung alinman ang hindi sumang-ayon dito ay tunay na maling pagpapatunay.

Ang Allah (ﷻ) ang Tagapakliha ng mga nakikita at mga di-nakikitang mga daigdig, ay hindi nangangailangan ng mga nilikhang bagay; subali't ang Kanyang mga nilikha ay siyang nangangailangan (ng tulong mula) sa Kanya. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**O Sangkatauhan! Kayo ang nangangailangan** (ng tulong) **ng Allah; datapwa't ang Allah ay masagana at mayaman** (hindi nangangailangan ng tulong ninuman), **(Siya) ang karapat-dapat sa lahat ng mga papuri. ⁎Kung Kanyang naisin, kayo ay mawawasak Niya at makagagawa Siya ng ibang nilikha. ⁎At ito ay hindi mahirap sa Allah.**﴿ ***[Qur'an 35:15-17]***

Ikaw lamang ang makikinabang sa iyong paniniwala at sa mga gawaing makatwiran.

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Kung hindi kayo maniniwala** (magkagayon iyan ay para sa inyong sariling kapahamakan)**, dahil ang Allah ay hindi nangangailangan sa inyo; at hindi Niya naiibigan para sa Kanyang mga alipin ang kawalan** (nila) **ng pasasalamat**

(sa pamamagitan ng pananampalataya), **dahil dito Siya ay nalulugod sa inyo…》** ***[Qur'an 39:7]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa *Hadeeth Qudsi*[1]:

**'Ang Allah ay nagsabi: 'O Aking mga alipin! Ipinagkait Ko sa Aking Sarili ang *dhulm*** (pang-aapi) **at ginawa Ko ang pagbabawal sa inyo, kaya't huwag mang-api sa bawa't isa. O Aking mga alipin, kayong lahat ay naliligaw maliban sa mga ginabayan ko, kaya't humingi ng patnubay sa Akin at kayo ay aking patnubayan. O Aking mga alipin, kayong lahat ay nasa pagkagutom maliban sa mga pinakain Ko, kaya't humanap ng pagkain mula sa Akin at kayo ay Aking pakakainin. O Aking mga alipin, lahat kayo ay hubad maliban sa mga dinamitan Ko, kaya't humanap ng damit mula sa Akin at kayo ay Aking dadamitan. O Aking mga alipin, kayo ay nagkakasala sa araw at gabi, at kayo ay Aking pinatatawad, kaya't humingi ng pagpapatawad mula sa Akin at kayo ay Aking patatawarin. O Aking mga alipin, hindi ninyo Ako maabot na pinsalain upang saktan ako, at hindi ninyo Ako makuhang tulungan upang bigyang ng kapakinabangan. Kung ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at kayong mga tao at mga Jinn[2], kung lahat kayo ay banal katulad ng may pinakabanal na puso sa mga tao sa inyo, magkagayon ito ay hindi makakadagdag sa Aking Kaharian kahit na katiting.**

[1] ***Hadeeth Qudsi*:;** Ang **hadeeth** ay isang pagsasalaysay ng pananalita, mga gawain, at mga pahiwatig, pagsang-ayon, at mga katangian ng Propeta (ﷺ). Ang **Hadeeth Qudsi** ay isang hadeeth na isinasalaysay ng Propeta (ﷺ) na nagmula mismo sa Allah.

[2] ***Jinn*:** Ang nilikhang hindi nakikita na may kalayaan katulad ng mga tao, na nilikha siya mula sa apoy na walang usok.

**O Aking mga alipin, kung ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at ang lahat ng mga tao at ang lahat ng mga *Jinn* sa inyo, ay masamang lahat katulad nang may pinaka-masamang puso sa inyo, magkagayon ito ay hindi makakapagbawas sa Aking Kaharian kahit na katiting. O Aking mga alipin, kung ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at ang lahat ng mga tao at ang lahat ng mga *Jinn* sa inyo, ay tatayo ng sabay-sabay sa isang lugar at humingi sa Akin, at kung ibibigay Ko ang kahilingan ng lahat, magkagayon ito ay hindi makakabawas sa Aking pag-aari maliban sa katulad ng nabawasan sa Dagat kapag inilubog ang karayom dito. O Aking mga alipin, ang inyo lamang mga mabubuting gawain ang Aking isasa-alang-alang at kayo ay Aking gagantimpalaan sa mga ito. Kaya't siya na nakakita ng mabuti, hayaan siyang purihin ang Allah, at siya na nakakita ng iba pa maliban dito, hayaan siyang sisihin ang kanyang sarili." [*Muslim*]**

Ang Islam ay ang Deen (Relihiyon – pamamaraan ng buhay) na pinili ng Allah(ﷻ), na ikinasiya at siyang iginawad bilang batas para sa Kanyang mga alipin. Ang mga tao ay tunay na minimithi ang batas na siyang magtatatag ng kanilang kapakanan pang pribado at pang publikong buhay, sa kanilang pang labas at pang loob na kapakanan. Bukod sa malaking kahalagahan na ibinigay ng Islam sa pang kalahatan at mga pangunahing prinsipiyo, hindi nito nakalimutan ang mga pumapangalawa at sumusunod na mga paksa. Ito rin ay lumikha ng katatagan at timbangan sa gitna ng pang materiyal at pang kaluluwang aspeto ng buhay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿...Sa araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong Relihiyon para sa inyo, Aking ginawang lubos ang**

**pagpapala sa inyo at pinili para sa inyo ang Islam bilang inyong Relihiyon.》** ***[Qur'an 5:3]***

Kung isasagawa ng tao ang Islam sa kanyang buhay, malalasap niya ang galak ng kaginhawaan, sariling kasiyahan at pang kaluluwang kaluwagan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

《**At ikaw** (O Muhammad, ﷺ) **ay hindi namin isinugo, maliban lamang na tanging Habag para sa 'Aalameen** (sangkatauhan, mga Jinn at lahat ng nilikha).》 ***[Qur'an 21:107]***

Sa Kabilang Buhay, ang Allah (ﷻ) ay matutuwa sa kanya, at siya ay papasukin sa Paraiso - *Jannah* (Tahanan sa Kalangitan) na doon siya ay mabubuhay ng walang hanggan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

《**Katotohanan! Sila na sumasampalataya** (sa Islam) **at nagsisigawa ng kabutihan at magkakaroon ng halamanan sa Al-Firdaws (ang pinakamataas na Paraiso) bilang kanilang aliwan.**》 ***[Qur'an 18:107]***

Pangangalagaan at babantayan ng Allah (ﷻ) ang Islam hanggang sa maitatag ang Huling Oras. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

《**Katotohanan, Kami, (at) tanging Kami** (lamang) **ang nagpahayag ng *Dhikhir*** (ang *Qur'an* at ang Sunnah) **at katiyakan, ito ay Aming pangangalagaan (sa anumang katiwalian)**.》 ***[Qur'an 15:9]***

Sa kabila ng mga pagsisikap ng mga kalaban ng Islam sa pagsisira sa larawan, at sa maling pagparatang dito, pangangalagaan ito ng Allah (ﷻ) kagaya ng sinabi Niya(ﷻ):

﴾**Ang kasinungalingan** (kabulaanan) **ay hindi sasanib dito** (*Qur'an*), **maging sa harapan o likuran nito. Ito ay ipinadala ng Isang Tigib ng Karunungan, ng Isang Karapat-dapat sa lahat ng papuri** (ang Allah).﴿ ***[Qur'an 41:42]***

At sa katapusan, ang Batas ng Allah (ﷻ), ang Kanyang *Deen*, at ang Kanyang mga sundalo ay magtatagumpay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Katotohanan sila na sumusuway sa** (mga pag-uutos ng) **Allah at ng Kanyang Sugo** (Muhammad, ﷺ) **ay maaaba, na katulad ng mga tao ng panahong sinauna na naaba. At ipinarating Namin ang maliliwanag na Ayat** (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral atbp.)**. At ang mga hindi sumasampalataya ay magkakamit ng Kaaba-abang Kaparusahan.**﴿ ***[Qur'an 58:5]***

Sa kabila ng mga pagsisikap ng mga kalaban upang matigil ang paglaganap ng Islam, hindi sila magtatagumpay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay gumugugol ng kanilang kayamanan upang hadlangan** (ang mga tao) **sa Landas** (Relihiyon) **ng Allah, kaya't sila ay magpapatuloy sa paggugol nito; datapwat sa hulihan, ito ang magdudulot ng dalamhati sa kanila. At hindi maglalaon, sila ay mapapangibabawan. At ang mga hindi sumasampalataya ay titipunin sa Impiyerno.**﴿ ***[Qur'an 8:36]***

Ang *Shari'ah* (Batas) ng Allah (ﷻ) ay mangingibabaw. Ang Kanyang pag-uutos ay magpakailanman at ang Kanyang *Deen* ay mananatili. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Ang kanilang layunin ay apulahin ang Liwanag ng Allah** (ang pananampalatayang Islam) **sa pamamagitan ng kanilang mga bibig. Subali't gagawing ganap ng Allah** (ang mensahe) **ng Kanyang Liwanag, kahit na ang mga di-sumasampalataya ay mapoot** (dito).﴿ ***[Qur'an 61:8]***

Ang Allah (ﷻ) ay nangako na ipagkakaloob ang tagumpay dito at gagawing maliwanag. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Siya** (Allah) **ang nagpadala sa Kanyang Sugo** (Muhammad,ﷺ) **ng may Patnubay at ng Pananampalataya ng Katotohanan** (Islam), **at Kanyang gagawin ito** (Islam) **na mangibabaw sa lahat ng mga pananampalataya. At Ganap ang Kakayahan ng Allah bilang isang Saksi.**﴿ ***[Qur'an 48:28]***

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang *Deen* (Relihiyon) ay makakarating sa lahat ng lugar na nakikita ang gabi at araw. Ang Allah (ﷻ) ay hindi mag-iiwan ng bahay na gawa sa putik o (tolda) ng buhok ng kamelyo maliban na ipahintulot Niya (ng Allah) na pumasok ang *Deen* (Islam) dito, kahit na sa pamamagitan ng lakas ng may kapangyarihan o dahil sa kababaang-loob ng mapagpaumanhin. Sa pamamagitan ng lakas nagbigay ang Allah ng kapangyarihan at dangal sa Deen ng Islam, o sa pamamagitan ng kababaang-loob ay pahihiyain ang kawalang paniniwala."** **[*Ahmad, Ibn Hibbaan, Haakim*]**

Ang *Deen* (Relihiyon) ng Islam ay lumalaganap at tinatanggap ng maramihan sa mga tao, kahit na hindi ipinapalaganap sa tamang pamamaraan ng mga Muslim. Ang malaking dahilan sa likod nito ay sapagkat ang Islam ay magkaugma sa likas na kalooban ng tao, at isinasagawa ang kanyang naisin, at pinapangalagaan ang kanyang katatagan sa lahat ng aspeto; katulad ng sikolohiya, panlipunan, pang kabuhayan at pampolitika. Ang ibang dahilan ay ang lakas ng loob na iniukit ng Allah(ﷻ) sa Kanyang mga alipin na gabayan sila.

Sa kabilang dako, ang mga kalaban ay pinagsama-sama ang lahat ng kanilang kakayahan at kayamanan upang magtaguyod ng digmaan laban sa *Deen* (Relihiyon) at upang pagbawalan ang mga tao sa pagtanggap sa Islam, at upang maglagay ng balakid sa daan nito, at upang takutin ang mga tao para lumayo dito sa pagsabing ang Islam ay isang makalumang *Deen* na kumikilala at tumatanggap sa terorismo.

Ginagawa nila ito sa dahilan ang Islam ay pumipigil sa kanila na makuha ang kanilang mga hangarin, pinipigilan din ng Islam ang kanilang pagsasamantala sa mga tao, dahil ipinagbabawal ng Islam ang ano mang uri ng pang-aapi, at ipinagbabawal din ng Islam ang pang-aalipin ng mga tao. Ito ay malaking kasalanan, lalo na kung ang mga inapi ay ang mga mahihinang tao. Ipinababawal ng Islam sa mga pamayanan, mga grupo at sa mga tao ang panlalait sa iba. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**O Sangkatauhan! Nilikha Namin kayo sa isang pares ng lalaki at babae, at Aming ginawa kayong maraming bansa at mga tribu, upang makilala ninyo ang isa't isa** (at hindi iyong hamakin ang isa't isa)**. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay siya na**

**may *taqwaa*[3]** (ang pinakamabuti at pinakabanal). **At ang Allah ay tigib ng Kaalaman at Lubos na nakababatid** (sa lahat ng bagay).﴾ ***[Qur'an 49:13]***

Gagamitin ko ang Marangal na *Qur'an* sa pagsulat ng aklat na ito, dahil sinabi ng Allah (ﷻ) na ang tao ay hindi makikita ang katotohanan tungkol sa simula ng paglikha ng kanyang sarili lamang. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Sila ay hindi Ko ginawa na maging saksi sa pagkakalikha ng mga kalangitan at kalupaan, gayundin sa pagkakalikha ng kanilang sarili; at hindi ko kinuha ang mga nagliligaw sa landas** (ang mga umaakay sa iba na mapaligaw na kasama ni Satanas) **bilang Aking mga kawaksi.**﴾ ***[Qur'an 18:51]***

Ang ibang pinagkunan ko ay ang mga mapagkakatiwalaang *Sunnah*[4]. Iiwasan kong iuugnay ang mga tunay na pangyayari na sinabi sa *Qur'an* at sa mga mapagkakatiwalaang *Sunnah* ng Sugo(ﷺ) alinsunod sa makabagong siyensiya, mga teoriya at mga natutuklasan, dahil ang mga teoriya na inaangking katotohan sa ngayon subalit pasisinungalingan kinabukasan o sa susunod na araw. Maraming teoriya na inangking tama noong nakaraang panahon subalit napatotohanan na mali dahil sa pag-unlad ng makabagong siyensiya. Ang Allah (ﷻ) ay lagi ng nagsasabi ng katotohanan:

---

[3] **Taqwaa** ay siyang sanhi upang lumayo ang isang tao mula sa mga pagsasagawa ng kasalanan at gumawa ng mabubuti para sa ganap na kapakanan ng Allah (ﷻ).

[4] **Sunnah:** Ang ganap at kompletong 'Pamamaraan' sa buhay ng Propeta(ﷺ). Nagpapakilala ito na siya (ﷺ) ay gumawa ng isang bagay. Ang kahulugan dito ay ang mga tinipong pananalita, mga gawain, at mga pahiwatig na pagsang-ayon ng Propeta (ﷺ), tinatawag din *hadeeth*.

﴿**...At kayo** (O Sangkatauhan) **ay hindi binigyan ng karunungan maliban sa kakarampot lamang.**﴾ ***[Qur'an 17:85]***

**Abd Ar-Rahman B. Abd Al-Kareem Ash-Sheha**

Email: info@islamland.com

www.islamland.com

**WWW.ISLAMLAND.COM**

□□□□

## Ang Paniniwala sa Allah (ﷻ)

Ang paniniwala sa Allah (ﷻ), ang Kanyang pananatili, ang Kanyang Kaisahan ay ang batayan ng Islamikong batas. Ang paniniwala sa haliging ito ay magdudulot sa isang tao na paniwalaan ang iba pang mga haligi ng ***Eemaan*** (Pananampalataya), gaya ng ibinalita sa atin ng Propeta(ﷺ) ng siya ay tanungin ni *Jibreel*.

> **"Sabihin mo sa akin ang tungkol sa *Eemaan*," Sumagot siya: "Ang maniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Sugo, sa Huling Araw, at maniwala ka sa Tadhana, ang kabutihang dulot nito at ang masamang dulot nito..." [*Muslim*]**

## Sino ang Allah (ﷻ)?

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

> ﴾**Siya ang Una** (walang anumang bago pa sa Kanya) **at Huli, ang Nakakapangibabaw** (at walang higit na mataas pa sa Kanya), **at Siya ay higit na Malapit** (sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang Karunungan), **at Siya ang may kaalaman sa lahat ng bagay.**﴿ ***[Qur'an 57:3]***

Sinabi rin ng Allah (ﷻ):

> ﴾**Siya ang Allah, wala ng iba pang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya. Ang Lubos na nakakaalam sa lahat ng mga nakatago[5] at nakalantad, ang Mahabagin, ang Maawain. Siya ang Allah, wala ng iba**

---

[5] Ang mga hindi maaaring makita, o sa kabila ng pang-unawa ng pandama o ng pag-iisip at kaya ito ay lingid sa tao, maliban sa kanino gustong ipahayag ng Allah (ﷻ).

**pang diyos maliban sa Kanya, ang Nag-iisang Hari, ang Banal, ang Tanging Nag-iisang Ganap na malaya sa anumang kakulangan o kapintasan, ang Tagapagbigay ng Kapanatagan, ang Tagapagbantay ng Pananampalataya, ang Tagapagbantay sa lahat ng Kanyang mga nilikha. Ang Pinakamakapangyarihan, ang Tagapagpasunod** (at hindi mapaglalabanan), **ang Kataas-taasan. Luwalhati sa Kanya** (mataas Siya) **higit kaysa kaninumang iniaakibat** (o iniuugnay) **sa Kanya. Siya ang Allah, ang Tagapaglikha. ang Pinagmulan ng lahat ng bagay. Ang Tagapagbigay anyo** (hubog at hugis) **mula sa wala.** (Taglay Niya at) **Sa Kanya ang pagmamay-ari ng Naggagandahang Pangalan** (at Katangian)**. Ang lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan ay lumuluwalhati sa Kanya: At Siya ang Makapangyarihan** (at Nakapangyayari), **Ang Tigib ng Karunungan.﴿** ***[Qur'an 59:22-24]***

Sinabi rin ng Allah (ﷻ):

**﴾Ang Allah! Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, ang may Walang-Hanggang Buhay, ang Isang Tagapanustos at Nangangalaga sa lahat ng mga nilalang. Ang antok at pagkaidlip ay hindi maaaring makapanaig sa Kanya. Siya ang nag-aankin ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan. Sino kaya ang makakapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan? Talastas Niya kung ano ang nangyayari sa Kanyang mga nilikha sa mundong ito, at ang kanilang kasasapitan sa Kabilang Buhay. At sila ay hindi makakapagtamo ng anuman sa Kanyang karunungan maliban sa Kanyang naisin. Ang Kanyang Kursi** (Luklukan) **ay sumasaklaw sa mga kalangitan at kalupaan, at Siya ay hindi napapagal sa pagbabantay at pagpapanatili sa kanila. At Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila.﴿**
***[Qur'an 2:255]***

Sa Islam ang "**Allah**" ay kilala, dahil ang *Deen* (**Al-Islam)** ay nagpapaliwanag kung sino ang Allah (ﷻ), at ipinabatid sa amin ang Kanyang mga magagandang Katangian, at kung paano tayo hihiling (mula sa Kanya) at hangarin na mapalapit sa Kanya. Kabilang sa mga Katangian ng Allah(ﷻ) ay ang mga sumusunod:

1. **Na mayroong Allah** (ﷻ): Ang sandaigdigan at ang lahat ng nasasaklaw nito ay mga patunay na mayroong Allah(ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

   ﴾**Sabihin: 'Inyong pagmasdan kung ano ang nasa mga kalangitan at kalupaan.' Datapwat walang magiging katuturan ang Aayat** (mga katibayan, tanda, aral, kapahayagan, atbp.) **at mga Tagapagbabala sa mga tao na hindi sumasampalataya.**﴿ ***[Qur'an 10:101]***

2. **Ang Allah** (ﷻ) **ay Nag-iisa**; wala siyang katambal na nakikibahagi sa Kanyang mga kapamahalaan. Wala siyang asawa o di kaya'y anak at ang lahat ng Kanyang mga nilikha ay umaasa sa Kanya. Wala Siyang katambal, karibal o kapantay, ang lahat ng mga bagay ay nangangailangan sa Kanya, samantalang wala siyang pangangailangan mula sa mga nilalang Niya. Hindi siya ipinanganak, at hindi siya nagkaanak. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

   ﴾**Sabihin** (O Muhammad, ﷺ)**: 'Siya ang Allah, ang Nag-iisa. ⁕Allahu-Samad!** (Ang Walang Hanggan, ang Sakdal at Ganap, ang may Sariling Kasapatan, ang lahat ng mga nilalang ay umaasa sa Kanyang pagtataguyod). **⁕Hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak. ⁕At walang anuman ang sa Kanya ay maihahalintulad.**﴿ ***[Qur'an 112:1-4]***

3. **Ang Allah ay ang Ganap na Nakakaalam** at ang kanyang Kaalaman ay sumasaklaw sa lahat ng bagay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

 **﴾At kung anuman ang ginagawa mo, at kung anumang bahagi ng *Qur'an* ang iyong dinadalit, - at kung anuman ang ginagawa ninyo** (na mabuti at masama), **walang pagsala na Kami ang Saksi sa inyo nang ito ay inyong ginagawa. At walang anuman ang nalilingid sa inyong Panginoon kahima't ito ay kasingbigat ng atomo** (o kasingliit ng langgam) **dito sa kalupaan at kalangitan, gayundin ang anumang maliit kaysa rito o malaki kaysa rito, maliban na ito ay nasa isang maliwanag na Talaan** *(Lawh-il Mahfuz)*.﴿ ***[Qur'an 10:61]***

4. **Ang Allah (ﷻ) ay Buhay at hinding-hindi mamamatay.** Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

 **﴾Siya ang Walang Hanggang Buhay, *Laa ilaaha illa Huwa*** (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya); **kaya't manalangin kayo sa kanya at ibigay ang inyong matapat na debosyon sa Kanya lamang. Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah lamang, ang Panginoon ng *'aalameen*** (sangkatauhan, jinn at lahat ng mga nilalang).﴿ ***[Qur'an 40:65]***

5. **Ang Allah (ﷻ) ay makatarungan.** Hindi Siya (ﷻ) malupit, hindi Siya (ﷻ) nang-aapi, at ang walang katarungan ay di-dapat pangambahan mula sa Kanya (ﷻ). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

 **﴾At itatag Namin ang timbangan ng katarungan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kaya't walang sinuman ang tuturingan ng kawalang-katarungan sa lahat ng bagay. At kung mayroon mang** (gawa) **na katulad ng bigat ng isang buto ng mustasa, ito ay Aming**

**itatambad. At Kami ay Sapat na bilang Tagasulit.》** ***[Qur'an 21:47]***

6. **Ang Allah (ﷻ) ay bukod-tangi**: walang anuman na kawangis Niya, walang anuman na maaaring ihambing sa Kanya tungkol sa Kanyang mga katangian o mga gawa. Para sa Kanya ang ganap na kaganapan sa bawat bagay. Anoman ang Kanyang naisin ay matutupad at kung anoman ang hindi Niya nais ay hinding-hindi mangyayari. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

   **《Allah! *Laa ilaaha illa Huwa* - Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya! Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng Magagandang Pangalan.》** ***[Qur'an 20:8]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**《Ang Tagapaglikha ng kalangitan at kalupaan; Ginawa Niya para sa inyo ang** (inyong) **kabiyak** (asawa) **mula sa inyong sarili at gayundin ang kaparehang** (babae) **sa mga bakahan** (hayupan)**. Sa ganitong paraan ay Kanyang pinarami kayo. Walang anupamang bagay ang makakatulad sa Kanya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakakamasid.》** ***[Qur'an 42:11]***

Ang Allah (ﷻ) ay mayroong maraming mga Pangalan at mga Katangian na nagpapakita ng Kanyang kaganapan (walang kapintasan) at kadakilaan. Sinuman ang magnais na malaman ang mga ito ay maaari siyang sumangguni sa aklat na tumatalakay sa mga ito.

Nararapat na malaman na ang mga Pangalan ng Allah(ﷻ) ay walang hangganan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Walang alipin na magsasabi ng anuman** (kawalan ng pananampalataya) **sa oras ng kanyang kabalisaan at kalungkutan":**

***'Allahumma innee 'abduk, ibnu 'abdik, ibnu amatik, nasiyatee biyadik, madin fiyya hukmuk, 'adlun fiyya qada`uk, as`aluka bikull-ismin huwa lak, sammayta bihi nafsak, aw anzaltahu fee kitabik, aw 'allamtahu ahadan min khalqik aw ista´tharta bihi fee 'ilm il-ghaybi 'indak, an taj'al al-Qur`ana rabee'a qalbee, wa noora sadree, wajalaa`a huznee wa dhahaaba hammee.'***

**Ang Kahulugan**: O Allah, Ako ay alipin Mo, anak ng Iyong alipin, anak ng alipin Mong babae, ang aking hinaharap ay nasa mga Kamay Mo (ie.: Ganap ang kapanyarihan mo sa akin) ang Kautusan Mo sa akin ay magaganap kailanman, at ang iyong itinakda sa akin ay makatarungan. Humuhiling ako sa pamamagitan ng mga Pangalan na para sa Iyo na ipinangalan Mo sa Iyong Sarili, o ipinahayag Mo sa Iyong aklat, o itinuro Mo sa kanino mang mga nilikha Mo, o iningatan Mo sa kaalaman na hindi nakikita na nasa Iyo, na gawin Mo ang *Qur'an* bilang buhay ng puso ko at ilaw ng dibdib ko, at pamawi sa aking kalungkutan, at pampalaya sa aking kabalisaan…."

**"…maliban kung hahayaan ng Allah na mawala ang kanyang pighati at papalitan ito ng kasiyahan." [*Ahmed, Saheeh ibn Hibbaan*]**[6]

Ang Allah (ﷻ) ay may mga Pangalan at Katangian na hindi katulad sa kanyang mga nilikha. Ang Allah (ﷻ) ay Buhay at ang Kanyang pananatili ay hindi katulad ng Kanyang mga nilalang. Siya ay nakaririnig at nakakakita subalit walang bagay na katulad ng Kanyang mga katangian. Ang pangkalahatang panuntunan na ito ay

[6] Pinagkakatiwalaan *hadeeth (Saheeh)* ni Sheikh Al-Albaani (nawa'y kalugdan siya ng Allah,ﷻ).

sumasaklaw sa lahat ng Kanyang mga Pangalan at Katangian. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi habang inilalarawan Niya ang tungkol sa Kanyang Sarili:

**﴾...at sila ay hindi makakaabot ng anuman ng Kanyang karunungan.﴿** ***[Qur'an 20:110]***

Ang tao ay hindi mauunawaan ang Kadakilaan ng Allah(ﷻ). Ang Allah (ﷻ), ang Kataas-taasan ay nagsabi:

**﴾Siya ay hindi maaabot ng paningin** (ng tao), **datapwa't abot Niya ang lahat ng paningin. Siya ang Pinakamabanayad at Pinakamapitagan, ang Puspos ng Kaalaman sa lahat ng bagay.﴿** ***[Qur'an 6:103]***

Dahil sa ang tao ay nilikha na likas na mapag-usisa at naghahanap ng katotohanan sa ibat-ibang bagay… nagmumuni-muni tungkol sa Allah (ﷻ) at ang katotohanan na nandiyan Siya ay hindi sasalungat sa *Eemaan (Paniniwala)*; kundi, ito ay nagpapakita ng pananampalataya ng Sinuman.

Sinabi ni **Abu Hurairah** (رضي الله عنه):

**"Ilan sa mga kasamahan ng Propeta (ﷺ) ay nagtanong sa kanya: 'Kung minsan nag-iisip kami ng mga bagay na nararamdan naming hindi nararapat pag-usapan.' Siya ay sumagot: 'Naranasan naba ninyo ito?' Sumagot sila ng pasang-ayon. Sinabi niya, 'Iyan ay isang malinaw na tanda[7] ng tunay na pananampalataya'."** **[*Muslim*]**

---

[7] "Ang kahulugan ng **'malinaw na tanda ng tunay na pananampalataya'** ay ang katotohanan na ang nararamdaman nila ay tunay na nakakakilabot itong pag-usapan, at ang kanilang pananampalataya ay pumipigil sa kanila na tanggapin ang sumasagi

Ang mga bagay na ito ay nagmumula sa mga bulong ng *Shaytan* (Satanas) na nagsusumikap sa lahat ng paraan na iligaw ang mga tao mula sa *Deen* ng Allah (ﷻ), kagaya ng kanyang sumpa na gagawin niya ito. Binanggit ng Allah(ﷻ) sa *Qur'an* na si Satanas ay nagsabi:

﴾**Siya, (*Iblees*** [Satan]**) ay nagsabi: 'Nakikita ba Ninyo siya** (Adan) **na Inyong pinarangalan ng higit sa akin? Kung ako ay** (Inyong) **bibigyan ng palugit hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, katotohanang aking ililigaw ang kanyang mga anak** (mga lahi), **maliban sa ilan sa kanila!'**﴿ ***[Qur'an 17:62]***

Ang mga bulong na ito at mga udyok ay mula kay *Shaytan,* kagaya ng ipinaliwanag ng Sugo ng Allah(ﷺ). Sinabi ni **Ibn Abbaas** (رضي الله عنه):

**"May isang lalaki na lumapit sa Propeta (ﷺ) at nagsabi, 'O Sugo ng Allah (ﷺ), kung minsan ay nag-iisip ako ng mga bagay na mas nanaisin ko pa na magpatihulog mula sa kalangitan kaysa pag-usapan ang bagay na iyon. Sumagot siya, "Ang Allah ay Dakila! Ang Allah ay Dakila! Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah lamang na naggawad sa iyo ng kaalaman upang maunawaan na ang mga isiping ito ay mga patibong at masasamang bulong mula kay Shaytan."** **[*Ahmed*]**

Kung si *Shaytaan* (Satanas) ay mag-uudyok sa iyo na magtanong ng mga bagay na hindi maunawaan ng kaisipan ng tao ay gawin mo ang sinabi ng Propeta (ﷺ):

---

sa kanilang isipan at isiwalat ito. Ang sumasagi sa kanilang isipan ay hindi mula sa pananampalataya, subalit ito ay mula sa *Shaytaan.*"

**"Ang mga tao ay patuloy na magtatanong ng mga bagay hanggang sa sila ay magtanong, 'Ang Allah ang lumikha ng mga nilalang, kaya sino ang lumikha sa Allah?' Sinuman na matagpuan niya ang kanyang sarili sa kalagayang ito, ay hayaan siyang magsabi, naniniwala ako sa Allah."** **[*Muslim*]**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpaliwanag kung papaano aalisin ang mga isiping ito habang nagsasabi ng:

**"Si Satanas ay darating sa isa sa inyo at magsasabi,'Sino ang lumikha nito? Sino ang lumikha niyan? Hanggang sa sabihin niya,' Sino ang lumikha sa Manlilikha?' Sinuman ang makarating sa kalagayang ito ay magpakupkop siya sa Allah mula kay Satanas at huminto."** ***[Bukhari]***

Ang Allah (سبحانه وتعالى) ay lagi nang nagsasabi ng katotohanan, Siya(سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

**﴾At kung ang masamang bulong ay lumapit sa iyo mula kay *Shaytaan*** (Satanas)**, kayo ay humanap ng kalinga sa Allah. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.﴿** ***[Qur'an 7:200]***

## Mga Patunay sa Pananatili ng Allah (ﷻ)

Ang bawat bagay sa sandaigdigan ay isang matibay na patunay na mayroong Tagapaglikha [Allah, ﷻ] na lumikha sa mga ito. Yaong mga mayroong matitinong pag-iisip at nasa natural na kalagayan ay mauunawaan niya ito ng lubusan.

Sila na tumanggi na mayroong Diyos [Allah,ﷻ] ay nagagawa nila ito (ang pagtanggi) dahil sila ay naghahanap ng mga bagay na kanilang nakikita o nahahawakan na katibayan. Subalit sila mismo ay sumasalungat sa kanilang mga sarili, dahil sila ay naniniwala sa mga bagay na hindi nakikita sa sandaigdigan sa pagmamasid ng mga palatandaan at mga dulot ng mga ito. Halimbawa, naniniwala sa grabidad (gravity- ito ang lakas na humihila sa isang bagay pababa sa mundo) gayong hindi naman nila nakikita ito; nalalaman lamang nila ito sa pamamagitan ng dulot nito, sa kadahilanang ang mga bagay ay nahahatak pababa sa mundo. Naniniwala sila sa magnetismo, samantalang hindi naman nila ito nakikita; nalalaman lamang nila ito sa pamamagitan ng dulot nito, sa katotohanang may mga metalik na bagay (uri ng bakal na sa komposisyon niya ay nakakapaglikha ng magnetismo) na kapag nagsama ay humahatak sa bawat isa. Naniniwala sila na mayroon silang pang-unawa samantalang hindi nila nakikita ang kanilang pang-unawa! Naniniwala sila sa lahat ng mga ito (samantalang umaasa sila sa kanilang mga pandama) kahit na ang kanilang mga pandama ay maaaring magbigay sa kanila ng maling pang-unawa sa mga bagay, na kung saan ay batid na. Halimbawa na lamang, kapag ang isang patpat ay inilagay sa tubig nagmimistula siyang baluktot; kapag ang dalawang guhit na magkatabi ay nasa malayo ay nagmimistula silang magkakabit; at gayon din, ang ating mga ulo ay para bang laging nakaturo paitaas, kahit nasa hilagang dulo ng mundo tayo, o sa timog, o kaya ay sa ekwador (Equator). Ang mga

halimbawang ito ay nagpapatunay na kapag walang pang-unawa, ay maaaring mabigyan siya ng maling kaalaman kung aasa lamang siya sa kanyang mga pandama.

Kung wala tayong pag-iisip, maaaring wala tayong kaalaman. Kaya sila na naglagay ng hangganan sa paghahanap ng kaalaman sa mga bagay na nadadama lamang sa pamamagitan ng ibat-ibang pandama ay talagang nagkamali! Ito ba ay lohika o katanggap-tanggap na itakwil ang paniniwala sa Allah (ﷻ), dahil ang Allah(ﷻ) ay hindi maaaring madama ng pandama ng Sinuman man? Gayonpaman ay naniniwala sila sa lahat ng nakapalibot sa kanila sa pamamagitan ng mga dulot at palatandaan ng mga ito. Ang paghahanap ng mga bagay na nakikita o nadadama upang maging katibayan na mayroon ngang Diyos (Allah, ﷻ) ay katotohanang nakapaglayo na ng marami mula sa paniniwala sa Allah(ﷻ) dahil sa pag-iisip sa Kanyang mga palatandaan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**At si Paraon ay nagsabi: 'O Haamaan! Itindig mo sa akin ang isang matayog na palasyo, upang aking marating ang mga daan. Ang mga daan na umaabot sa kalangitan, upang makita ko ang Diyos ni Moises; datapwa't katiyakang inaakala ko na siya ay sinungaling! Kaya't sa ganito ay ginawang kalugod-lugod sa paningin ni Paraon ang kasamaan ng kanyang mga gawa, at siya ay hinadlangan sa tamang landas at ang pakana ni Paraon ay wala ng iba maliban sa pagkawasak** (sa kanya).﴾ ***[Qur'an 40:36-37]***

Ang pagtawag na ito ay hindi lamang sa isang tukoy na oras o panahon; kundi, ito ay likas na pagtawag sa mga nagtakwil at nagpasinungaling sa katotohanan dahil sa kanilang kamangmangan, gaya ng sinabi ng Allah(ﷻ):

﴿**At ang mga walang kaalaman ay nagsabi: 'Bakit kaya ang Allah ay hindi makipag-usap sa amin [nang harapan, upang ipaalam na ikaw** (Muhammad, ﷺ) **ay**

**Sugo]? O magbigay kaya ng isang Tanda** (himala na magpatotoo sa iyo?)**.' Ito rin ang sinasabi ng mga tao na una pa sa kanila, sa gayon ding salita. Ang kanilang puso ay magkahalintulad; Katotohanan, Aming ginawang maliwanag ang mga Tanda sa mga tao na matatag (na nananangan) sa kanilang Pananampalataya.﴿** ***(Qur'an 2:118]***

O kaya ito ay dahil sa pagmamataas, ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

**﴾At sila na hindi umaasa ng Pakikipagtipan sa Amin** (sila na nagtatakwil sa Araw ng Pagkabuhay at ng buhay sa Kabilang Buhay) **ay nagsasabi: 'Bakit kaya ang mga anghel ay hindi ipinanaog sa amin, o bakit kaya hindi namin namamasdan ang aming Panginoon?' Katotohanan sila ay naging mapagmataas sa kanilang sarili at naging walang galang na taglay ang malaking kapalaluan.' ⁎Sa araw na kanilang mamamalas ang mga anghel, - walang masayang balita ang ihahatid sa mga Mujrimun** (mga criminal, pagano, mapagsamba sa maraming Diyus-diyosan, mga makasalanan atbp.) **sa araw na yaon. At sila** (ang mga anghel) **ay magsasabi: 'Ang lahat ng magagandang balita ay ipinagbabawal sa inyo'.﴿** ***[Qu'ran 25:21-22]***

O Kaya ito ay dahil sa kawalan ng katarungan, katulad ng ginawa ng mga Hudyo; Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At** (alalahanin) **nang inyong sabihin: 'O Moises! Kailanman ay hindi kami maniniwala sa iyo hangga't hindi namin nakikita nang lantad ang Allah.' Datapwa't kayo ay sinakmal ng kidlat habang kayo ay nakatitig.﴿** ***[Qu'ran 2:55]***

## Ang Mga Katibayan na Mayroong Allah (ﷻ)

□ **Ang dulot ng pagkadalisay at hindi nabagong likas ng tao.** Katotohan ang isang tao na may purong kalikasan at

malinaw na pang-unawa ay malalaman niya ng may katiyakan na walang bagay na naririto ng walang sinuman na nagsanhi nito upang lumitaw, at walang anumang mangyayari na walang anumang tumpak na dahilan. Halimbawa, kapag pumasok ka sa isang silid at makakita ka ng lamesa, ang iyong kaisipan ay magpapahayag agad na ang lamesang ito ay hindi mapaparito sa pamamagitan ng sarili ninya; manapa, mayroong nagpasok nito. Ang mga *Bedouin* na naninirahan sa disyerto ay mauunawaan ito sa pamamagitan ng kanyang hindi nabagong kalagayan. Kapag siya ay tinanong kung paano niya makikilala ang kanyang *Rabb (Panginoon)*, siya ay tutugon, "ang dumi ng kamelyo ay nagpapakita na mayroong kamelyo; ang dumi ng asno ay nagpapakita na mayroong asno; ang mga bakas ay nagpapakita na mayroong dumaan sa isang daanan. Ang gabing madilim, ang maliwanag na araw, ang langit na may naglalakihang mga bituin, ang mundo na may mga bulobundukin, ang karagatan na may naglalakihang alon; ang mga ito ba ay hindi nagpapakita na mayroong Allah – Ang Nakakabatid, Ang Nakakaalam sa lahat ng bagay?"

 **Ang mga talata ng *Qur'an*.** Narito ang ilan sa mga talata na hihimok sa tao na mag-isip tungkol sa sandaigdigan na nakapalibot sa kanila at mag-iisip tungkol sa iba't-ibang nilalang na kasama nila. Ang lahat ng mga ito ay katibayan ng isang Manlilikha na nangangalaga sa kanilang mga gawain. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Sabihin: 'Inyong pagmasdan, ano baga kaya ang nasa kalangitan at kalupaan.' Datapwa't walang magiging katuturan ang *Aayaat*** (mga tanda, katibayan, taludtod, kapahayagan atbp.) **o ang mga Tagapagbabala na magbibigay ng pakinabang sa mga tao na hindi sumasampalataya.**﴿ ***[Qur'an 10:101]***

Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa na nagpapatunay na mayroong Manlilikha:

* **Ang ganap na pagkakalikha sa sandaidigan**, ang kagandahan ng mga planeta na mapayapang bumabaybay sa kani-kanilang orbita o takdang ikutan, at ang iba pang mga bagay sa kalawakan; kapag ang mga ito ay malihis kahit kaunti lamang mula sa kanilang mga ginalagawan, ito ay magdudulot ng isang pagkawasak na ang Allah(ﷻ) lamang ang nakakaalam. Mula pa nang ang mga ito ay nilikha, ay patuloy na silang kumikilos ayon sa isang tumpak na pamamaraan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Nilikha Niya ang kalangitan ng walang mga haligi na inyong namamasdan; at itinatag Niya sa kalupaan ang kabundukan na matatag na nakatayo, kung hindi, maaari itong mauga o gumiwang na kasama ninyo…**﴿ ***[Qur'an 31:10]***

Sinabi rin ng Allah (ﷻ):

﴾**Kaya't luwalhatiin ang Allah** (ng higit kaysa sa mga iniaakibat sa Kanya, O Mananampalataya), **kung kayo ay sumapit na sa dilim** (mag-alay ng mga pang-gabing dasal), **at kung kayo ay sumapit na sa umaga** (mag-alay ng pang-umagang dasal). **⁕ At sa Kanya ang lahat ng mga pagpupuri at pasasalamat sa kalangitan at sa kalupaan. At** (kapuri-puri Siya) **sa gabi at sa oras ng** (pagkaraan ng) **katanghalian tapat. ⁕ Siya ang nagdadala** (naglalabas) **sa nabubuhay mula sa patay at** (Siya) **ang nagdadala** (naglalabas) **sa patay mula sa nabubuhay, at Siya ang nagpapanumbalik** (sa pagkabuhay) **sa kalupaan mula sa kamatayan** (pagkatigang)**. At samakatuwid, sa gayunding** (paraan) **kayo ay muling ibabangon** (mula sa patay)**. ⁕ At kabilang sa Kanyang mga Tanda; na kayo ay nilikha Niya mula sa alabok; at pagkaraan, kayo ay naging mga tao na nagsisipangalat** (sa Kalupaan)**! At kabilang sa Kanyang mga tanda; na nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga kabiyak** (asawa) **mula sa inyong sarili, upang inyong madama ang katahimikan sa kanila, at inilagay Niya sa**

**inyong puso ang pag-ibig at awa sa isa't-isa. Katotohanan naririto ang mga Tanda sa mga tao na may matiim na pagmumuni-muni. * At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang pagkalikha ng kalangitan at kalupaan, at ang pagkakaiba-iba ng inyong mga wika at kulay. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may karunungan** (sa katotohanan)**. * At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang inyong pagtulog sa gabi at sa araw at ang inyong paghahanap ng Kanyang mga biyaya. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na nakikinig** (sa mga tagubilin ng Allah)**. * At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang pagpapamalas Niya sa inyo ng kidlat, ng may pagkatakot at pag-asa, at pinamamalisbis Niya ang tubig** (ulan) **mula sa alapaap at sa pamamagitan nito, ito ay nagbibigay ng buhay sa kalupaan matapos na maging tigang. Katotohanan naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa. * At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang pananatili** (ng kinalalagyan) **ng kalangitan at kalupaan sa Kanyang Pag-uutos; kaya't kung kayo ay Kanyang tawagin ng** (isang) **tawag mula sa kalupaan, kapagkaraka, kayo ay magsisibangon mula sa inyong libingan** (tungo sa pagsusulit at kabayaran)**. * At sa Kanya ang pag-aangkin sa lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. Ang lahat ay tumatalima sa Kanya. * Siya ang Tangi na nagpasimula sa paglikha, at magpapanumbalik nito** (muling paglikha matapos na ito ay maglaho)**; at ito ay lubhang magaan sa Kanya[8]. At sa Kanya ang pag-aangkin ng pinakamataas na paglalarawan** (ie. Katangian) **sa kalangitan at kalupaan. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.﴿** ***[Qur'an 30:17-27]***

---

[8] Kung tungkol sa tao, ang pag-ulit sa isang bagay ay higit na magaan kaysa sa pagsasagawa nito sa simula. Subalit ito ay parehong magaan para sa Allah (ﷻ).

Sinabi rin ng Allah (ﷻ):

﴾...(Kanyang nilikha) **ang araw, ang buwan at ang mga bituin,** (lahat sila) **ay ipinailalim sa Kanyang pag-uutos. Walang pag-aalinlangan, sa Kanya ang lahat ng nilikha at ang pag-uutos; Maluwalhati ang Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.**﴿ ***[Qur'an 7:54]***

- **Ang nakakabighaning pagkalikha sa tao** at mga magagandang hugis na kung saan sila ay nilikha, at ang kakayahan na ibinigay sa kanila ng Allah (ﷻ). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At sa kalupaan ay naririto ang mga Tanda sa mga may Pananalig na may katiyakan. * At gayundin sa inyong sarili. Hindi ba ninyo nakikita?**﴿ ***[Qur'an 51:20-21]***

- **Mula sa mga hayop** at sa mga ibang paraan na nagbibigay ng pakinabang sa mga tao mula sa mga ito, sa pamamagitan ng pagkain, sa inumin, sa kasuotan, at gamit sa paglalakbay, ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At katotohanan! Sa mga bakahan** (hayupan) **ay mayroong isang aral sa inyo. Aming biniyayaan kayo ng inumin kung ano ang nasa kanilang tiyan – mula sa pagitan ng kinaing hindi pa natunaw at dugo,** (ay may) **dalisay na gatas, na malinamnam sa mga umiinom. * At mula sa mga bunga ng palmera** (datiles) **at ubas, kayo ay nakakakuha ng matapang na inumin**[9] (ito ay bago ang pag-uutos na ipinagbabawal ng nakakalasing na inumin), **at isang mabuting panustos** (na ikabubuhay)**. Katotohanan naririto ang isang Tanda para sa mga tao na**

[9] Ang talatang ito ay naipahayag bago ang pagbabawal sa mga nakakalasing na inumin. Ito ay nagpapahiwatig sa katotohanan na maaaring mayroong parehong masama at mabuti sa isang bagay.

**may pang-unawa. ⁕ At ang iyong Panginoon ay nagbigay ng inspirasyon sa bubuyog, na nagsasabi: 'Gawin mong tahanan** [i.e. hives] **ang mga nasa kabundukan, at sa mga punungkahoy at sa anumang kanilang itinatayo. ⁕ At matapos, ay iyong kainin ang lahat ng mga bungangkahoy** (prutas)**, at sundin ang mga pamamaraan ng iyong Panginoon na ginawa Niyang magaan** (para sa iyo)**.' Sa kalaunan, ay may lalabas sa kanilang tiyan** (puson)**, na isang inumin na may iba't ibang kulay** (pulot-pukyutan)**, na naroroon ang panglunas** (sa karamdaman) **ng mga tao. Katotohanan, naririto ang isang Tanda sa mga tao na may pag-iisip.》**
***[Qur'an 16:66-69]***

- **Ang mga halaman, mga puno, at mga pananim** sa kanilang iba't ibang hugis at kulay na kung saan ang tao ay nakikinabang sa pamamagitan ng pagkain, inumin, tirahan, at gamot.

Sinabi ng Allah (ﷻ):

**《At Siya ang naglatag ng sangkalupaan at naglagay dito nang matatag na mga bundok, at mga ilog; at sa lahat ng uri ng bungangkahoy Siya ay lumikha ng *Zawjain Ithnain*** (lalaki at babae)**. Nilikha Niya ang gabi upang pangkanlong sa araw** (maghapon)**. Katotohanan, sa ganitong mga bagay ay may *Ayat*** (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan atbp.) **sa mga tao na nagmumuni-muni. ⁕ At sa kalupaan ay may magkakadatig na kama** (ng lupa)**, at halamanan ng ubasan, at** (mga bukirin) **ng iba't ibang pananim, at mga palmera, na sumisibol sa dalawa o tatlo mula sa isang punong-ugat o isang sibol na iisang ugat[10], na dinidiligan ng magkatulad** (o perehong) **tubig, magkagayunman,**

[10] i.e., isa lang mula sa ugat.

**ang iba sa kanila ay ginawa Namin na higit na mainam** (na kainin) **kaysa sa iba. Katotohanan, sa ganitong mga bagay ay may *Ayat*** (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan atbp.) **sa mga tao na nakakaunawa.**﴿ ***[Qur'an 13:3-4]***

- **Ang mga iba't ibang nilalang na lumalakad sa mundo** sa kanilang kakaibang hugis, korte, porma at natatanging mga katangian, ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Ang Allah ang lumikha ng lahat** (ng nabubuhay o gumagalaw) **na nilikha mula sa tubig. At mula sa kanila ay may iba na gumagapang sa pamamagitan ng kanilang tiyan, at mula sa kanila ay may iba na lumalakad sa dalawang paa, at mula sa kanila ay may iba na lumalakad sa apat** (na paa). **Ang Allah ay lumilikha ng anumang Kanyang naisin. Katotohanan! Ang Allah ay makagagawa ng lahat ng bagay.**﴿ ***[Qur'an 24:45]***

- **Ang kamangha-manghang kaayusan at ugnayang** namamagitan sa lahat ng mga nilalang. Ang ugnayang ito at masalimuot na pagtimbang ay nagbibigay ng katiyakan na ang buhay ng mga nilalang ay magpapatuloy. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Nilikha Niya ang kalangitan na walang mga haligi na inyong namamasdan; itinatag Niya sa kalupaan ang kabundukan na matatag na nakatayo, kung hindi, maaari itong mawalan ng balance at mauga o gumiwang na kasama ninyo, at Kanyang ikinalat dito ang lahat ng uri ng nilikha** (hayop). **At Kami ang nagpamalisbis ng ulan mula sa alapaap at nagpatubo sa kalupaan ng lahat ng uri** (ng halaman) **sa bawat pares.** *

**Ito ang paglikha ng Allah. Kaya't ipamalas ninyo sa Akin kung anong bagay ang nilikha nila** (mga diyus-diyosan na inyong sinasamba). **Datapwat ang Zalimun** (mga makasalanan, mapaglabag sa utos at walang pananalig

sa Kaisahan ng Allah, ﷻ) **ay nasa hayag na kamalian.﴾** ***[Qur'an 31:10-11]***

- **Ang kabighabighaning pamamaraan ng pagbibigay** ay naibabahagi sa lahat ng mga nilalang. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿At walang** (gumagalaw) **na nilikha ang naririto sa kalupaan na ang ikinabubuhay ay hindi nanggaling sa Allah. At nababatid Niya ang kanilang pinananahanan at kanilang kasasadlakan[11]. Ang lahat ay nasa maliwanag na Aklat[12].﴾** ***[Qur'an 11:6]***

Sinabi rin ng Allah (ﷻ):

**﴿At gaano karami sa mga nilikha na hindi nagdadala ng kanyang** (sariling) **ikinabubuhay? Ang Allah ang nagkakaloob nito sa kanila at sa inyo, at Siya ang Lubos na Nakakarinig at Ganap na Maalam.﴾** ***[Qur'an 29:60]***

Ang Allah, ang Kataas-taasan, ay nagbalita sa atin na ang lahat ng nilalang sa sandaigdigan ay nilikha na magkaparis; (halimbawa) ang langit at ang lupa, ang gabi at ang araw, ang kamatayan at buhay, ang kaligayahan at kalungkutan, ang araw at ang buwan, ang gumagalaw at nakahinto, ang mainit at ang malamig, ang mabuti at ang masama, ang di-paniniwala at paniniwala. Mayroon nito sa mundo sa mga hayop at sa mga halaman; at sa mga bagay na tayo ay may kaalaman at wala. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

[11] Bago ipanganak (sa sinapupunan) at pagkatapos ng kamatayan (sa libingan).

[12] *Al-Lawh-ul-Mahfoodh*, ang Pinangangalagaang Tableta (Preserved Tablet) kung saan ang lahat ng bagay ay nakasulat na dito 50,000 taon bago ang paglikha hanggang sa Araw ng Pagbabangon.

**﴾At sa bawat bagay ay lumikha kami ng pares, upang inyong magunita** (ang Biyaya ng Allah, ﷻ)**.﴿** ***[Qur'an 51:49]***

Sa pamamagitan ng pagmumuni-muni sa mga nilalang na ito ay makakapagdagdag at makakapagpalalim ng paniniwala sa Allah (ﷻ), at ito ang katangian ng pang-unawa ng mga taong nakakaintindi. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Hindi mo ba namamasdan na ang Allah ang nagpapamalisbis ng tubig** (ulan) **mula sa alapaap? At sa pamamagitan nito ay inilabas Namin ang iba't ibang uri ng bunga ng punongkahoy** (prutas) **na sari-sari ang kulay. At sa kabundukan ay mayroong mga malawak na sukat, puti at pula na magkakaibang klase ang kulay, at** (ang iba) **ay lubhang maitim. At sa mga tao, sa mga nilikhang may buhay na gumagalaw, at sa mga bakahan ay mayroong iba't-ibang kulay na magkakahawig. Ang tunay na nangangamba sa Allah sa Kanyang mga alipin ay yaong may karunungan. Katotohanang ang Allah ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamapagpatawad.﴿** ***[Qur'an 35:27-28]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagbanggit sa atin ng tungkol sa ilan sa mga nilalang sa sandaigdigan, habang ang iba naman ay wala Siyang binanggit. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Luwalhatiin ang Allah na lumikha sa lahat ng bagay na magkapares, na tumutubo sa kalupaan, at gayundin mula sa kanilang sarili** (lalaki at babae)**, at mula sa iba pang bagay na wala silang kaalaman.﴿** ***[Qur'an 36:36]***

Walang pag-aalinlangang mayroong lakas na nagdala sa mundong ito at nangangalaga nito. Ang lakas na ito ay maaaring isa lamang sa mga sumusunod:

1) Na ang mundo ay lumitaw na lamang sa pamamagitan ng kanyang sarili. Ito ay walang katotohanan at

kasinungalingan, dahil ang bawat bagay na naririto ay nararapat lang na may nagpalitaw.

2) Na ang sandaigdigan ay lumitaw sa pamamagitan ng isang bagay; maging ito man ay mula sa sandaigdigan o hindi (gaya ng ebolusyon). Ang usaping ito ay walang lohika, at ang pang-unawang malinaw ay hindi ito matatanggap dahil ang isang bagay ay hindi makakalikha ng isang bagay na kagaya niya.

3) Na ang sandaigdigan ay nilikha ng isang lakas na nagmula sa labas, malayo, at kaiba sa kanya; Ang Allah, ang Manlilikha, ang Siyang lumikha ng sandaigdigang ito. Ito ang pinaniniwalaan ng mga Muslim. Samantalang ang mga ateista, ay lumalangoy sa pag-aalinlangan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿Sila baga'y nilikha mula sa wala? O sila baga ang mga manlilikha? * O sila baga ang lumikha ng kalangitan at kalupaan? Tunay, wala silang ganap na paniniwala.﴾** ***[Qur'an 52:35-36]***

 **Mula sa likas na kalagayan ng tao,** ang tao ay nakakaramdam at tumatanggap sa pagkakaroon ng Manlilikha na lumikha sa kanila at gayon na rin ang sandaigdigan na kung saan sila ay nabubuhay. Ito ang tinatawag na mga pantas ng agham na may "Likas na kaalaman sa Relihiyon". Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴿Kaya't ituon mo** (O Muhammad, ﷺ) **ang iyong mukha** (ang iyong sarili) **tungo sa pananampalataya, na nahihilig sa katotohanan.** (Kumapit at manatili ka) **sa *fitrah*[13] ng**

[13] **Fitrah:** Ang likas na damdamin ng paniniwala ng tao na sumamba sa kanyang Tagapaglikha bago mamantsahan sa mga ibang pagkakataon mula sa panglabas na kadahilanan. Kaya't ang Islamikong monoteismo ay inilarawan bilang relihiyon ng *fithrah* – na siyang likas na pagkatao ng sangkatauhan.

**Allah, na sa gayunding kalagayan ay kanyang nilikha ang lahat ng mga tao. Walang anumang pagbabago ang marapat** (na mangyari) **sa mga nilikha ng Allah**[14]**. Ito ang tuwid na pananampalataya, datapwa't ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman.﴾** ***[Qur'an 30:30]***

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang bawat bata ay isinilang sa ilalim ng Fitrah** [Likas na kalagayan]; **Subalit ang kanilang mga magulang ay ginawa silang mga Hudyo o kristiyano. Katulad ng nakikita mo sa mga hayop; Nakikita mo ba sila na putol ang ibang bahagi pagkapanganak bago mo sila pagputol-putulin? Sila ay nagsabi, "O Sugo ng Allah, nakikita mo ba ang mga namamatay habang mga bata pa sila?" Siya ay nagsabi, "Ang Allah ang higit na nakakaalam kung ano ang maaaring nagawa nila."** **[*Bukhari*]**

Kung ang likas na kalagayan ng tao ay malihis, siya ay hahanap pa rin ng lakas na mangangasiwa sa kanyang mga gawain, at sa Kanya ay maaari siyang bumalik sa oras ng pangangailangan, kagaya ng mga kalagayan ng mga naunang mga nasyon; sila ay kukuha ng mga diyus-diyosan upang sambahin. Sila ay sasamba sa araw, buwan, mga bituin. Ito ay payak na kalikasan sa mga tao; kahit na ang iba sa kanila ay pinasisinungalingan ito dahil sa kanilang pagmamataas, at ang iba naman ay pinaniniwalaan nila ito. Ang likas na kaugaliang ito ay lumilitaw kapag ang isang tao ay nasa alanganing kalagayan... kapag siya ay may sakit, o nagapi ng demonyo, siya ay kusang mananawagan at magsasabi: "O Allah! o kaya ay titingin siya sa kalangitan, bilang pagtanggap na mayroong

[14] i.e., hayaan ang mga tao na maging tapat sa kanilang *fitrah* sa loob ng relihiyon ng Islam.

dakilang lakas, na makakapaglutas sa kanyang mga suliranin. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At kung ang kasiphayuan ay dumatal sa tao, siya ay naninikluhod sa Amin, na nakahimlay sa kanyang tagiliran, o nakaupo o nakatayo; datapwat kapag napawi na Namin sa kanya ang kasiphayuan, siya ay nagpapatuloy sa** (kanyang pagsuway) **na wari bang Kami ay hindi niya pinanikluhuran upang pawiin ang kasahulan na sumaling sa kanya.**﴿ ***[Qur'an 10:12]***

□ **Ang hamon ng *Qur'an*:** Ang *Qur'an* ay humahamon sa buong nilalang na lumikha ng anumang bagay na may kaluluwa, gawin man nila ng sama-sama o mag-isa. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**O sangkatauhan! Isang halimbawang paghahambing ang iniharap, kaya't makinig dito. Katotohanan, Yaong mga tinatawagan** (dinadalanginan) **ninyo maliban sa Allah ay hindi makakalikha** (kahit na) **ng isang langaw, kahit na sila ay magsama-sama sa layuning ito. At kung ang langaw ay umagaw ng isang bagay sa kanila, sila ay walang kakayahang makuha ulit ito mula sa langaw. Kaya't** (kapwa) **mahina ang naghahanap at ang hinahanap[15].**﴿ ***[Qur'an 22:73]***

Ito ay dahil sa ang kaluluwa ay mula sa kapakanan ng Allah(ﷻ). Walang nakakaalam sa katotohanan nito maliban ang Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At sila ay nagtatanong sa iyo** (O Muhammad, ﷺ) **tungkol sa Ruh** (kaluluwa)**; Iyong sabihin, 'Ang kaalaman tungkol sa Ruh** (kaluluwa) **ay nasa aking Panginoon. At kayo** (O sangkatauhan) **ay hindi binigyan ng karunungan maliban sa kakarampot lamang.'**﴿ ***[Qur'an 17:85]***

---

[15] Ang paghahambing ay ginawa dito sa taong sumasamba sa isang diyus-diyosan at sa kanyang sinasamba (ay kapwa mahina).

Ang nilalang ay hindi makakalikha ng anumang bagay na may kaluluwa. Sa *Hadeeth Qudsi*, ang Propeta (ﷺ) ay nagsalaysay na ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**"At sino pa ang mas walang katarungan sa siya na sumusubok lumikha ng kagaya ng Aking nilikha. Hayaan silang lumikha ng pinakamaliit na langgam, hayaan silang lumikha ng buto, hayaan silang lumikha ng hibla ng barley o sebada."** **[*Bukhari*]**

 **Ang walang kakayahan ng tao na gawin ang anumang naisin nila sa sandaigdigan.** Ito ay isa pang patunay na mayroong Manlilikha [Allah] na lumikha at patuloy na nangangalaga sa mga nito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Mayroon ka na bang nakita** (O Muhammad, ﷺ) **na nakikipagtalo kay Abraham tungkol sa** (Kaisahan) **ng kanyang Panginoon** (Allah), **sapagkat ang Allah ay nagkaloob sa kanya ng kaharian? Nang sabihin ni Abraham na, 'Ang Panginoon ko ay Siyang nagkakaloob ng buhay at naggagawad ng kamatayan.' At sinabi niya** (ang nakikipagtalo), **'Ako** (rin) **ay nagkakaloob ng buhay at naggagawad ng kamatayan**[16]**.' Si Abraham ay nagsabi, 'Katotohanan! Ang Allah ang nagpapasikat ng araw mula sa silangan; ikaw baga ang nakakapangyayari na mapasikat ito mula sa kanluran?' Kaya't siya** (na nakikipagtalo) **na walang pananampalataya ay napatigagal** (natigilan). **At ang Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na mapaggawa ng kamalian**﴿ ***[Qur'an 2:258]***

---

[16] Si **Qataadah** at ang iba ay nag-ulat; "Na may dalawang tao na dinala sa akin na nararapat magdusa ng kamatayan. Kaya't ipinag-utos ko na ang isa sa kanila ay patayin at ang isa ay pinatawad ko.. at hindi siya namatay." ***(ibn Katheer).***

□ **Isa pang Patunay ng Kanyang (ﷻ) Pananatili ay ang hamon Niya** sa lahat ng sangkatauhan na magdala ng anumang katulad ng banal na *Qur'an*, ang kahuli-hulihang aklat na ipinahayag sa sangkatauhan. Ang hamon na ito ay mananatiling hindi matutugunan hanggang sa Araw ng Pagbabayad. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Sabihin: 'Kung ang sangkatauhan at mga Jinn ay magsama-sama upang makagawa ng katulad nitong *Qur'an*, katiyakan, sila ay hindi makagagawa ng katulad nito, kahit na sila ay magtulungan sa bawat isa.'**﴿ ***[Qur'an 17:88]***

Sinuman ang mag-aalinlangan sa katotohanan na mayroong Allah (ﷻ) o kaya ay sa pagkapropeta ni Muhammad(ﷺ) ay hayaan siyang magdala ng kagaya ng *Qur'an*. Ang mga Arabo, na kung saan sila yaong mga pinakamahusay sa panahon na iyon, ay nagsumikap na gumawa ng kagaya ng *Qur'an* subalit hindi nila nagawa; kahimat ito ay ipinahayag sa kanilang wika (arabik). Kayat pinadali ng Allah (ﷻ) ang hamon sa pagsabing:

﴾**O di kaya sila ay magsasabi, 'Siya** (Propeta Muhammad,ﷺ) **ay nag-imbento nito** (*Qur'an*)'**. Magkagayon magdala kayo ng sampung *Suwar*** (mga kabanata) **na katulad nito sa mga naimbento, at tawagin ninyo kung sinuman ang ibig ninyo, maliban pa sa Allah** (upang tumulong sa inyo), **kung kayo ay nangungusap ng katotohanan!'**﴿ ***[Qur'an 11:13]***

Lalong pinadali ng Allah (ﷻ) at sinabi:

﴾**At kung kayo ay nag-aalinlangan tungkol sa Aming ipinahayag** (ang *Qur'an*) **sa Aming alipin** (na si Propeta Muhammad,ﷺ)**, kung gayon, kayo ay gumawa ng isang *Surah*** (kabanata) **na katulad nito at tawagin ninyo ang inyong mga saksi** (mga tagapagtaguyod) **tangi pa sa Allah kung kayo ay makatotohanan.**﴿ ***[Qur'an 2:23]***

Ang *Qur'an* ay ang ipinahayag na Salita ng Allah (﷾), at ito ay hindi mapapasinungalingan. Ang Allah(﷾) ay nagsabi:

﴾**At hindi** (maaaring) **maipahayag ng iba ang *Qur'an* maliban sa Allah, bagkus ito ang nagpapatunay ng kapahayagan** (rebelasyon) **na dumating noong pang una at isang ganap na paliwanag sa** (mga naunang) **Kapahayagan**[17]**, dito ay walang alinlangan mula sa *Rabb*** (Panginoon) **ng lahat ng mga nilalang.**﴿ ***[Qur'an 10:37]***

Kung ito ay gawa-gawa (salamangka) lamang ng tao, siguradong sila ay makakakita ng maraming salungatan. Ang Allah (﷾) ay nagsabi:

﴾**Hindi ba nila isinasaalang-alang ang *Qur'an*? Kung ito ay nagmula** (sa iba) **maliban pa sa Allah,** (katotohanan)**, sila ay makakatagpo rito ng maraming pagkakasalungatan.**﴿ ***[Qur'an 4:82]***

Ang batayan ng ating usapan tungkol sa simula ng paglikha at ang katapusan nito ay ang pagsabi ng Allah(﷾):

﴾**Ang Allah ang Manlilikha ng lahat ng bagay, at Siya ang Tagapagpatupad ng mga pangyayari sa lahat ng bagay. * Sa Kanya ang pagmamay-ari ng mga susi ng kalangitan at kalupaan...**﴿ ***[Qur'an 39:62-63]***

□□□□

[17]Ang pangungusap na ito ay tumutukoy sa Qur'an (na may ganap na paliwanag sa mga naunang Kapahayagan).

## Ang Unang Pagkakalikha ng Nakikitang Mundo

Dahil sa ang kaalaman at pang-unawa ng tao ay hanggang sa mga bagay na nakikita lamang o nasasaksihang mundo na kung saan siya ay nabubuhay ay hindi kinakailangan pa para sa kanya na maunawaan ang mundong hindi nakikita; maliban na lamang sa mga bagay na magtuturo sa kanya upang malaman ang Kadakilaan ng kanyang Tagapaglikha, at ang ilapit siya sa Kanyang kalugdan at ang *Jannah*. Sa dahilang ito, ang Allah, ang Kataas-taasan, ay patuloy na nagpadala ng mga sugo sa sangkatauhan at binigyan Niya sila ng kaalaman tungkol sa mundo at sa mga bagay na hindi nakikita upang ang tao ay maging mabuti. Kung ang pang-unawa ng tao ay hindi maunawaan kung ano ang nangyayari sa isang lugar na hiwalay sa kanya sa pamamagitan ng pader, magkagayon tama na hindi nito mauunawaan ang mundong hindi nakikita. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Siya** (Allah) **na lumikha ng pitong kalangitan na magkakapatong[18] sa isa't isa. Ikaw ay walang makikita na kamalian sa mga Likha ng Pinakamahabagin. Kaya't muli mong ibaling ang iyong paningin** (sa kalangitan)**; 'Ikaw ba ay nakamamalas ng anumang di pagkakaayon** (siwang o lamat)**?' * Kaya't muli mong malasin at muli mo**

---

[18] i.e., magkakapatong na akma sa isa't isa.

**pang malasin[19], ang iyong paningin ay magbabalik sa iyo sa kalagayan ng pangayupapa at napapagal.﴿** ***[Qur'an 67:3-4]***

## Ang Paglikha ng mga Langit at Lupa at kung Ano ang Nasa pagitan

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Siya** (Allah) **ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan sa katotohanan; At sa araw na iyon nang Siya ay magwika: "Mangyari nga, at ito ay magaganap." Ang Kanyang Salita ay Katotohanan[20]. Ang Kanyang naisin ang makapangyayari sa Araw na ang Tambuli ay hihipan. Siya ang Ganap na Nakakaalam sa lahat ng mga nakalingid at nakalantad[21], at Siya ang Tigib ng Karunungan, ang Pinakamaalam sa lahat ng bagay.**﴿ ***[Qur'an 6:73]***

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa sa mga ilang nilikha na makikita sa mga kalangitan at sa kalupaan; Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

---

[19] i.e., ilang ulit na tiningnan.

[20] Kung ipakahulugan ang 'Araw' (ng Muling Pagkabuhay) dapat ang pangungusap ay: "At sa Araw sinabi Niya, 'Mangyari nga' at ito ay magaganap, ang Kanyang Salita ay Katotohanan.'

[21] Kung ano ang nakikita, nakalantad at batid ng tao. Ang karunungan ng Allah (ﷻ) ay saklaw ang katotohanan ng lahat ng bagay at ang lahat ng mga panyayari, kahit papaano ang anyo na nakikita para sa mga tao.

**﴿At ginawa Namin ang kalangitan na isang bubungan, na ligtas at ganap na nababantayan. Datapwat sila ay tumatalikod sa mga Tanda** (sa kalangitan) **nito. * At Siya ang lumikha ng gabi at ng maghapon, at ng araw at ng buwan, ang bawa't isa** (sa kalangitan) **ay lumulutang sa orbita** (sa pag-inog)**.﴾** ***[Qur'an 21:32-33]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴿Ano? Kayo baga ay higit na mahirap likhain kaysa sa kalangitan na Kanyang itinatag? * Kanyang itinaas ang kulandong nito at Kanyang ginawang maayos at ganap. * At ang gabi nito ay nilukuban Niya ng kadiliman, at ang umaga nito ay ginawaran Niya ng liwanag.**[22] *** At matapos nito ay inilatag Niya ang kalupaan. * At nagpalabas Siya mula rito ng tubig at pastulan. * At ang kabundukan ay itinindig Niya ng matatag. * Bilang kapakinabangan** (i.e.: panustos) **sa inyo at sa inyong bakahan** (hayupan)**.﴾** **[Qur'an 79:27-33]**

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴿At ipinadala Namin ang pampatabang hangin**[23]**, at ibinuhos ang ulan mula sa alapaap, at nagbigay ng inumin mula dito, at hindi kayo ang nagmamay-ari ng kanilang pinagkukunan** (na magbigay ng tubig sa sinumang inyong naisin o ipagkait ito sa kaninumang inyong naisin)**.﴾** ***[Qur'an 15:22]***

---

[22] i.e., nilikha ang araw mula sa kaibuturan ng nakapaligid na kadiliman.

[23] Ang mga hangin ay ang sanhi ng nagmamadaling pag-ulan mula sa mga ulap at nagdadala ng mga pulbos (pollen) na bulaklak na siyang sanhi sa pagbinhi ng ibang mga bulaklak.

Mayroong iba't-ibang uri ng mga hangin, ang iba ay bilang habag mula sa Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At Siya ang nagpadala ng hangin bilang pagpapahayag ng mabuting balita ng Kanyang habag** (i.e.: pagpatak ng ulan dahil sa hangin), **hanggang ito ay makapagdala nang mabigat na ulap, Aming ipinadpad ito sa isang tigang na lupa, at Aming pinapangyari na ang ulan ay mamalisbis dito at nagpasibol** (sa kalupaan) **ng lahat ng uri ng bungang kahoy. Sa gayon ding paraan ay ibabangon ang mga patay, upang kayo ay mabigyan ng aral at paala-ala.**﴿ ***[Qur'an 7:57]***

Bagama't sa iba ay mga kaparusahan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**O kayo ba ay nakadarama ng kapanatagan, na kayo ay hindi Niya muling ibabalik dito** (ie.: sa dagat) **sa pangalawang pagkakataon, at magpaparating laban sa inyo ng isang ipu-ipo at lulunurin kayo dahilan sa inyong kawalan ng pananalig. Magkagayon, kayo ay hindi makatatagpo ng sinumang gaganti para sa inyo laban sa Amin** (o sinuman ang hihingi ng pagbabayad-pinsala).﴿ ***[Qur'an 17:69]***

At sinabi rin ng Allah (ﷻ):

﴾**...at humaplit ang isang ipu-ipo na may apoy** (sa halamanan), **at ito ay nasilaban...**﴿ ***[Qur'an 2:266]***

Sinabi rin ng Allah (ﷻ):

﴾**Kaya't Aming ipinadala laban sa kanila ang umuugong na hangin sa araw ng masamang pangitain** (para sa kanila)**...**﴿ ***[Qur'an 41:16]***

Nilikha ng Allah (ﷻ) ang pitong kalangitan at ang pitong kalupaan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Ang Allah ang lumikha ng pitong kalangitan at ng kalupaan, sa gayong ding bilang** (pito). **Ang Kanyang**

**pag-uutos ay bumababa sa pagitan nila** (ng langit at lupa), **upang inyong malaman na ang Allah ang may Kapangyarihan sa lahat ng bagay at napapalibutan ng Allah ang lahat ng bagay sa Kanyang Karunungan.》** ***[Qur'an 65:12]***

Sa pasimula ng paglikha, ang mga kalangitan at ang kalupaan ay magkasama't magkadugtong. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**《Hindi baga napagmalas ng mga hindi sumasampalataya na ang kalangitan at kalupaan ay magkadikit noon bilang magkabuklod na piraso, at saka Namin pinaghiwalay yaon? At nilikha Namin mula sa tubig ang lahat ng nabubuhay na bagay. Hindi baga sila mananampalataya?》** ***[Qur'an 21:30]***

Ipinabatid sa atin ng Allah (ﷻ) nang likhain niya ang mga kalangitan, ang kalupaan at ang lahat ng nasa pagitan nito. Sinabi Niya (ﷻ):

**《Sabihin, 'Tunay bang hindi kayo sumasampalataya sa Kanya na lumikha ng kalupaan sa dalawang araw? At kayo ay nag-aakibat ng mga kapantay** (sa pagsamba) **sa Kanya? Siya ang *Rabb*** (Panginoon) **ng lahat ng mga nilalang. Inilagay niya** (sa kalupaan) **ang mga bundok na nakatindig nang matatag sa ibabaw nito, at nagkaloob Siya ng mga biyaya sa kalupaan, at tiniyak** (Niya) **ang laang ikabubuhay** (ng mga nilalang) **sa apat na Araw nang walang pagtatangi-tangi**[24]**, para sa** (kaalaman ng) **mga nagtatanong** (tungkol sa pagkalikha nito). **At pagkaraan, Siya ay nag-*Istawa*** (pumaibabaw) **sa kalangitan** (sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan) **nang ito ay isa pang usok at Siya ay nagwika rito at sa kalupaan: 'Magsiparito kayo kapwa sa Akin maging sa nais ninyo o sa ayaw ninyo.' Sila ay**

[24] Siya rin "apat na araw na magkakatulad" o "natapos sa apat na araw".

**nagsabi: 'Kami ay pumaparito sa aming kagustuhan'. At naganap Niyang malikha ang mga ito bilang pitong kalangitan sa dalawang araw at itinakda sa bawat kalangitan ang kanilang tungkulin at kautusan. At Aming pinalamutihan ang pinakamababang kalangitan ng mga ilaw** (bituin) **at ginawaran ito ng tagapagbantay**[25] (laban sa mga demonyo)**. Ito ang pagpapasiya** (Niya), **ang Sukdol ng Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.﴿**
***[Qur'an 41:9-12]***

[25] Ang pangangalaga mula sa mga demonyo na may balak magnakaw ng mga kaalaman mula sa mga anghel.

# Ang Paglikha sa mga Anghel

Nilikha ng Allah (ﷻ) ang mga Anghel mula sa liwanag. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang mga anghel ay nilikha mula sa liwanag, ang mga *Jinn* ay nilikha mula sa apoy na walang usok, at si Adan ay nilikha mula sa malagkit na lupa."** **[*Muslim*]**

Nilikha sila ng Allah (ﷻ) upang magsagawa ng mga katiyakan gawain; na ito ay kanilang isinagawa. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾(Ang mga Anghel ay nagsabi), **'Walang sinuman sa amin ang hindi nakakaalam sa aming itinakdang tungkulin. At katotohanan, kaming** (mga anghel) **ay nakatindig na magkakahanay sa pagdarasal. At katotohanan, kaming** (mga anghel) **ay sumasambit ng kaluwalhatian ng Allah.'**﴿ ***[Qur'an 37:164-166]***

Ipinabatid ng Allah (ﷻ) sa atin ang ibang mga pangalan nila, katulad nina, *Jibreel*(عليه السلام) (Gabriel), *Mikaa`eel*(عليه السلام) (Michael), at *Israafeel*(عليه السلام) (Rafael). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Sinuman ang maging kaaway ng Allah, ng Kanyang mga anghel at ng Kanyang mga Tagapagbalita (Sugo) at si Gabriel at si Mikael, kung gayon, katotohanang ang Allah ay kaaway ng mga hindi sumasampalataya.**﴿ ***[Qur'an 2:98]***

Si *Jibreel* (عليه السلام) ay ang anghel na ipinanahog na may dalang kapahayagan para sa mga Sugo, na silang nagpahayag sa kanilang mga nasyon o bansa. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Ang mapagkakatiwalaang Espiritu** (si Arkanghel Gabriel) **ay ipinanaog; ⁕ Sa iyong puso (**O Muhammad, ﷺ)**, upang**

**ikaw ay maging isa sa mga tagapagbabala.》** ***[Qur'an 26:193- 194]***

Si *Meekaa`eel* (ﷺ) ay itinalaga sa gawaing pamumudmod ng ulan sa mga halamanan at gulayan. Si *Israafeel* ay itinalaga sa gawaing pag-ihip ng tambuli. Sa unang pag-ihip niya ang lahat ay magigimbal sa takot. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

《**At** (alalahanin) **ang Araw na ang tambuli ay hihipan, at ang lahat ng mga nasa kalangitan at lahat ng mga nasa kalupaan ay magigimbal, maliban sa kanya na maibigan ng Allah…**》 ***[Qur'an 27:87]***

Pagkatapos, ihihipan niya ang tambuli ng dalawang beses sa Araw ng Pagbabayad; sa pangalawang pag-ihip ang lahat ay mamamatay, at ang ikatlong pag-ihip ang lahat ay magpapanag-uli at muling bubuhayin. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

《**At ang tambuli ay hihipan, at ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay mamatay, maliban sa kanya na maibigan ng Allah. At matapos, ito ay hihipan sa pangalawang pagkakataon, at pagmasdan, sila ay magsisitindig at magsisitanaw.**》 ***[Qur'an 39:68]***

Isa sa mga anghel ay ang Anghel ng Kamatayan at ang kanyang mga katulong. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

《**At Siya ay hindi Mapapasubalian, na Nakakapangyari sa Kanyang mga alipin, at Siya ay nagsusugo ng mga tagapangalaga – mga anghel** (para sa inyo), **hanggang ang kamatayan ay dumatal sa isa sa inyo, ang Aming Sugo** (ang anghel ng kamatayan) **at ang kanyang mga kawaksi ay kukuha ng kanyang kaluluwa, at sila ay hindi nakakalimot** (sa kanilang tungkulin). * **At pagkaraan, sila ay ibabalik sa Allah, ang kanilang Tunay na Panginoon. Katotohanang nasa Kanya ang pagpapasiya at Siya ay Maagap sa Pagsusulit.**》 ***[Qur'an 6:61-62]***

Ang ilan sa kanila ay ang mga nagdadala sa Trono ng Allah(ﷻ) at pati na ang mga malalapit sa Kanya(ﷻ). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Ang Mesiyas ay hindi magwawalang-bahala na maging tagapaglingkod ng Allah, gayundin ang mga anghel na pinakamalalapit sa Kanya. At sinumang magtakwil ng pagsamba sa Kanya at maging palalo, sila ay Kanyang titipuning lahat nang sama-sama sa Kanya** (upang magsulit).﴿ ***[Qur'an 4:172]***

Ang mga iba ay naitalaga sa mga gawain sa *Jannah*, at ang iba naman ay itinalaga sa mga gawain sa Impiyerno. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**O kayong nagsisisampalataya! Kalingain ninyo ang inyong sarili at inyong mga kaanak sa Apoy** (ng Impiyerno) **na ang panggatong ay mga tao at bato, na rito** (ay nakatalaga) **ang mga anghel, na malupit at mahigpit, na hindi sumusuway sa pagsunod sa anumang pag-uutos na kanilang tinatanggap mula sa Allah, bagkus ay gumagawa ng ayon sa anumang sa kanila ay ipinag-uutos.**﴿ ***[Qur'an 66:6]***

Ang mga iba sa kanila ay napag-utusan na pangalagaan ang mga tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Sa bawat isang** (tao) **ay may mga anghel na magkasunod, sa kanyang harapan at sa kanyang likuran. Sila ay nagbabantay sa kanya sa pag-uutos ng Allah...**﴿ ***[Qur'an 13:11]***

Ang iba sa kanila ay tagapagtala sa mga ginagawa ng mga tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At katotohanan na may** (naitalaga) **na nagbabantay sa inyo** (mga anghel na nag-iingat ng mga gawa ng mga

tao), ∗ **Mararangal na nagtatala.** ∗ **Nakababatid ng** (lahat) **ng inyong ginawa.﴿** ***[Qur'an 82:10-12]***

Nilikha ng Allah (ﷻ) ang mga Anghel upang sambahin lamang Siya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Sa Kanya ang pagmamay-ari ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan. At yaong mga malalapit sa Kanya** (tulad ng mga anghel) **ay hindi naging mga palalo sa pagsamba sa Kanya, gayundin, sila ay hindi nagsasawa** (sa pagsamba sa Kanya)**.** ∗ **Sila** (ang mga anghel) **ay lumuluwalhati ng** (Kanyang) **mga Papuri sa gabi at araw, at sila ay hindi lumulubay.﴿** ***[Qur'an 21:١٩-20]***

Walang sinuman ang nakakaalam sa kanilang tamang bilang maliban sa Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾…At walang nakakaalam sa mga hukbo ng iyong Panginoon maliban sa Kanya…﴿** ***[Qur'an 74:31]***

Kung sinuman ang magnais ng karagdagan kaalaman tungkol sa paksang ito ay maaaring magbasa ng mga aklat (na batay sa *Qur'an* at sa mapagkakatiwalaang *Sunnah*) na tumatalakay sa mga anghel at ang kanilang mga tungkulin.

## Ang Paglikha sa mga *Jinn*

Nilikha ng Allah (ﷻ) ang mga *Jinn* na hindi nakikita at sila ay nilikha upang sumamba lamang sa Kanya. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At hindi Ko** (Allah) **nilikha ang mga Jinn at mga Tao maliban na tanging sambahin Ako** (lamang). **Hindi ako naghahangad ng panustos mula sa kanila** (ikabubuhay sa kanilang sarili o sa Aking mga nilalang), **gayundin naman, Ako ay hindi nanghihingi sa kanila na Ako ay kanilang pakainin. Katotohanan, ang Allah ang Tagapanustos ng Lahat, ang Nag-aangkin ng Kapamahalaan, ang Pinakamakapangyarihan.**﴿ ***[Qur'an 51:56-58]***

Sila ay inutusan upang sumunod sa mga batas ng *Deen* katulad ng mga tao na napag-utusan dito. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At** (alalahanin, O Muhammad, ﷺ) **nang isugo Namin sa iyo ang iilan mula sa lipon ng mga *Jinn*, na nakikinig sa *Qur'an*. At nang sila ay nakalapit** (habang ito ay binabasa), **sila ay nagsabi; 'Makinig ng tahimik!' At nang ang pagdalit ay natapos na, sila ay nagsibalik sa kanilang pamayanan upang sila ay bigyan ng babala.** * **Sila ay nagsabi: 'O aming pamayanan! Katotohanang aming napakinggan ang** (dinalit) **na Aklat** (*Qur'an*) **na ipinanaog pagkatapos ni Moises na nagpapatotoo sa mga ipinahayag bago pa rito, na namamatnubay sa Katotohanan at sa Matuwid na Landas'.**﴿ ***[Qur'an 46:29-30]***

Nilikha ng Allah (ﷻ) ang *Jinn* mula sa apoy. Sinabi Niya(ﷻ):

﴾**Nilikha Niya ang tao** (Adan) **mula sa putik na tulad** (ng gamit) **sa palayukan.** * **At nilikha Niya ang mga *Jinn* mula sa apoy na walang usok.**﴿ ***[Qur'an 55:14-15]***

Sinabi rin ng Allah (﷿):

**﴾At katotohanang nilikha Namin ang tao mula sa putik na hinubog sa maitim at madulas na lupa. ∗ At ang Jinn ay Aming nilikha noon pang una mula sa lagablab ng apoy na walang usok.﴿** ***[Qur'an 15:26-27]***

## Ang Paglikha kay Adan (ﷺ)

Si Adan (ﷺ) ay ang ama ng sangkatauhan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At** (alalahanin, O Muhammad, ﷺ), **nang magwika ang inyong *Rabb*** (Panginoon) **sa mga anghel; 'Katotohanan, Ako ay maglalagay sa kalupaan ng *Khalifah*** (mga mamamahala) **sa kalupaan sa maraming sali't saling lahi.' Sila ay nagsabi; 'Maglagay ba Kayo roon ng nilikha** (tao) **na gumagawa ng kabuktutan at doon ay magdadanak ng dugo, at** (habang) **kami ay lumuluwalhati ng mga pagpupuri at pagpaparangal sa Inyong Banal** (na Pangalan)**?' Siya** (Allah) **ay nagwika: 'Nababatid Ko ang hindi ninyo nalalaman.' ⁕ At itinuro Niya kay Adan ang pangalan ng lahat ng bagay. Pagkatapos itinambad Niya ang mga ito sa harapan ng mga anghel at nagsabi: 'Sabihin ninyo sa Akin ang mga ito kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.' ⁕ Sila** (mga anghel) **ay nagsabi: 'Luwalhatiin Kayo! Kami ay walang kaalaman maliban sa itinuro Ninyo sa amin. Katotohanan Kayo lamang ang may Ganap na Kaalaman at Karunungan. ⁕ Siya** (ang Allah, ﷻ) **ay nagsabi; 'O Adan! Sabihin mo sa kanila ang kanilang mga pangalan.' At nang masabi na niya sa kanila ang kanilang mga pangalan, ang Allah ay nagwika: 'Hindi baga Aking winika sa inyo na nababatid Ko ang mga lihim ng langit at lupa? At talastas Ko kung ano ang inyong inilalantad at ikinukubli?'⁕ At** (alalahanin) **ng Kami ay nagwika sa mga anghel: 'Magsagawa kayo ng *sujud*** (pagyukod at pagpapatirapa) **kay Adan; at sila ay nagpatirapa maliban kay *Iblees*.**[26] **Siya ay tumanggi at**

[26] Ang pantanging pangalan ni Satanas, na hindi isang anghel kundi mula sa mga *jinn*. Ang pagpapatirapa ay ginagawa bilang pagsunod at pagsuko sa Allah, at ito ay itinuturing din bilang paggalang at hindi pagsamba.

**siya ay mapagmataas, at siya ay napabilang sa mga nagtatakwil sa pananampalataya. ⁕ At Kami ay nagwika; 'O Adan! manirahan ka at ang iyong asawa sa Paraiso at kumain kayo rito ng may** (kaluwagan at) **kasaganaan saanman at kailanman ninyo naisin. Datapwa't huwag ninyong lapitan ang punong ito, baka kayo ay mapabilang sa mga makasalanan.' ⁕ Ngunit** (hindi naglaon) **ay nagawa ni Satanas na sila ay mapalabas dito** (sa Paraiso o Halamanan) **at maalis** (sa kalagayan ng katahimikan) **na kanilang kinalalagyan. At Kami ay nagwika; 'Magsibaba kayong** (lahat sa lupa), **bilang magkakaaway at ang kalupaan ang inyong magiging tirahan at bilang pansamantalang panustos. ⁕ At si Adan ay tumanggap ng mga Salita** (ng pagsisisi) **mula sa kanyang *Rabb*** (Panginoon), **at tinanggap ng *Rabb* ang paghingi niya ng patawad. Katotohanan, Siya ay ang lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain. ⁕ Kami** (Allah) **ay nagwika; 'Magsibaba kayong lahat mula rito** (Paraiso). **At mayroong dumatal sa inyo bilang patnubay mula sa Akin; at sinumang sumunod sa Aking patnubay - ay walang dapat pangambahan, at hindi magkakaroon ng kalumbayan. ⁕ Datapwat ang mga nagtatakwil ng pananampalataya at nagpapasinungaling sa Aming *Ayat*** (mga talata, kapahayagan, aral, katibayan, tanda atbp.), **sila ang magsisipanahan sa Apoy; mamamalagi sila rito magpakailanman.'﴾** ***[Qur'an 2:30-39]***

Ang mga tao ay mula sa mga anak at inapo ni Adan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

> **﴿O sangkatauhan! Pangambahan ninyo ang inyong *Rabb*** (Panginoon) **na lumikha sa inyo mula sa isang tao** (Adan)**...﴾** ***[Qur'an 4:1]***

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi tungkol dito:

**“O mga tao, ang inyong *Rabb*** (Panginoon) **ay Isa, at tunay na ang inyong ama ay isa. Kayong lahat ay nilikha mula kay Adan, at si Adan ay mula sa alabok. Walang nakahihigit na Arabo kaysa sa di-Arabo, ang di-Arabo kaysa sa Arabo, ang pulang tao kaysa puti, o ang puti kaysa sa pula, maliban sa kabutihan at kabanalan.”** ***[Ahmed]***

## Papaano Nilikha si Adan (عليه السلام)

Ipinaliwanag ng Allah (ﷻ) na si Adan (عليه السلام) ay nilikha mula sa lupa; ang Allah (ﷻ) ay nagbigay halimbawa sa iba't-ibang pamamaraan. Sa talatang sumusunod ang Allah(ﷻ) ay nagsabi na si Adan (عليه السلام) ay nilikha mula sa alabok:

﴾**Katotohanan, ang kahalintulad ni Hesus sa paglikha sa kanya ng Allah ay katulad ni Adan. Kanyang nilikha siya mula sa alabok, at** (Kanyang) **winika; 'Mangyari nga', at siya ay nalikha.**﴿ ***[Qur'an 3:59]***

Sa talatang ito sinabi ng Allah (ﷻ) na nilikha siya (ang tao) mula sa malagkit na lupa:

﴾**Siya ang lumikha sa inyo mula sa malagkit na putik, at pagkatapos ay nagtakda ng isang natataningang panahon** (para sa inyong kamatayan)**. At mayroon ding nasa-Kanya na isang natataningang panahon** (para sa inyong muling pagkabuhay), **subalit kayo ay nag-aalinlangan** (sa Muling Pagkabuhay)**.**﴿ ***[Qur'an 6:2]***

Sinabi ng Allah (ﷻ) na nilikha siya (tao) mula sa madikit at malagkit na lupa:

﴾**...Sila ba ay higit na malakas** (o higit na may kahirapan) **na nilikha, o yaong** (mga iba pa) **na Aming nilikha** (tulad ng kalangitan, ang kalupaan at ang kabundukan atbp.)**? Katotohanang Aming nilikha sila mula sa malagkit na putik.**﴿ ***[Qur'an 37:11]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi na nilikha Niya siya mula sa malagkit na lupa katulad ng (pagsagawa) sa mga palayok, paso atbp:

﴾**Nilikha Niya ang tao** (Adan) **mula sa** (malambot na) **putik na tulad** (ng gamit) **sa palayukan.**﴿ ***[Qur'an 55:14]***

Nilikha ng Allah (ﷻ) ang tao mula sa putik na hinubog sa maitim at makinis na lupa:

﴾**At katotohanang nilikha Namin ang tao mula sa putik na hinubog sa maitim at makinis na lupa.**﴿ ***[Qur'an 15:26]***

Magkagayun pa man, si Adan (عليه السلام) ay nilikha mula sa isang sangkap. Nilikha ng Allah (ﷻ) si Adan (عليه السلام) mula sa malagkit na lupa, at siya ay dumaan sa iba't-ibang yugto. Siya ay namalagi sa ganoong yugto, hanggang sa kagustuhan ng Allah(ﷻ); pagkaraan noon inihipan sa kanya ng Allah(ﷻ) ang kaluluwang nilikha para sa kanya. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At** (alalahanin) **nang ang iyong Panginoon ay nangusap sa mga anghel: 'Ako ay lilikha ng isang tao** (Adan) **mula sa putik na hinubog sa maitim at makinis na lupa. Kaya't nang ito ay Aking natapos nang ganap, at** (matapos na) **Aking maihinga sa kanya** (Adan) **ang kaluluwa na Aking nilikha para sa kanya, kayo** (mga anghel) **ay lumuhod at magpatirapa sa kanya** (bilang paggalang at hindi pagsamba).**' Kaya't ang mga anghel ay nagpatirapa sa kanya, silang lahat nang sama-sama. Maliban kay Iblis** (Satanas), **siya ay tumanggi na makasama ng mga nagpatirapa.** ﴿ ***[Qur'an 15:28-31]***

Ang mga tao pagkatapos ay nagparami mula sa mahinang parang-tubig na sangkap (semilya). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Siya ay lumikha ng lahat ng bagay sa pinakamainam na paraan at sinimulan Niya ang paglikha sa tao mula sa putik.** * **At ginawa Niya ang kanyang mga supling mula sa tubig na lubhang aba** (katas ng semilya ng lalaki at punlay ng babae).* **At Kanyang hinubog siya sa ganap na sukat, at hiningahan Niya ito ng Kanyang espiritu** (ang kaluluwa na nilikha ng Allah para sa taong iyon) **at iginawad Niya sa inyo ang pandinig** (tainga), **paningin**

(mata) **at pang-unawa** (puso)**. Kakarampot lamang** (sa inyo) **ang nagbibigay ng pasasalamat!❱** ***[Qur'an 32:7-9]***

Katulad ng unang tao na nilikha mula sa alabok (ng lupa), ang tao ay babalik dito, at mula dito siya ay bubuhaying muli sa Araw ng Pagbabangon. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

❰(Mula sa lupa) **Aming kayong nilikha, at dito kayo ay Aming ibabalik, at dito kayo ay muli rin Naming bubuhayin.❱** ***[Qur'an 20:55]***

□□□□

## Ang mga Katangian ni Adan (عليه السلام)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi tungkol sa kangyang (Adan) mga katangian. Sinabi niya (ﷺ):

**"Nilikha ng Allah si Adan na may taas na animnapung dangkal ng kamay, at sinabi sa kanya: 'Puntahan at batiin mo ang mga anghel at pakinggan mo kung papaano ka nila babatiin; ganyan ang inyong mga pagbati at pati na ang pagbati ng inyong mga magiging anak.'** (Kaya siya ay pumaroon at nagsabi)**: '*As-Salamu alaykum*,' at sila ay sumagot, '*As-Salamu 'alaykum wa Rahmatullah*.' Sila ay nagdagdag ng, '*wa Rahmatullah*'. Ang sinumang pumasok ng *Jannah* ay gagawin ang katangian ni Adan, at ang mga nilikha sa panahong ito ay bumababa** (lumiliit) **ang kanilang taas** (sukat)**."** ***[Bukhari]***

□□□□

## Bakit ang mga Anak ni Adan (ﷺ) ay Magkakaiba?

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpaliwanag kung bakit ang mga anak ni Adan (ﷺ) ay magkakaiba sa bawat isa; kahit sa kulay, pag-uugali at sa kanilang katangian. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

**"Katotohanan nilikha ng Allah (ﷻ) si Adan (ﷺ) mula sa isang dakot na Kanyang sinalok sa lupa, ganyan ang mga anak ni Adan na nagmula sa** (hubog at katangian) **ayon sa** (partikular) **na lupa** (kung saan sila nilikha)**. Ang mga iba ay pula, itim, puti at dilaw at ang iba ay hindi inaalintana ang** (hirap ng**) buhay, mayroong mga malungkutin, mayroong kasuklam-suklam, mayroong mabuti at dalisay, ang mga iba naman ay magkahalo ang kaugalian." [*Ibn Hibbaan*]**

□□□□

## Ang Paglikha kay *Haw'waa'* (Eba) ang Ina ng Sangkatauhan

Pagkatapos nilikha ng Allah (ﷻ) si Adan (ﷺ), nilikha Niya ang kanyang asawa mula sa kanyang kaliwang tadyang, magkagayon siya ay makapagbigay ginhawa sa kanya, at sila ay makapag-parami. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾O sangkatauhan! Maging masunurin kayo sa inyong *Rabb*** (Panginoon) **na lumikha sa inyo mula sa isang tao** (Adan) **at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang**

**asawa** (*Haw'waa'* o Eba), **at mula sa kanilang dalawa ay nilikha Niya ang maraming lalaki at babae; at pangambahan ninyo ang Allah, na sa pamamagitan Niya** (sa Kanyang Pangalan) **ay humihingi kayo ng karapatan sa isa't isa at** (huwag ninyong putulin ang ugnayan) **ng mga sinapupunan** (ang pagkakamag-anak)**. Katiyakan, ang Allah ay lagi nang Nagmamasid sa inyo.﴿** ***[Qur'an 4:1]***

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sinuman ang sumasampalataya sa Allah at sa Huling Araw hayaan siyang huwag manakit ng kanyang kapitbahay. Pakitunguhan ang inyong mga asawa ng mabuti, dahil tunay na sila ay nilikha mula sa tadyang. Katotohanan, ang pinaka baluktot na parte ng tadyang ay ang nasa bandang itaas. Kung subukan mo itong ituwid, ito ay mababali, at kung hayaan lang siya, ito ay mananatiling nakabaluktot, kaya't pakitunguhan ang inyong mga asawa ng mabuti."** ***[Bukhari]***

□□□□

## Ang Tahanan nina Adan (عليه السلام) at Eva

Sila ay tumira sa Paraiso bago pinalayas mula dito, dahil sa kasalanan na nagawa ni Adan (عليه السلام). Ang Allah (سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

**﴾At** (alalahanin) **nang Aming sabihin sa mga anghel; 'Magpatirapa kayo kay Adan,' at silang lahat ay nagpatirapa maliban kay Iblis, siya ay tumanggi. ⁎ At Kami ay nagsabi; 'O Adan! Tunay siya ay isang kaaway**

**sa iyo at sa iyong asawa, kaya't huwag ninyong hayaan na kanyang maitaboy kayo mula sa *Jannah*** (Paraiso) **upang kayo ay magkaroon ng kapighatian. ⁎ Tunay na kayo ay hindi makakaranas dito ng pagkauhaw, o mainitan ng sikat ng araw. ⁎ Pagkaraan si Satanas ay bumulong sa kanya na nagsasabi; 'O Adan! Aakayin ba kita sa Puno ng Walang Hanggang Buhay at sa mga pag-aari na hindi masisira?' ⁎ At sa kalaunan, sila** (Adan at ang kanyang asawa) **ay kapwa kumain** (ng bunga) **ng puno; at sa gayon, ang kanilang maselang bahagi** (ng katawan) **ay nalantad sa kanila; at sila ay nagsimulang magtagni-tagni ng mga dahon sa *Jannah* bilang kanilang pantakip. At sinuway ni Adan ang kanyang Panginoon, kaya't siya ay napaligaw sa kamalian. ⁎ At pagkaraan, hinirang siya ng kanyang *Rabb*** (Panginoon) **at Siya** (Allah) **ay bumaling sa kanya sa pagpapatawad at pinagkalooban siya ng patnubay. ⁎ Siya** (Allah) **ay nagwika; 'Magsibaba kayong lahat** (ng inyong inanak) **na ang ilan sa inyo ay kaaway ng iba. At kung mayroong patnubay na dumatal sa inyo na manggagaling sa Akin, kung gayon, sinuman ang sumunod sa Aking patnubay ay hindi mapapaligaw** (sa kalupaan) **at gayundin naman, siya ay hindi malulumbay** (sa Kabilang Buhay)**. ⁎ At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala, tunay na sasakanya ang buhay ng kahirapan at siya ay bubuhayin Naming muli na bulag sa Araw ng Muling Pagkabuhay.'》**

***[Qur'an 20:116-124]***

## Ang Simula ng Pagpapadala ng mga Sugo.

Sa mga sampung salinlahi pagkatapos ni Adan, ang mga tao ay lumihis mula sa katotohanan, Kaya't ang Allah(ﷻ) ay nagpadala ng mga Sugo. Si **Ibn 'Abbaas** (رضي الله عنه) ay nagsabi:

**"Ang mga tao noon sa sampung salinlahi sa gitna nina Noah(عليه السلام) at Adan(عليه السلام) ay sumusunod sa *Deen*. Pagkaraan, ang mga ito ay lumihis sa** (tamang daan) **kaya nagpadala ang Allah ng mga ibang Propeta, bilang tagapagbigay ng magandang mga balita** (tungkol sa *Jannah* – Paraiso) **at bilang tagapagbabala** (ng Impiyerno)**."** **[*Haakim*]**

Ang unang Sugo na ipinadala sa sangkatauhan ay si Noah(عليه السلام). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

﴿**Katotohanan ikaw** (O Muhammad, ﷺ) **ay binigyan Namin ng inspirayson** (kapahayagan), **kung papaano rin Namin binigyan ng inspirasyon si Nuh** (Noah) **at ang mga Propeta na sumunod sa kanya...**﴾ ***[Qur'an 4:163]***

Ipinabatid sa amin ng Allah (ﷻ) mula sa *Qur'an* ang mga ibang pangalan ng mga Propeta at Sugo. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

﴿**At yaon ang Aming Katibayan na Aming ibinigay kay Abraham laban sa kanyang pamayanan. Aming itinataas ang antas ng sinuman na Aming maibigan. Katotohanan, ang iyong *Rabb*** (Panginoon) **ay Tigib ng Karunungan, ang Ganap na Maalam. ⁎ At iginawad Namin sa kanya** (Abraham) **si Isaac at Hacob- at ang bawat isa sa kanila** (lahat) **ay Aming pinatnubayan. At noong una pa sa kanya, Aming pinatnubayan si Noah, at ang kanyang mga supling na sina David, Solomon, Job, Hoseph at Moises at Aaron. Sa ganito Namin ginagantimpalaan ang mga mapaggawa ng kabutihan. ⁎ At si Zakarias, at si**

**Juan at Hesus at Elias, ang bawat isa sa kanila ay nasa lipon ng matutuwid. * At si Ismael at Elisha, at Jonas at Lut, at ang bawat isa sa knila ay Aming kinasihan nang higit sa lahat ng mga nilalang** (ng kanilang kapanahunan). * **At gayundin ang ilan sa kanilang mga Ama at kanilang mga supling at kanilang mga kapatid, sila ay Aming hinirang at sila ay Aming pinatnubayan sa tuwid na landas.❳** ***[Qur'an 6:83-87]***

Sinabi rin ng Allah (ﷻ):

**❲Sabihin** (O mga Muslim): **'Kami ay sumasampalataya sa Allah at sa kapahayagang ipinagkaloob sa amin, at sa mga ipinahayag kay Abaraham, Ismail, Isaac, Hakob at sa** (labingdalawang) **Tribu, at sa mga ipinahayag kay Moises at Hesus at at sa mga ipinahayag sa (lahat) ng mga Propeta mula sa kanilang *Rabb*** (Panginoon). **Kami ay hindi nagtatakda sa kanila ng pagtatangi-tangi at sa Kanya** (Allah) **lamang kami tumatalima** (sa Islam).**❳** ***[Qur'an 2:136]***

Sinabi rin Allah (ﷻ):

**❲At** (alalahanin) **si Ismail, at Idris** (Enoch) **at Dhul-Kifl, sila ay kasama sa lipon na nagbabata ng pagtitiis.❳** ***[Qur'an 21:85]***

Mayroong mga ibang mga Propeta at mga Sugo na hindi ipinabatid ng Allah (ﷻ) sa atin. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**❲At sa mga Sugo na Aming binanggit sa iyo noong una, at sa mga Sugo na hindi nabanggit sa iyo…❳** ***[Qur'an 4:164]***

Ang Allah, ang Dakila, ay nagpadala ng mga Sugo at mga Propeta sa bawat panahon upang patnubayan muli ang mga tao sa *Deen* ng Allah (ﷻ) at upang sambahin Siya. Lahat ng mga Propeta at mga Sugo ay nagpahayag ng magkatulad na kapahayagan, ang pagsamba lamang

sa Allah (ﷻ) at ang itakwil ang lahat ng mga bagay na pagsamba maliban sa Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At katotohanang Kami ay nagsugo sa bawat *Ummah*** (bansa o pamayanan) **ng isang Sugo** (na nagpapahayag)**: 'Sambahin lamang ang Allah at iwasan** (o layuan) **ang lahat ng Taghut** (lahat ng mali o huwad na sinasamba, maliban sa Allah)**.' At ang ilan sa kanila ay ginabayan ng Allah, at ang ilan** (naman) **sa kanila ay naitakda sa kanya ang pagkaligaw ng may karampatan. Kaya't magsipaglakbay kayo sa kalupaan at malasin kung ano ang kinahinatnan ng mga nagtakwil** (sa Katotohanan)**.**﴿ ***[Qur'an 16:36]***

Ang mga batas at ang pagbabatas ng bawat bansa ay pinamahalaan na magkakaiba; ang mga ibang bansa ay binigyan ng tungkulin na iba kaysa sa ibang bansa. Ang karunungan sa likod nito ay upang subukan ang pagtupad o pagsunod ng mga bansa. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**...Sa bawat isa sa inyo, Kami ay nagtalaga ng isang Batas at isang paraan** (patakaran) **ng buhay. Kung ninais lamang ng Allah, magagawa Niya na kayo ay maging isang bansa** (pamayanan)**, datapwat nais Niya na masubukan kayo sa bagay na Kanyang ipinagkaloob sa inyo; kaya't kayo ay magpaligsahan sa** (paggawa ng) **mabubuting gawa...**﴿ ***[Qur'an 5:48]***

Ang huling kapahayagan, ay ang mensahe ni Propeta Muhammad(ﷺ) na siyang isinugo sa sangkatauhan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Si Muhammad (ﷺ) ay hindi ama ng sinuman sa inyo, datapwa't siya ang Sugo ng Allah at Sagka** (Panghuli) **sa lahat ng mga Propeta; at ang Allah ang may Ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay.**﴿ ***[Qur'an 33:40]***

Ang isa sa mga dahilan sa pagtawag sa tao ng mga Sugo ng Allah(ﷺ) ay ang pagsamba lamang sa Iisang Diyos

(Allah) na karapat-dapat sambahin, na Siyang namamahala sa lahat ng kanilang kapakanan at sa Kanya lamang dapat magpapakupkop. Ito ay mag-aakay sa kanila sa pangkaluluwang kaligayahan at katahimikan sa puso at isip. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴿At ikaw** (O Muhammad, ﷺ) **ay hindi Namin isinugo, maliban lamang na tanging Habag para sa** (*A'alamin* – Sangkatauhan at mga Jinn at) **lahat ng mga nilalang.﴾**
***[Qur'an 21:107]***

Ang katibayan na ang mga sumasampalataya sa Allah(ﷻ) at sa Kapahayagan ay nakakamit ang tunay na kaligayahan, ito ay maliwanag sa paghahambing sa mga buhay nila at ng mga taong hindi naniniwala sa pagkakaroon ng Allah (ﷻ), sa mga nagtatakwil sa *Shari'ah*, at sa kanilang kaguluhan, pagkabalisa, at hindi mapakaling kaluluwa, magkagayon sila ay nabubuhay sa paraang nauudyok sila sa pag-inom ng droga, nakakalasing at gamot para mahibsan ang kanilang pang-kaluluwang walang saysay. Ito rin ay nagtutulak sa mga iba upang magpakamatay. Ang mga bagay na ito ay hindi kailanman mag-aakay sa isang tao sa kaligayahan; kahit na ang isang tao ay (magsasabi na siya) maligaya ngunit ito ay pansumandaling kaligayahan; katulad siya ng isang uminom ng maalat na tubig, hindi rin maapula ang kanyang pagka-uhaw, manapay lalo siyang nauuhaw. Ang maniwala sa Allah (Siya ay malayong tunay mula sa lahat ng mga nilikhang may kapintasan), ang pagsuko sa Kanya, at ang pagsunod sa Kanya ay tunay na makakaalis ng lahat ng mga bakas ng kalungkutan at gagawin ang isang tao upang makamit ang tunay na kaligayahan at kaginhawahan.

## Ano ang Mga Tao?

Sila ay ang mga nilikha ng Allah (ﷻ) na hinubog sa pinakamaganda at higit sa karaniwang taas. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Katotohanan, Aming nilikha ang tao sa pinakamagandang sukat.﴿** ***[Qur'an 95:4]***

Lubos na hinubog ng Allah (ﷻ) ang tao at binigyan ito ng tamang sukat. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾O Tao! Ano ang nagtulak sa iyo upang sumuway sa iyong *Rabb*** (Panginoon)**, ang Mapagkaloob ng Biyaya? * Na lumikha sa iyo, at humubog sa iyo nang ganap, at nagbigay sa iyo ng angkop na sukat. * Sa anumang anyo na Kanyang maibigan, ikaw ay Kanyang nilikha** (hinubog)**.﴿** ***[Qur'an 82:6-8]***

Hinubog ng Allah (ﷻ) ang tao sa pinakamaganda at ginawang ganap ang anyo. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ang Allah ang gumawa para sa inyo ng kalupaan bilang isang lugar ng pananahanan at ng alapaap** (kalangitan) **bilang isang kulandong, at Kanyang binigyan kayo ng hubog at ginawa Niya ang inyong mga hugis na maganda, at naggawad Siya sa inyo ng ikabubuhay, ng mga bagay na dalisay at mabuti. Siya ang Allah, ang inyong *Rabb*** (Panginoon) **ng lahat ng nilalang! ﴿** ***[Qur'an 40:64]***

Pinili ng Allah (ﷻ) ang tao at pinarangalan ng higit sa mga ibang mga nilikha. Ang Allah (ﷻ) nagsabi:

**﴾At katotohanang Aming ginawaran ng karangalan ang mga anak ni Adan, at Aming ginawaran sila** (ng masasakyan) **sa kalupaan at karagatan, at Aming tinustusan sila ng mg pinahihintulutan na mabubuting**

**bagay, at Aming itinampok sila ng higit sa karamihan sa Aming mga nilikha.﴿** ***[Qur'an 17:70]***

Ipinamahala ng Allah (ﷻ) ang lahat ng nasa sansinuklob sa mga tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At ipinailalim Niya sa inyo ang lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan; ang lahat ng mga ito ay bilang kaloob at kabaitan mula sa Kanya…﴿** ***[Qur'an 45:13]***

Ang mga Tao ay naiibang mga nilikha. Hindi sila nanggaling o nabalangkas mula sa mga ibang nabubuhay. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Siya na lumikha sa lahat ng bagay sa pinakamainam na paraan at sinimulan Niya ang paglikha sa tao mula sa putik.﴿** ***[Qur'an 32:7]***

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga salita ng Qur'an na nagbigay dangal sa tao, itinaas ang kanyang katayuan at sa teoriya na ang tao ay pareho sa mga hayop? Hindi inalintulad ng *Qur'an* ang tao sa hayop maliban kung ito ay sumunod sa kanyang kasakiman (ng kamunduan) at kapritso na walang pagbabawal, at hindi ginagamit ang kanyang talino, pandinig o paningin upang mag-isip-isip sa kahanga-hangang nilikha na mga kalangitan at ang mundo. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At katiyakang Aming nilikha ang marami sa mga *Jinn* at sangkatauhan tungo sa Impiyerno. Sila ay may puso na hindi nakakaunawa, sila ay may mga mata na hindi nakakakita, at sila ay may mga tainga na hindi nakakarinig** (ng katotohanan)**. Sila ay katulad ng bakahan; hindi, higit silang napapaligaw. Sila ang walang iniintindi.﴿** ***[Qur'an 7:179]***

Sa katotohanan kung gagamiting mabuti ng tao ang kanyang mga pakiramdam (sentido-komun) – sa pagmuni-muni at pagbulay-bulay, ito ay mag-aakay sa kanya na

maniwala sa Allah(ﷻ), pagkatapos ng Kanyang(ﷻ) Pagpapala.

Si **Ibn-ul-Qayyim**, nawa'y kalugdan siya ng Allah(ﷻ) ay nagsabi: "Pinili ng Allah (ﷻ) ang tao sa lahat ng mga nilikha at pinarangalan siya sa layuning sambahin (lamang) Siya. Nilikha Niya ang lahat ng bagay sa santinakpan sa kanilang maayos na kalagayan. Pinagkalooban sila ng karunungan, at pinili sila para sa Kanyang pagmamahal. Binigyan sila ng mga bagay na hindi ibinigay kaninuman. Ipinamahala sa kanila ang lahat ng nasa kalangitan at sa kalupaan at kung ano ang nasa pagitan, (na hindi naipagkaloob) kahit na sa mga anghel na malapit sa Kanya sa lahat ng Kanyang mga nilikha. Inuutusan ang mga anghel na pangalagaan ang tao, sa kanyang pagtulog at paggising, sa kanyang pag-upo at pagtayo. Ipinahayag Niya sa kanila ang Kanyang mga Aklat, at isinugo sa kanila ang Kanyang mga Propeta at mga Sugo na nagsalita at nagtalumpati sa kanila. Pinili Niya ang iba para sa Kanyang pagmamahal, at nagsalita siya (ng tuwiran) sa mga iba, at ang mga iba ay may kahigtan sa kabanalan. Ipinahayag Niya sa kanila ang Kanyang mga lihim, at ginawa silang adhikain ng Kanyang Karunungan at Pag-ibig. Nilikha Niya ang *Jannah* (Paraiso) at Impiyerno para sa kanila; ang Kanyang paglikha at kautusan, biyaya at kaparusahan ay umiinog sa palibot ng sangkatauhan, dahil siya ang pinakamaganda sa lahat ng mga nilikha. Ang tao ay napag-utusan na sumunod sa mga kautusan at umiwas sa mga ipinagbabawal, at sa pagpapahalaga ng kaniyang mga gawain, siya ay mabibigyan ng gantimpala o kaya ay mapaparusahan."

## Ang Iba't-Ibang Yugto sa Paglikha sa mga Tao

Sa simula, ang tao ay walang nababanggit tungkol sa kanya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Hindi baga dumatal sa tao ang isang panahon na siya ay hindi** (man lang) **isang bagay na nabanggit?**﴿ ***[Qur'an 76:1]***

**Si G. Al-Ghazali** ay nagsabi:

"Hayaan ang tao na mag-isip-isip sa mga biyaya ng Allah(ﷻ), kung papaano sila itinaas mula sa kalagayan ng kahihiyan, kawalang-halaga at kamuhi-muhi tungo sa katayuan ng may karangalan at higit sa karaniwang taas. Siya ay nagkaroon ng buhay pagkaraan na nanggaling sa wala; siya ay nabuhay mula sa kamatayan, at nakapagsalita mula sa pagiging umid o pipi. Siya ay nakakita pagkaraang ng pagkabulag, at naging malakas pagkatapos ng kahinaan, at nagkaroon ng karunungan mula sa kamangmangan, at siya ay napatnubayan pagkaraang siya ay walang gabay. Siya ay naging mayaman mula sa kahirapan. Samakatuwid, siya ay walang halaga, at ano ang higit na masama kaysa sa walang halaga? Pagkatapos siya ay naging isang bagay (na may halaga) dahil sa kapangyarihan ng Allah(ﷻ)." **[*Ihyaa 'Uloom-ud-Deen*]**

□□□□

## Paano ang Paglikha sa mga Tao?

Ang Allah (ﷻ) ay nagpaliwanag na ang tao ay nilikha sa pamamagitan ng paglahok o pagpasok ng semilya ng lalaki sa punlay ng babae. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Marapat na malaman ng tao kung ano ang pinagmulan ng kanyang pagkakalikha! ⁎ Siya ay nilikha mula sa isang patak na sumago, ⁎ Na nanggaling sa pagitan ng gulugod at mga tadyang.﴿** ***[Qur'an 86:5-7]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagpaliwanag na ang tao ay nailikha sa pamamagitan ng ganitong kaparaanan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At Siya ang lumikha sa tao mula sa tubig, at ginawa mula rito ang pagkakamag-anak sa pamamagitan ng lipi at sa pamamagitan ng pag-aasawa. At ang iyong *Rabb*** (Panginoon) **ay Lagi nang Ganap na may Kakayahan** (sa paglikha) **na Kanyang naisin.﴿** ***[Qur'an 25:54]***

Siya (ﷻ) ay nagpaliwanag na ang bilig ay naisinop sa ligtas na himlayan, malayo mula sa mga nakakaapekto sa labas, hanggang iniatas ng Allah (ﷻ) ang paglabas nito. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Hindi baga kayo ay nilikha Namin mula sa katas na walang halaga** (semilya, atbp.)**. ⁎ At inilagay Namin ito sa ligtas na himlayan na matibay** (sa sinapupunan ng ina)**. ⁎ Sa natakdaang panahon** (ng paglaki ayon sa bilang na buwan ng pagbubuntis)**? At Kami ang nagtakda nito sa ganap na sukat, at gaano kahusay ang Aming pagsasaayos at pagtatakda.﴿** ***[Qur'an 77:20-23]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagpaliwanag na ang bilig ay magdadaan sa tatlong yugto ng kadiliman. Dadaan ito sa iba't-ibang likas na yugto hanggang siya ay dumating sa kagustuhan ng Allah(ﷻ), sa kanyang huling yugto, at pagkaraan ito ay lalabas mula sa sinapupunan at papasok sa mundong ito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**...Kanyang nilikha kayo sa sinapupunan ng inyong ina, sa magkakasunod na yugto ng paglikha, sa loob ng tatlong kadiliman (ie.: ang tiyan, ang sinapupunan at ang bahay-bata).**﴿ ***[Qur'an 39:6]***

□□□□

## Mga Pinagdaanang Yugto ng mga Tao

1) **Ang Unang Yugto:** Ang patak ng naghalong semilya na nagmula sa lalaki at punlay ng babae. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At Siya** (Allah) **ang lumikha ng pares, lalaki at babae. Mula sa Nutfah** (mga patak ng semilya ng lalaki at punlay ng babae) **na ipinunla** (sa sinapupunan).﴿ ***[Qur'an 53:45-46]***

Kung gugustuhin ng Allah (ﷻ), ang semilya ay mahahalo sa punlay ng babae at maglalagos sa sinapupunan; kapag nagtagpo ang semilya at ang punlay ng babae ito ay tinatawag na '*Nutfah*', at ito ang unang yugto ng pagsimula o pagkabuo ng tao. Kung ang semilya ay hindi nakapasok sa sinapupunan, ito ay mamatay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Katotohanan, Aming nilikha ang tao mula sa patak ng *Nutfah*** (pinaghalong semilya ng lalaki at punaly ng babae) **upang siya ay aming masubukan, kaya't Aming ginawaran siya ng pandinig at pangmasid.**﴿ ***[Qur'an 76:2]***

Sa yugtong ito, sinisimulan ang pagkuha ng mga katangian ng tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Kasumpa-sumpa ang tao** (na hindi mananampalataya sa Allah,ﷻ)**! Siya ay napakawalang utang na loob. Mula sa anong bagay Namin siya nilikha? Siya ay nilikha namin mula sa *Nutfah*** (mga patak ng semilya ng lalaki at

punlay ng babae). **At Amin siyang binigyan ng ganap na sukat.﴾** ***[Qur'an 80:17-19]***

Ang kasarian ng sanggol ay napagpapasiyahan sa yugtong ito.

﴿**Sa Allah ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan. Lumilikha Siya ng Kanyang maibigan. Siya ang nagkakaloob** (ng mga anak), **lalaki man o babae ayon sa Kanyang kapasiyahan. O Siya ang nagkakaloob ng kapwa mga lalaki at babae, at hinahayaan Niyang Mabaog ang sinuman Kanyang naisin. Katotohanan, Siya ang Kataas-taasan, ang Tigib ng Karunungan.﴾** ***[Qur'an 42:49-51]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Siya ang humubog sa inyo sa sinapupunan** (ng ina) **na Kanyang maibigan.** ***Laa ilaaha illa Huwa*** (wala ng iba pang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya) **ang Sukdol ng Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.﴾** ***[Qur'an 3:6]***

Kung ang pinaghalong patak ay hindi humantong sa bahay bata, ito ay maaalis sa sinapupunan, sa kagustuhan ng Allah(ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Nababatid ng Allah ang dinadala** (sa sinapupunan) **ng bawa't babae, at kung gaano ang kulang** (sa bilang ng oras o araw o buwan) **at gaano ang labis** (sa bilang ng oras o araw o buwan) **ng mga sinapupunan. Ang lahat ng bagay sa Kanya ay nasa ganap** (at angkop) **na sukat.﴾** ***[Qur'an 13:8]***

Kung gugustuhin ng Allah (ﷻ), ito ay hahantong sa bahay bata at ang '*nutfah*' ay mag-uumpisa sa unang yugto ng '*alaqah*'. Magsisimula itong kakapit sa bahay bata at mag-uumpisang buhayin ang kanyang sarili. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴿**...At pinahihintulutan Namin ang sinumang Aming maibigan na manatili sa loob ng sinapupunan** (ng babae) **sa isang natatakdang panahon, at Aming iniluwal kayo bilang mga sanggol...**﴾ ***[Qur'an 22:5]***

**2) Ang yugto ng alaqah.** Ito ay tinatawag na '*alaqah*' (katulad ng namuong dugo na hugis ng isang linta) sa katotohanang ikinakapit nito ang kanyang sarili sa sinapupunan at kumukuha ng pagkaing pampalusog mula sa dugo nito. Katulad din ito ng isang linta na kumukuha ng pagkain mula sa ibang nilikha na kung saan ikinakapit nito ang kanyang sarili. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Bumasa ka** (O Muhammad,ﷺ) **sa Ngalan ng iyong Panginoon na lumikha sa lahat ng bagay** (na nilalang), * **Na lumikha sa tao mula sa namuong patak ng dugo** (isang bahagi na namuong dugo).﴾ ***[Qur'an 96:1-2]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Hindi ba siya ay isa lamang *Nutfah*** (magkahalong katas ng semilya ng lalaki at punlay ng babae) **na ibinuhos?** * **At pagkatapos siya ay naging '*Alaqa*** (namuong dugo sa paglaki); **at binigyan siya ng hugis at anyo** (ng Allah,ﷻ) **sa tamang sukat.** * **At ginawa sila sa dalawang kasarian, lalaki at babae.**﴾ ***[Qur'an 75:37-39]***

**3) Ang Yugto ng *Mudghah***[27] **:** Ito ay tinatawag na *mudghah* (namuong laman) dahil sa katotohanang sa yugtong ito, ang *Mudghah* ay kahawig ng isang pirasong laman na nginuya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**...At pagkatapos ay ginawa Namin ang namuong dugo sa isang maliit na piraso ng laman, at pagkatapos ay**

---

[27] Sa saling literal, ang *mudghah* ay namuong isang bagay na parang nginuya.

**ginawa Namin mula sa piraso ng laman ang mga buto...﴿** ***[Qur'an 23:14]***

Sa yugtong ito, ang hindi pa naisisilang na sanggol ay mag-uumpisang magkaroon ng hugis tao hanggang umabot ito sa tunay na anyo ng tao. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Katotohanan! Walang nalilingid sa Allah, maging sa kalupaan at sa mga kalangitan. ۞ Siya ang humubog sa inyo sa sinapupunan** (ng ina) **sa Kanyang maibigan...﴿** ***[Qur'an 3:5-6]***

Sa yugtong ito, ang espiritu ay hiningahan sa hindi pa naisisilang na sanggol. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At Kanyang hinubog siya sa ganap na sukat, at hiningahan Niya ito ng Kanyang espiritu** (ang kaluluwa na nilikha ng Allah(ﷻ) sa taong ito**) at binigyan Niya kayo ng pandinig** (mga tainga) **paningin** (mga mata) **at mga puso...﴿** ***[Qur'an 32:9]***

Mayroong tiyak na itinakdang panahon sa bawa't yugto, na binanggit sa ***Hadeeth* ni Ibn Masood** (رضي الله عنه) na kung saan siya at ang mapagkakatiwalaan ay nagsabi:

"Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa amin: **'Isa sa inyo ay mananatiling *Nutfah* sa apatnapung (40) araw sa sinapupunan ng kanyang ina, at apatnapung (40) araw na *Alaqah* at apatnapung (40) araw na *Mudghah*; ipapadala sa kanya ang anghel at ang buhay ay hiningahan sa kanya; at ang anghel ay pag-uutusan na itala ang apat na bagay: ang kanyang panustos, panahon ng kanyang buhay, ang kanyang mga gawain, at kung siya ay banal o hindi banal na tao. Sa Ngalan ng Allah, isa sa inyo ay** (maaaring) **ginagawa ang mga gawain ng mga Tao ng *Jannah* hanggang ito'y nasa agwat na lamang ng kasing haba ng braso ang pagitan niya** (at ng Jannah), **at noon siya gumawa ng mga**

**gawain ng mga Tao ng Impiyerno at ang kanyang talaan ay naisara at napagpasiyahan, at siya ay papasok dito** (Impiyerno). **At isang tao ang** (maaaring) **gumagawa ng mga gawain ng mga Tao ng Impiyerno hanggang siya ay nasa agwat na lamang ng kasing haba ng braso ang pagitan niya** (at ang Impiyerno), **at doon siya ay gumawa ng mga gawain ng mga mga Tao ng Jannah, at ang kanyang talaan ay naisara at napagpasiyahan, at siya ay papasok dito** *(Jannah)*." ***(Bukhari at Muslim)***

□□□□

## Ano ang Kaluluwa?

Ang kaluluwa ay isang bagay na hindi natin nakikita o naiintindihan, sa kabila noon naniniwala pa rin tayo dahil nakikita natin ang mga bunga nito. Ang kaluluwa ay ang pinakadakilang katibayan ng pagkakaroon natin ng Panginoon (ang Allah,ﷻ). Ito rin ay nagsisilbing tamang pangangatwiran sa mga taong may kaabalahan o okupado sa yaman ng pang materyal na laging nagnanais para sa bagay na nahihipo, upang sa ganoon maunawaan ng kanilang mga pandama, na sila ay naniniwala sa kaluluwa kahit na hindi nila ito mapaghulo sa kanilang sarili, kundi sa pamamagitan ng kanilang mga bunga. Ang kaluluwa ay isa sa mga lihim ng kalangitan. Walang nakakaalam ng tunay na katotohanan maliban sa Allah(ﷻ), at anumang pagtatangkang pagsisiyasat ay walang saysay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At sila ay nagtatanong sa iyo** (O Muhammad,ﷺ) **tungkol sa *Ruh*** (kaluluwa). **Iyong sabihin: "Ang tungkol sa *Ruh*** (kaluluwa)**, ang kaalaman dito ay nasa aking Panginoon.**

**At kayo** (O sangkatauhan) **ay hindi binigyan ng karunungan maliban sa kakarampot lamang**﴿ ***[Qur'an 17:85]***

Si **Ar-Raaghib al-Asfahaani**[28], ay nagsabi:

'(Ang espiritu) ay kasama ng katawan na magkakaroon ng buhay, gumala sa palibot, maramdaman niya ang kanyang kapaligiran, magkaroon ng karunungan at panghahawakan ang katiyakang kuro-kuro, at makakayang maintindihan o makilala (sa pagitan ng mabuti at masama). Kung mawawala ito sa tao, ang tao ay hindi maaaring magmamay-ari ng anumang katangiang, at magiging isang patay na katawan ng tao na kailangan buhatin. Ang mga katangiang pang-espirituwal ay nakakabit katulad ng katangiang pang katawan na nakakabit sa katawan"

Sa yugtong ito (*mudghah*) ang mga buto ay nahubog at binalutan ng laman. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**...At pagkatapos ay ginawa Namin mula sa kapirasong laman ang mga buto, at pagkatapos ay binalutan Namin ang mga buto ng laman...**﴿ ***[Qur'an 23:14]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi rin nito noong Siya'y nagsasalaysay sa kasaysayan ni 'Azeez:

﴾**... Pagmasdan mo ang mga buto, kung paano Namin ito binuo at binalutan ng laman...**﴿ ***[Qur'an 2:259]***

Ang sanggol na di pa naisisilang ay patuloy na nabubuo hanggang sa oras na ipag-uutos ng Allah (ﷻ) na ang panahon ay nakatakda na para lumabas ito sa mundo. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

---

[28]Hinango sa *Dha'riyah ilaa Makaarim ash-Shari'ah*- pahina 75

﴾**Sa Kanya** (Allah lamang) **ang pag-aangkin ng kaalaman ng Oras** (ng Paghuhukom)**. Walang anumang bunga ng kahoy ang lumalabas sa kanyang hibla** (balot), **gayundin ay walang babae ang nagdadalang-tao** (sa kanyang sinapupunan), **at walang sanggol ang isinisilang na hindi Niya nababatid…**﴿ ***[Qur'an 41:47]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At katotohanang nilikha Namin ang tao** (Adan) **mula sa malagkit na putik.** ۞ **At Pagkatapos ay Aming nilikha siya** (ang anak ni Adan) **bilang isang *Nutfah*** (magkahalong semilya ng lalaki at punlay ng babae) **at inilagak sa ligtas na himlayan** (sinapupunan ng babae)**.** ۞ **At pagkatapos ay ginawa Namin ang *Nutfah* sa isang maliit na laman, at pagkatapos ay ginawa Namin mula sa maliit na laman ang mga buto, at pagkatapos ay binalutan Namin ang mga buto ng laman, at pagkatapos ay Aming nilikha siya bilang bagong nilikha** (tao)**. Kaya't papurihan ang Allah, ang Pinakamahusay na Tagapaglikha. At pagkatapos nito, katiyakang kayo ay mamamatay. At pagkatapos,** (muli), **katotohanang kayo ay ibabangon sa Araw ng Muling Pagkabuhay.**﴿ ***[Qur'an 23:12-16]***

Sa ibang talata, ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**O sangkatauhan! Kung kayo ay nag-aalinlangan tungkol sa Muling Pagkabuhay, kung gayon, katotohanan! Nilikha Namin kayo** (tulad ni Adan) **mula sa alabok, pagkaraan mula sa *Nutfah*** (magkahalong semilya ng lalaki at punlay ng babae, tulad ng mga anak ni Adan), **at ito ay naging kimpal** (isang pirasong namuong dugo) **at naging maliit na namuong laman, ang iba ay nahubog at ang iba ay hindi nahubog** (nakunan), **upang magawa Naming maliwanag sa inyo** (tulad ng pagpapamalas ng Aming Kapangyarihan at

Kakayahan na gawin ang Aming maibigan). **At pinahihintulutan Namin ang sinumang Aming maibigan na manatili sa loob sinapupunan sa naitakdang panahon, at iniluwal Namin kayo bilang mga sanggol, at** (pinalaki) **upang inyong sapitin ang gulang ng may hustong lakas. At sa lipon ninyo ay mayroong namamatay** (na bata pa), **at sa lipon ninyo ay mayroong nagbabalik sa mahirap na katandaan, kaya't wala siyang natatandaan kung anuman ang kanyang nalaman** (naging uliyanin o isip-bata). **At namamasdan ninyo ang kalupaan na tuyot, at kung magpapadala Kami ng tubig** (ulan) **dito, gagalaw** (na may buhay), **mananariwa ito at lalabas rito ang lahat ng kaakit-akit na uri ng halaman** (na tutubo). **Ito ay dahil sa ang Allah ay Katotohanan, at Siya ang nagbibigay ng buhay sa patay, at Siya ang Nakagagawa ng lahat ng bagay.﴾** ***[Qur'an 22:5-6]***

Ang Allah (ﷻ) ay laging nagsasabi ng katotohanan; sinabi Niya(ﷻ):

**﴾Ipakikita Namin sa kanila ang Aming mga Tanda sa buong sansinukob at sa kanilang sarili, hanggang sa ito'y maging maliwanag sa kanila na ito** *(Qur'an)* **ang katotohanan. Hindi pa ba sapat na ang inyong Panginoon ay Saksi sa lahat ng bagay?﴿** ***[Qur'an 41:53]***

Sa kanyang aklat, "Ang Paglaki ng Tao" ni Professor **Keith Moore**[29] ay nagsabi:

**"Maliwanag para sa akin na ang mga salitang ito ay nanggaling kay Muhammad (ﷺ) na nagmula sa Diyos o Allah(ﷻ), dahil karamihan sa mga kaalamang ito ay hindi pa natutuklasan hanggang sa bandang huli ng mga siglo.**

---

[29] Siya ay isang doctor at propesor sa semilya o bilig, sa Toronto University, Canada. Hinango sa aklat ni Muhammad al-Mut'ee's: *'I won Muhammad and did not lose the Messiah'.*

**Ito ay nagpapatunay sa akin na si Propeta Muhammad(ﷺ) ay karapat-dapat na maging Sugo ng Allah(ﷺ).”**

At sinabi pa niya:

**"Hindi mahirap para sa akin ang intindihin ang banal na mensahe (ang *Qur'an*), na nagtulak sa kanya para ipahayag ang mga ito.”**

□□□□

## Ang Katotohanan ng Buhay dito sa Mundo

Ipinaliwanag ng Allah (ﷻ) na napakalinaw sa atin ang katotohanan ng buhay dito sa mundo at ipinaalam sa atin na ito ay kahalintulad ng aninong mabilis mawala. Sinabi ng Allah(ﷻ):

**﴿Dapat ninyong malamang lahat na ang buhay dito sa mundo ay isa lamang laro at pampalipas oras, isang pagpaparangalan sa gayak at tampok na pangangalandakan sa inyong lipon at pagpaparami ng pagpapaligsahan ng inyong sarili sa mga kayamanan at mga anak. Naririto ang paghahalintulad; 'kung papaano ang ulan at pagtubo** (ng halamanan)**) ay nagbibigay ng sigla sa puso ng mga magsasaka o nagtatanim; hindi magtatagal ito ay malalanta at pagkatapos inyong makikita na ito ay maninilaw; at magiging tuyo at malalansag. Datapwat sa Kabilang Buhay ay mayroong isang malupit na kaparusahan,** (para sa mga hindi sumasampalataya)**, at** (mayroon) **Pagpapatawad mula sa Allah at** (Kanyang) **pagkalugod o kagalakan** (para sa mga sumasampalataya, mga gumagawa ng mabuti)**, At ang buhay sa mundong ito ay isa lamang mapanlinlang na pagsasaya.﴾** ***[Qur'an 57:20]***

Ipinaliwanag Niya na yaon ay isang pagsubok at ang kanyang kasiyahan ay magbibigay kaabalahan sa kaninuman (at magbibigay dahilan upang kalimutan ang Allah,ﷻ). Samakatuwid, dapat maging maingat. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿Kaya't ang anumang bagay na sa inyo ay ipinagkaloob, ito ay isa lamang nagdaang kasiyahan sa makamundong buhay na ito, datapwat kung ano ang** (nakalaan) **mula sa Allah** (ang Paraiso) **ay higit na mainam at nagtatagal sa mga sumasampalataya** (sa Kaisahan ng Allah) **at nagbibigay ng kanilang pagtitiwala**

**sa kanilang Panginoon** (sa lahat ng pangyayari sa kanilang buhay).**》** ***[Qur'an 42:36]***

Ipinaliwanag Niya na ang buhay dito sa mundo ay hindi permanente; kundi ito ang maghahatid sa buhay na walang hanggan. Ang buhay dito sa mundo ay katulad ng balangkas ng lupang masagana. Ang tao ay mag-aani kung anuman ang kanyang itinanim: kung mabuti, siya ay aani ng mabuti; kung masama, siya ay tatanggap ng masama. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**《At ipakita sa kanila ang halimbawa ng buhay dito sa mundo, ito ay katulad ng tubig** (ulan) **na Aming ibinaba mula sa alapaap, at sumanib sa mga halamanan sa lupa, at naging sariwa at luntian. Datapwat** (sa bandang huli) **ito'y naging tuyot at nadurog na putol-putol na ikinalat ng hangin. At ang Allah ay Makagagawa ng lahat ng bagay. * Ang Kayamanan at mga anak ay mga palamuti ng buhay dito sa mundo. Datapwat ang mabuti at banal na mga gawain** (ang limang takdang panalangin, mga gawaing pagsunod sa Allah(ﷻ), mapitagan na pangungusap, ang pag-aala-ala sa Allah ng may pagluwalhati, pagpupuri at pasasalamat, atbp.)**, na nagtatagal ay higit na mabuti sa Paningin ng iyong Panginoon kung sa mga biyaya at higit na mainam kung patungkol sa pag-asa.》** ***[Qur'an 18:45-46]***

Dahil sa kahinaan nitong mundo, ipinagkaloob ng Allah(ﷻ) sa mga *kuffaar* (ang mabuhay sa pananagana sa mundong ito) pati na sa mga sumasampalataya. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**《At** (alalahanin) **ng si *Ibraheem*** (Abraham) **ay nagsabi, "Aking Panginoon gawin Ninyo na ang lungsod na ito** (Makkah) **ay maging isang lugar ng kaligtasan at Inyong biyayaan ang nagsisipanirahan dito ng mga bungang-kahoy, lalo na yaong mga sumasampalataya sa Allah at sa Huling Araw". Ang Allah ay nagwika; 'Sinuman ang**

**hindi sumasampalataya, siya ay pansamantala Kong hahayaan na mabuhay sa pananagana** (sa mundong ito), **datapwat hindi magtatagal, siya ay Aking itataboy sa kaparusahan ng Impiyerno, at isang masamang patutunguhan!》** ***[Qur'an 2:126]***

At sinabi rin ng Allah (ﷻ):

**《Sa bawat isa, sa inyo at sa kanila, Kami ang nagkakaloob** (ng biyaya) **mula sa Kasaganaan ng iyong Panginoon. At ang Kasaganaan ng iyong Panginoon ay kailanman ay hindi maipagbabawal. Iyong malasin kung papaano Namin pinahalagahan ang isa nang higit sa iba** (sa mundong ito), **at katotohanan, ang** (gantimpala sa) **sa Kabilang Buhay ay higit na mainam** (para sa mga sumasampalataya) **at higit na mahalaga.》** ***[Qur'an 17:20-21]***

Si **Sahl b. Sa'd** (رضي الله عنه) ay nagsabi:

'Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay dumaan sa *Dhul-Hulaifah* at nakakita ng namimintog na katawan ng patay na tupa at nagsabi: **'Hindi ba't ang tupang ito ay walang kabuluhan sa kanyang amo?' Ang mga kasama niya ay nagsabi ng: 'Oo!' At sinabi Niya (ﷺ): 'Sa Isa na sa Kanya nakasalalay ang aking kaluluwa, ang mundong ito ay mas higit na walang kabuluhan sa Allah kaysa dito** (ang patay na tupa) **sa kanyang amo... kung ang buhay na ito ay kasukat sa pakpak ng isang langaw, hindi Niya** (Allah) **bibigyan ang mga di-mananampalataya ng kahit na isang higop ng tubig.'** ***(Haakim)***

Hihihikayat tayo ng Allah (ﷻ) na hanapin ang Kabilang Buhay at ang mga biyaya nito. Sinabi Niya (ﷻ):

**《Datapwat pinahalagahan ninyo ang buhay sa mundong ito na hindi magtatagal; * Bagama't ang Kabilang Buhay ay higit na mainam at mananatili.》** ***[Qur'an 87:16-17]***

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"**Sumpa man sa Allah, ang buhay dito sa mundo kung ihahambing sa Kabilang Buhay ay balewala kundi katulad ng taong inilubog ang daliri dito – at itinuro niya ang dagat – hayaang makita niya kung gaano ang maibabalik sa kanya** (kung gaano karaming tubig ang nasa kanyang daliri kung ihahambing ito sa dagat)." ***(Muslim)***

Walang sinumang magtatamasa ng mga biyaya sa Kabilang Buhay maliban sa mga mabubuting nilikha, yaong pinili ng Allah (ﷻ) at nagagalak sa kanila. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At sa kanya na nagbibigay** (ng kawanggawa) **at ginagampanan ang kanyang pananagutan sa Allah at may pangamba sa Kanya. ⁎ At siya'y naniniwala sa *Al-Husna*** (ang Pinakamainam na gantimpala- ang Islam, ang daan tungo sa Paraiso). ⁎ **Katotohanang gagawin Naming magaan sa kanya ang Landas patungo sa Paraiso. ⁎ Datapwat kung siya ay maramot** (at makasarili) **at nagpapalagay na may sarili siyang kasapatan. ⁎ At nagbibigay ng kasinungalingan sa *al-Husna*** (ang Pinakamainam na gantimpala- ang Islam, ang daan tungo sa Paraiso). ⁎ **Katotohananang gagawin Naming matiwasay sa kanya ang Landas patungo sa Kapariwaraan** (Impiyerno).﴿ ***[Qur'an 92:5-10]***

Hindi ibig pakahulugan nito na kailangang maging isang monghe at iwanan ang lahat ng mabuti at ang pinapayagang mga bagay sa buhay na ito mula sa pagkain, inumin, pananamit, at pag-aasawa. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Ipahayag** (O Muhammad,ﷺ); **'Sino ang nagbawal sa magagandang kaloob** (mga palamuti sa damit) **na iginawad ng Allah para sa Kanyang mga alipin, at ng mga *At-Tayyibaat*** (lahat ng mga uri ng malilinis at pinahintulutang mga bagay) **na pagkain?'**...﴿ ***[Qur'an 7:32]***

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang may malakas na pananampalataya ay higit na mabuti at mas minamahal ng Allah kaysa sa mahinang mananampalataya, at ang bawa't isa ay may taglay na kabutihan. Maging masidhi sa paggawa ng mga bagay na magbibigay sa iyo ng kabutihan at hingin ang tulong ng Allah, at huwag maging pabaya sa pagsasagawa nito. At kung may kasawian na nangyari sa iyo, huwag mong sasabihing, 'Kung ginawa ko sana ang mga bagay na iyon,' kundi sabihin, 'Ito ang *Qadar*** *(itinadhana)* ***ng* Allah, at kung ano ang Kanyang naisin ay Gagawin Niya** [*Qadarullaah, wa maa shaa fa'al*],' **at tunay nga na ang** (pagsabi ng) **'kung' ay magbubukas sa pintuan ni Satanas sa kanyang** (masasamang) **gawain."** ***(Muslim)***

Ang ipinag-uutos sa atin ng *Deen* (Relihiyon) ay maging kainaman sa ating pamamaran ng buhay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At huwag hayaang ang inyong kamay ay matali** (katulad ng gahaman sa salapi) **sa inyong leeg, o pahabain ito para maabot ang pinakadulo** (katulad ng isang gastador), **para kayo'y maging karapatdapat na masisi at sa mahigpit na kahirapan. ⁎ Tunay nga, pinalalaki ng inyong Panginoon ang inyong pangangailangan para sa taong Kanyang maibigan at mapahirapan** (ang mga taong Kanyang naisin). **Tunay, Siya ay Laging Maalam sa Lahat, Nakikitang Lahat ang Kanyang mga alipin.﴿** ***[Qur'an 17:29-30]***

## Ano ang Layunin sa Paglikha ng mga Tao at Jinn?

Nilikha ng Allah (ﷻ) ang mga tao at jinn upang sambahin Siya(ﷻ) na mag-isa. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at mga tao maliban na tanging sambahin lamang Ako** (Mag-isa). * **Ako ay hindi naghahanap ng ano pamang pangangailangan mula sa kanila** (tulad ng pangangailangan para sa kanilang sarili o para sa Aking mga nilikha) **gayundin naman, Ako ay hindi nanghihingi sa kanila na pakainin nila Ako** (tulad ng pagpapakain sa kanilang sarili o sa Aking mga nilikha). * **Katotohanan, ang Allah ang Tagapanustos ng Lahat,** (Siya ang nagbibigay ng lahat ng ikinabubuhay), **Nagmamay-ari ng Kapamahalaan, ang Pinakamakapangyarihan.﴿** ***[Qur'an 51:56-58]***

Ang tao ay hindi nilikha ng walang layunin. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Kayo ba ay nag-aakala na Amin lamang nilikha kayo sa paglalaro** (na walang layunin), **at kayo ay hindi muling magbabalik sa Amin? Higit na Kataas-taasan ang Allah, ang Tunay na Hari, *La ilaha illa Huwa*** (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), **ang Panginoon ng Dakilang Trono!﴿** ***(Qur'an 23:115-116)***

Ang Allah (ﷻ) ay nagpadala ng mga Sugo sa sanlibutan sa ibat-ibang panahon para maipaliwanag sa kanila at mapatnubayan sila sa Tamang Landas tungo sa Kagalakan ng Allah(ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ang nagsabi:

**﴾Ang sangkatauhan ay isang pamayanan lamang** (iisa ang Relihiyon, ang Islam, datapwat pagkaraan, sila ay nagkaiba-iba ng landas) **at ang Allah ang nagsugo ng mga Tagapagbalita na may taglay na magandang balita at paala-ala, at sa kanila ay Kanyang ipinagkaloob ang Aklat ng katotohanan upang kanilang mahatulan ang mga tao sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan. Datapwat ang mga Angkan ng Kasulatan** (mga Hudyo at Kristiyano) **ay hindi sumang-ayon sa Relihiyon ni Muhammad(ﷺ), dahilan sa matinding pagkamuhi nila sa**

**kanya, matapos ang maliwanag ng mga Katibayan tungkol sa kanya na dumatal sa kanila. Sa kapahintulutan ng Allah ay Kanyang pinatnubayan sa Katotohanan ang mga sumasampalataya tungkol sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan. Sapagkat ang Allah ay namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan sa Tuwid na Landas.﴿** ***[Qur'an 2:213]***

Ito ang pangyayari hanggang sa nabuo ang lahat ng mga kapahayagan sa pamamagitan ng Mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ) na siyang ipinadala sa sangkatauhan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ipahayag** (O Muhammad,ﷺ)**: 'Ipakita ninyo sa akin sila na inyong inaakibat bilang mga katambal sa Kanya. Hindi** (wala Siyang katambal sa anumang kaparaanan)! **Datapwat** (tanging) **Siya ang Allah** (Nag-iisa)**, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.'﴿** ***[Qur'an 34:27]***

Ang tungkulin na dapat matupad ng bawa't nilalang kung bakit sila nilikha ay maliwanag at napagpasiyahan: ay ang sambahin ang Allah (ﷻ) na Siyang lumikha sa kanila. Sinuman ang nagsakatuparan (sumamba lamang sa Allah) sa kanyang buhay dito na kung saan siya nilayon ay makakamtan niya ang tunay na kaligayahan, kahit na ang ligayang nakamtan niya sa buhay dito ay bahagya lamang, subalit sinuman ang hindi tumupad sa kanyang buhay dito na kung saan siya ay nilayon (sumamba lamang sa Allah), ay matatagpuan niya ang kawalan, problemang sikolohiya, hindi mapakali, at ang kalungkutan sa buhay dito, kahit na ang lahat ng libangan at kaligayahan sa buhay ay maaari niyang makamtan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾…Kung gayon, sinuman ang sumusunod sa Aking patnubay ay hindi mapapaligaw** (dito sa mundo) **at gayundin naman siya ay hindi mahuhulog sa kalumbayan at kapighatian** (sa Araw ng Paghuhukom). *

**At kung sinuman ang hindi sumunod sa Aking paala-ala, katotohanan sasakanya ang buhay ng kahirapan at siya ay bubuhayin Naming muli na bulag sa Araw ng Muling Pagkabuhay.❳** ***(Qur'an 20:123-124)***

Walang hindi nilalang dito sa sanlibutan maliban na mayroong naitakdang layunin, karunungan at dakilang kapakinabangan, kahit na maintindihan natin ito o hindi. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**❲At nilikha Namin ang Langit at Lupa at ang lahat ng nasa pagitan nito ng walang layunin! Iyan ang pakundangang katwiran ng mga di-nananampalataya! Kaya't pagdurusa sa mga taong di-nananampalataya** (sa Kaisahan ng Allah) **sa Impiyerno!❳** ***(Qur'an 38:27)***

Ang pagsamba sa Allah (ﷻ) ay magagampanan sa pamamagitan ng pagtupad sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal, na maaari lamang gawin ng naaayon at alinsunod sa Kanyang batas. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**❲At katotohanan, ito ang Aking Daang Matuwid, kaya't sundin ito, at huwag sundin ang** (ibang) **mga daan, dahil ang mga ito ang magpapahiwalay sa inyo sa Kanyang Daan. Ito'y Kanyang itinadhana para sa inyo para kayo'y maging banal.❳** ***[Qur'an 6:153]***

Ang isang tao ay hindi dapat magsabi ng mga bagay tungkol sa *Deen* na hindi ginawang batas ng Allah(ﷻ), kahit na ito'y ayon sa kagustuhan o hindi sinasadya. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**❲At ang Allah ang nag-aangkin** (ng lahat) **ng Pinakamagagandang Pangalan, kaya't Siya ay kalugdan ninyo sa mga Pangalang yaon, at iwanan ninyo ang mga pangkat na nagsasagawa ng kasinungalingan** (na nagsasabi ng walang galang na salita) **laban sa Kanyang mga Pangalan…❳** ***[Qur'an 7:180]***

# Ang Katapusan

# Ang Katapusan

Ang katapusan ng bawa't nilalang dito sa sanlibutan ay kamatayan… walang maaaring makatakas dito. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ang sinuman na nasa** (kalupaan) **ay maglalaho. At mananatili magpakailanman ang Mukha ng iyong Panginoon na nag-aangkin ng Kaluwalhatian at Karangalan.﴿** ***[Qur'an 55:26-27]***

Kahit na anong pagtatangka ng tao na iwasan ito (kamatayan), hindi niya maaaring magawa. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ipahayag** (sa kanila)**: 'Katotohanan, ang kamatayan na inyong tinatakasan ay walang pagsalang daratal sa inyo, at kung magkagayon, kayo ay muling ibabalik** (sa Allah)**, ang Lubos na Nakakaalam nang lahat ng mga nalilinggid at nakalantad, at Siya ang magsasabi sa inyo kung ano ang inyong ginawa'.﴿** ***[Qur'an 62:8]***

Anuman ang gawin ng tao para mapahaba ang kanyang buhay; ay hindi niya maaaring magawa, dahil ito ay ang naitakda at naiatas. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At bawat nasyon ay mayroong kanya-kanyang naitakdang panahon; kung ang kanilang takdang panahon ay sumapit na; kahit na isang oras** (o isang sandali)**, sila ay hindi makakaantala nito at gayundin, sila ay hindi makapagpapauna nito kahit na isang oras** (o isang sandali)**.﴿** ***[Qur'an 7:34]***

Hinahamon ng Allah (ﷻ) ang mga tao at *jinn* na mayroong pag-aalinlangan sa pagkakaroon ng Allah(ﷻ), ang Tagapaglikha, na Lumikha sa kanila, sa mga sumusunod:

﴾**Datapwat bakit hindi kayo** (mamagitan) **sa oras na** (ang kaluluwa ng taong mamamatay) **ay umabot na sa kanyang lalamunan? At kayo sa sandaling iyon ay tumitingin. Datapwat Kami** (i.e. Ang Aming mga anghel na kumukuha ng kaluluwa) **ay higit na malapit sa kanya kaysa sa inyo, subali't** (sila) **ay hindi ninyo nakikita. At bakit hindi ninyo ginawa, kung kayo nga ay hindi sakop ng** (darating na) **pagsusulit at kabayaran** (kaparusahan atbp.) **inyong ibalik ang kaluluwa** (sa kanyang katawan), **kung kayo ay nagsasabi ng makatotohanan?**﴿ ***[Qur'an 56:83-87]***

Sa oras ng kamatayan, ang bawat isa ay maniniwala, datapwat wala na silang pagkakataong bumalik sa mundong ito at makagawa ng mga kabutihan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Hanggang ang kamatayan ay sumapit sa isa sa kanila** (na hindi sumasampalataya at nag-aakibat ng katambal sa Allah)**, at nagsabi: 'O Aking Panginoon! Ako ay muli ninyong ibalik** (sa mundo)**. Upang ako ay makagawa ng kabutihan sa mga bagay na aking naiwan** (napapabayaan)**!' Hindi! ito ay isa lamang salita na kanyang sinasabi, at sa likod nila ay may** (hadlang - ang buhay sa) ***Barzakh*** (ang buhay matapos ang kamatayan), **hanggang sa Araw na sila ay muling ibabangon.**﴿ ***[Qur'an 23:99-100]***

Ang Allah (ﷻ) lamang ang nakakaalam kung kailan at saan mamamatay ang tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Katotohanan ang Allah lamang ang may kaalaman sa** (Huling) **Oras** (ang katapusan ng mundo)**. Siya ang nagpapamalisbis ng ulan at Siya** (lamang) **ang nakakaalam** (sa laman) **ng mga sinapupunan. At walang sinuman** (kaluluwa) **ang nakakaalam kung ano ang mangyayari sa kanya sa kinabukasan; at wala ring nakakaalam kung saang lupain siya mamamatay. Katotohanan ang Allah** (lamang) **ang Ganap na Maalam**

**at Siya ang nakababatid** (ng lahat ng bagay).**﴿** ***[Qur'an 31:34]***

Ang kamatayan ay may dalawang uri; malaki at mababa. Malaking uri ng kamatayan ay kung saan ang kaluluwa ay mahihiwalay sa katawan na hindi na makababalik dito. Ang mababang uri ng kamatayan ay ang pagtulog; na kung saan ang kaluluwa ay mahihiwalay sa katawan at makababalik pa dito pagkatapos. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ang Allah ang kumukuha ng kaluluwa** (ng mga tao) **sa sandali ng kanilang kamatayan, gayundin** (sa kaluluwa ng mga tao) **na hindi namatay sa sandali ng kanilang pagtulog. Hinahawakan Niya ang mga kaluluwa ng mga tao na ang kamatayan ay naitakda na at ibinabalik Niyang muli ang ibang** (kaluluwa) **para sa panahong naitakda. Katotohanan, naririto ang mga Tanda para sa mga tao na matiim na nagmumuni-muni.﴿** ***[Qur'an 39:42]***

## Ano ang Mangyayari Pagkatapos Mamatay ang Tao

Pagkatapos mamatay ang tao ay ibabangong muli, at ang kanyang talaan ng mga gawa ay ipapakita. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ito ay sapagkat ang Allah ang Siyang Katotohanan, at Siya ang nagbibigay ng buhay sa patay, at Siya ang Nakagagawa ng lahat ng bagay.﴿** ***(Qur'an 22:6)***

Ang hindi mananampalataya sa lahat ng panahon ay hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay at ang pagpapakita ng mga nagawa. Ito ay bagay na hindi na bago. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ang mga hindi sumasampalataya ay nag-aakala na sila ay hindi ibabangong muli** (sa pagsusulit)**. Ipahayag** (O Muhammad, ﷺ)**: 'Tunay nga ako ay nanunumpa sa aking Panginoon, walang pagsala na kayo ay ibabangong muli, at sa inyo ay ipapahayag ang** (kabayaran nang) **lahat ng inyong ginawa, at ito ay lubhang magaan sa Allah.﴿** ***(Qur'an 64:7)***

Ginawa nila ang kanilang buong makakaya para mapariwara ang mga tao at tanggihan ang katotohanan na sila ay mabubuhay muli pagkatapos ng kamatayan (dito sa lupa). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾**(Ang pinuno ng isang tribo ay nagsabi) **Ipinangako ba niya sa inyo na kung kayo ay patay na at maging alabok at mga buto, na kayo ay muling ilalabas nang buhay** (sa Muling Pagbabangon)**? Napakalayo, lubhang malayo ang sa inyo ay ipinangako!'﴿** ***[Qur'an 23:35-36]***

Napag-akala nila na ang kanilang buhay ay tunay na pangkalikasan lamang at hindi napagtanto na ang mga ito

(buhay at kamatayan) ay mga nalikhang katulad nila. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At sila ay nagsasabi: 'Mayroon pa ba kayang ibang buhay maliban sa aming buhay sa mundong ito? Kami ay mamamatay at kami ay nabubuhay at tanging Ad-*Dahr*** (Panahon) **lamang ang makasisira sa amin.' Datapwat kung tungkol dito** (Kabilang Buhay), **sila ay walang kaalaman, bagkus, sila ay naghahaka-haka lamang.﴿** ***[Qur'an 45:24]***

Ang iba ay naghanap ng imposibleng mga katibayan para lang maniwala. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Katotohanan, ang mga taong ito** (*Quraish*) **ay nagsasabing: 'Wala ng iba pa maliban sa aming unang kamatayan, at kami ay hindi na muling ibabangon. Kaya't ibangon ninyong muli ang aming mga ninuno kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!'﴿** ***[Qur'an 44:34-36]***

Pinabulaanan sila ng Allah (ﷻ) sa pagsabing:

**﴾At sila ay nagsasabi: 'Kung kami ba ay mga buto na at lansag-lansag** (o alabok na lang), **tunay bang kami ay muling ibabangon sa bagong paglikha?' Ipahayag mo** (O Muhammad,ﷺ)**: Maging kayo man ay bato o bakal, O iba pang likhang-bagay na sa inyong isipan ay higit na matigas** (upang ibangon), **gayon man kayo ay ibabangon! At sila ay magsasabi; 'Sino ang magpapanumbalik sa amin** (sa pagkabuhay)**?' Ipahayag; 'Siya** (Allah) **na lumikha sa inyo noong una!' At sila ay magsisiiling ng kanilang ulo at magsasabi: 'Kailan kaya ito magaganap?' Ipahayag: 'Marahil, ito ay malapit na!' Sa araw na Kanyang pagparito ay tatawagan kayo, at kayo ay tutugon** (sa Kanyang panawagan) **habang kayo ay lumuluwalhati sa Kanya, at mapag-iisip lamang ninyo** (sa sandaling yaon) **na kayo ay nanatili lamang** (sa mundong ito) **sa maigsing sandali!'﴿** ***[Qur'an 17:49-52]***

Itinanggi nila at pinasinungalingan ang Araw ng Paghuhukom. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

❮**At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: 'Ang** (Huling) **Oras ay hindi sasapit sa amin'. Tunay nga! Ako ay nanunumpa sa aking Panginoon, ito ay katiyakang daratal sa inyo.** (Ang Allah) **ang Ganap na Nakakaalam ng Nalilingid'. Hindi makakaligta** (sa Kanyang Karunungan) **maging ang timbang ng isang atomo o** (anumang) **bagay na maliit pa rito o malaki sa kalangitan at kalupaan, bagkus,** (ang mga ito) **ay nasa loob ng isang Maliwanag na Talaan** *(Al-Lawh Al-Mahfuz)*. **Upang magantimpalaan Niya ang mga sumasampalataya** (sa Kaisahan ng Allah) **at nagsisigawa ng katwiran at kabutihan. Sasakanila ang pagpapatawad at panustos na nag-uumapaw** (sa *Jannah* - Paraiso).❯ ***[Qur'an 34:3-5]***

Sa Araw na iyon, bubuhayin ng Allah (ﷻ) ang buong santinakpan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

❮**Ang pagkakalikha at ang muling pagkabuhay ninyong lahat ay katulad lamang** (ng paglikha at muling pagbuhay) **ng isang tao. Katotohanan ang Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang lubos na nakakarinig.**❯ ***[Qur'an 31:28]***

Titipunin sila ng Allah (ﷻ) ng magkakasama sa Araw na iyon, ang Araw ng Pagbibigay Gantimpala. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

❮**Ipahayag** (O Muhammad,ﷺ): **'Tunay nga! Sila** (mga tao) **sa panahong sinauna at sila** (mga tao) **sa huling panahon.' Walang pagsala na titipunin ang lahat nang sama-sama para sa Pakikipagtipan sa bantog na Araw.'**❯ ***[Qur'an 56:49-50]***

Lahat ng nilikha ay mabubuhay muli sa Araw na iyon. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At katotohanan batid Namin ang inyong mga unang henerasyon na nagsipanaw, at walang pagsala na nababatid Namin ang inyong kasalukuyan henerasyon** (ng sangkatauhan) **gayundin ang mga darating na mga henerasyon.﴿** ***[Qur'an 15:24]***

Kaya't ang Allah (ﷻ) ang Siyang maghuhukom sa lahat ng nilalang nang alinsunod; kung sila ay nakagawa ng kabutihan, sila ay gagantimpalaan, at kung nakagawa sila ng kasamaan, sila ay mapaparusahan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Sa Araw na makakaharap ng bawat tao ang lahat ng mabuti na kanyang ginawa, at ng lahat ng masama na kanyang ginawa, siya ay maghahangad na mayroon sanang malaking agwat sa pagitan niya at ng kanyang kasamaan. At ang Allah ay nagbabala sa inyo laban sa Kanyang Sarili** (sa Kanyang Kaparusahan) **at ang Allah ay Puspos ng Kabaitan sa** (Kanyang) **mga alipin.** ﴿ ***[Qur'an 3:30]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Sa Araw na sila ay ibabangong muli ng Allah ng sama-sama** (sa Araw ng Muling Pagkabuhay) **at sasabihin sa kanila ang kanilang mga ginawa. Isinaalang-alang ng Allah ang mga bagay na ito, habang ito ay kanilang nakalimutan. At ang Allah ay Saksi sa lahat ng bagay.﴿** ***[Qur'an 58:6]***

Sa dakilang araw na iyon, hindi aariin ng mga tao ang pinakamalapit at pinakamamahal na kaanak. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Magkagayon kapag sumapit na ang *as-Saakhkhah*** (ang pangalawang pag-ihip ng Tambuli sa Araw ng Muling Pagkabuhay) ⁕ **Sa Araw na ito, ang tao ay tatakas sa kanyang sariling kapatid. At sa kanyang ina at sa kanyang ama.** ⁕ **At sa kanyang asawa at sa kanyang**

**mga anak. ⁕ Sa Araw na ito ang bawat tao ay mababahala lamang sa kanyang sarili at hindi makakapagbigay ng pansin sa iba.﴿** ***(Qur'an 80:33-37)***

Kapag makita ng mga masasamang tao sa kanilang sariling mga mata ang kaparusahan, hihilingin nila kung maaaring tubusin ang kanilang sarili mula sa Impiyerno at gagawin nila ang mga taong kanilang pinakamamahal bilang pantubos. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Kahit na sila ay magkakatinginan sa isa't isa** [(sa Araw ng Muling Pagkabuhay) ang lahat ay makakakilala sa kanyang ama, mga anak at kamag-anak, datapwat siya ay hindi mangungusap sa kanila o kaya ay hihingi sa kanila ng tulong)]**. Ang ninanais ng mga *mujrim*** (kriminal, makasalanan, walang pananalig sa Allah, atbp.) **ay matubos niya ang kanyang sarili sa kaparusahan sa Araw na iyon na ang kabayaran ay ang kanyang mga anak; ⁕ At kanyang asawa at kanyang mga kapatid. ⁕ At ang kanyang kamag-anak na nagbigay sa kanya ng masisilungan, ⁕ At ang lahat ng bagay na nasa kalupaan, para lamang mailigtas siya.﴿** ***[Qur'an 70:11-14]***

Magdadaan ang Araw na iyon; na walang maaaring tutubos sa kanyang sarili o dili kaya'y magkakaroon ng pagpapalitan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya, kahit na sila ay nagmamay-ari ng lahat ng bagay dito sa mundo at** (isa pang) **katulad nito at pagsamahin, upang ibigay na pantubos sa kanila sa kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanila, at sasakanila ang matinding kaparusahan.﴿** ***[Qur'an 5:36]***

Ang bagay na matatanggap lamang sa Araw na iyon ay ang kanya-kanyang mabubuting gawain. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**❮At hindi ang inyong mga kayamanan, o kaya ang inyong mga anak ang magiging dahilan upang kayo ay mapalapit sa Amin, datapwat sila lamang na sumasampalataya** (sa Kaisahan ng Allah) **at nagsisigawa ng kabutihan; sila ang gagantimpalaan ng maraming** (o ng dalawang) **ulit dahilan sa kanilang ginawa, at sila ay malalagay sa matataas na mga silid** (ng *Jannah* - Paraiso) **na ligtas at napapangalagaan.❯** ***[Qur'an 34:37]***

## Sa Araw na iyon:

**❮...ito ay hindi magdudulot ng kapakinabangan sa isa mang kaluluwa na hindi sumampalataya noong una, gayundin hindi makikinabang ang gumawa ng kabutihan sa ganitong pananampalataya** (kung hindi niya ito ginawa noong una)**...❯** ***[Qur'an 6:158]***

Sa lahat ng pang-materiyal na bagay na kung saan nakagawian ng tao ang paghingi ng tulong ay darating ang katapusan nito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**❮At katotohanan, kayong lahat ay dumating sa Amin na nag-iisa** (walang kayamanan, mga kasama o anupamang bagay) **katulad nang kayo ay Aming likhain sa pasimula. Iniwan ninyong lahat ang mga bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo...❯** ***[Qur'an 6:94]***

Ang bagay na matitira lamang ay ang mga ginawa niya sa buhay na ito; masama man o mabuti. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**❮Kaya't kung sinuman ang gumawa ng mabuting gawa na katumbas ng bigat ng isang atomo** (o isang maliit na langgam) **ay makakamalas nito. ⁎ At kung sinuman ang gumawa ng masamang gawa na katumbas ng bigat ng isang atomo** (o isang maliit na langgam) **ay makakamalas nito.❯** ***[Qur'an 99:7-8]***

□□□□

## Ano ang Mangyayari Pagkatapos Tayong Buhaying muli ng Allah (ﷻ)

Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay, ang tao ay maaaring mapunta sa *Jannah* (Paraiso) o sa Impiyerno; na (ang buhay dito) ay walang hanggan. Ang mga titira rito ay mabubuhay magpakailanman sa kanilang mga tatahanan. Ang mga tao ay huhukuman ng Allah(ﷻ), ang Pinakadakila, na Siyang Makatarungan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At itatatag Namin ang timbangan ng katarungan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kaya't walang sinuman ang tuturingan ng kawalang-katarungan sa lahat ng bagay. At kung mayroon mang gawa na katulad ng bigat ng isang buto ng mustasa, ito ay Aming itatambad. At Kami ay Sapat na bilang Tagasulit.﴿** ***[Qur'an 21:47]***

Ang bawa't nasyon ay mahuhukom ng alinsunod sa *Deen* (Relihiyon) na ipinahayag ng kanilang Sugo sa kanila. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾(At alalahanin) **ang Araw na Aming tatawagin ng sama-sama ang lahat ng mga tao na kasama ang kanilang** (itinalagang) ***Imam*** [ang kanilang mga Propeta o ang talaan ng kanilang mga mabubuti at masasamang gawa, o ang kanilang mga Banal na Aklat katulad ng *Qur'an*, ang *Tawraah* (Mga Batas), ang *Injeel* (Ebanhelyo), atbp.]**. Kaya't kung sinuman ang nabigyan ng kanyang talaan sa kanyang kanang kamay, siya ang babasa sa kaniyang sariling talaan at hindi sila pakikitunguhan kahit na katiting ng kawalang katarungan. At sinuman ang nabulag dito sa mundo**

(hindi niya nakita ang mga Tanda ng Allah, at hindi siya sumampalataya sa Kanya) **ay magiging bulag din sa Kabilang Buhay, at higit na naliligaw sa tamang Landas.﴾** ***[Qur'an 17:71-72]***

Ang mga Muslim ay makakapasok sa *Jannah* (Paraiso), na kung saan ang kaligayahan ay walang hanggan, sapagkat sila ay sumampalataya at gumawa ng mga kabutihan. Ginampanan nila kung ano ang ipinag-utos ng Allah(ﷻ) at ng Kanyang Sugo at umiwas sa mga ipinagbabawal sa kanila. Walang kamatayan dito (*Jannah)*, dahil ang ating Panginoong Allah(ﷻ) ay nagpahayag sa atin at nagsabi:

**﴿Katotohanan! Ang *Muttaqoon*** (mga matuwid at banal na tao) **ay mapapasalugar ng Kapanatagan** (*Jannah*). **⁕ Sa gitna ng Halamanan at Batis. ⁕ Na nakadamit ng pinong sutla at** (gayundin) **sa makapal na seda, na magkaharap sa bawa't isa. ⁕ Kaya't** (ito ang mangyayari), **at sila ay Aming ipapangasawa sa mga *Hooris*** (mga babaeng lubhang mapuputi at kaaya-aya) **na may maluwag at mapang-akit na mga mata ⁕ Sila ay tatawag dito sa lahat ng uri ng prutas ng may kapayapaan at kaligtasan. ⁕ Sila ay hindi kailanman makakalasap ng kamatayan dito maliban sa unang kamatayan** (dito sa mundo), **at sila ay maililigtas Niya mula sa Kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy. ⁕ Bilang isang Biyaya mula sa iyong Panginoon! Ito ang sukdol ng tagumpay!﴾** ***[Qur'an 44:51-57]***

Sa mga biyayang matatamasa ng mga tao sa *Jannah* (Paraiso); ang Sugo (ﷺ) ay nagsalaysay na ang Allah(ﷻ)[30] ay nagsabi:

[30] Sa Hadeeth Qudsi.

**"Inihanda Ko para sa Aking mga mabubuting alipin ang katulad ng** (isang gantimpala) **na wala pang mata ang nakakita o tainga na nakarinig at ni hindi pa nalirip o naisip man lang ng isang nilalang." Si Abu Hurairah** (ﷺ) ay nagsabi: **"Basahin kung gusto ninyo ang mga salita ng Allah":**

**﴾Walang tao ang nakakaalam kung ano ang nakalingid para sa kanila ng may kaginhawahan bilang gantimpala sa kinaugaliang kanilang ginagawa** (na mabubuti).**﴿** ***[Qur'an 32:17]***[31]

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang unang grupo ng tao na papasok sa *Jannah*** (Paraiso) **ay kahalintulad sila ng kabilugan ng buwan. Ang susunod na grupo ay magiging katulad ng isang bituin na pinakamaliwanag sa kalangitan. Hindi na nila kailangang umihi o dumumi o dumura o maglabas ng uhog** (dito). **Ang kanilang mga suklay ay ginto, ang kanilang pawis ay magiging pabango, at ang kanilang insiyenso ay katulad ng Indian '*Ood*'. Ang kanilang mga asawa ay magiging katulad ng *Hoor al-'Een*, ang kanilang pag-uugali ay magiging ugali ng isang tao** (tulad ng hindi sila masusuklam o hindi magkasundo sa bawa't isa), **at sila ay magiging katulad ng kanilang ama,** (Adan,) **anim-napung dipa** (ang taas).**"** ***[Ibn Hibbaan]***

**Si Jaabir** (ﷺ) ay nagbalita na ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Tunay nga na ang mananahan sa *Jannah* ay kakain at iinom, pero hindi sila dudura o iihi o dudumi o kailangan nilang alisin ang kanilang uhug."** Sila ay nagtanong, **"Paano ang kanilang pagkain?"** Sinabi niya, **"Sila ay didighay at pagpapawisan** (katulad) **ng bango ng isang**

[31] Bukhari.

**'*musk*'. Sila ay kusa o karaniwang pararangalan at pupurihin ang Allah katulad ng paghinga nila.”** ***(Muslim)***

**Si Zaid bin Arqam** (ﷺ) ay nagsabi:

**“Isang lalaki mula sa mga Hudyo ay pumunta sa Propeta(ﷺ) at nagsabi: ‘O Abaa al-Qaasim (Muhammad,ﷺ)! Hindi mo ba iniisip na ang mga tao sa Jannah ay kumakain at umiinom? Ang Sugo ng Allah(ﷺ) ay nagsabi: “Sa Kanya na nakasalalay sa Kanyang mga kamay ang aking kaluluwa, lahat kayo ay mabibigyan ng lakas ng isang daang katao sa kakayahan niyang kumain, uminon, at makipagtalik.” Ang Hudyo ay nagsabi: “Tunay nga na ang bawa’t tao na kumain at uminom ay kailangang magpabawa ng kanyang sarili.” Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay sumagot: “Pahuhupain nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagpapawis mula sa kanilang mga balat, at ang halimuyak ay katulad ng *musk*, at ang lahat ng mga tiyan ay magiging balingkinitan.”** **[*Ibn Hibbaan*]**

Si **Abu Hurairah**(ﷺ) ay nagsaad na ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

**“Ang tagatawag ay tatawag at magsasabi: 'Tunay nga na sana ay maging malusog at hindi na kayo kailanman magkakasakit, sana ay mabubuhay kayo at hindi na kailanman mamatay muli, sana ay laging nasa kabataang sibol kayo at hindi na kailanman magiging mahina muli, sana ay masisiyahan kayo at hindi na kailanman malulungkot at magsisisi muli. At ito ang salita ng Allah:**
**﴾…At sabihin sa kanila: 'Ito ang *Jannah*** (Paraiso) **na inyong namana dahilan sa inyong mga ginawa.’﴿** ***[Qur'an 7:43]***[32]

[32] Muslim.

Ipinahayag din ng Propheta(ﷺ) sa amin ang tungkol sa biyaya na tinatamasa ng mga nakatira sa pinakamababang antas ng *Jannah* (Paraiso). Sinabi Niya(ﷺ):

**"Tunay nga na alam ko ang pinakahuling tao na aalis sa Impiyerno at ang huling tao na papasok sa *Jannah*** (Paraiso)**: siya yaong taong lilisanin ang Impiyerno na gumagapang. Ang Allah ay magsasabi, 'Yumao at pumasok sa *Jannah*** (Paraiso)**.' Nang dumating siya rito** (Paraiso)**, gagawin at makikita itong parang puno, kaya't siya ay babalik at magsasabing, 'O aking Panginoon, natagpuan ko ito na puno.' Pagkatapos noon ang Allah ay magsasabi, 'Yumao at pumasok sa *Jannah*** (Paraiso)**, dahil tunay nga na ang para sa iyo ay kahalintulad ng sampung beses sa laki ng mundo** (o sampung beses na mas higit na malaki kaysa sa mundo)**' Sasabihin niya, 'Alam ko na hindi mo ako kinukutya** (o tinatawanan) **dahil Ikaw ang Hari, subalit ang nakapagtataka ay kung papaano Mo ako pagkakalooban nito na hindi naman ako karapat-dapat!"**

Pagkaraan ang tagapagsalaysay ay nagsabi:

**"Kasunod nito, nakita ko ang Sugo ng Allah(ﷺ) na tumawa hanggang sa ang kanyang bagang ay magsimulang makita. Iyan ang nasabing pinakamababang antas ng *Jannah*** (Paraiso)**".** ***(Bukhari at Muslim)***

Para sa mga hindi sumasampalataya na tumanggi at pinasinungalingan ang mga Sugo at ang kanilang kapahayagan, ang katapusan nila ay sa Impiyerno, at sila ay mananahan dito magpakailan man. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿At sila na nagtatakwil** (sa Allah at sa Islam)**, sasakanila ang Apoy ng Impiyerno. Hindi itinakda sa kanila** (ang ganap na kamatayan) **upang sila ay mamatay** (hindi sila

mamamatay kahit na sila ay pinaparusahan) **gayundin, ang kaparusahan sa kanila ay hindi magbabawa** (magiging magaan). **Sa gayong paraan Namin pagbabayarin ang bawat isa na walang damdamin ng pasasalamat! ⁕ Dito sila ay magsisitaghoy nang malakas** (sa paghingi ng tulong)**: 'O aming Panginoon! Kami ay ibalik Ninyong muli** (sa buhay sa mundo); **kami ay magsisigawa ng kabutihan at hindi na gagawin ang mga gawaing nakahinatnan namin noon!'** (Ang Allah ay magwiwika); **'Hindi baga kayo ay binigyan Namin ng mahabang buhay, upang kung sinuman ang nais makatanggap ng paalaala ay makatatanggap nito** (o makakaala-ala)**? At ang tagapagbabala ay dumatal sa inyo, kaya't inyong lasapin** (ang kaparusahan ng inyong mga gawa)**. At sa *Zalimun*** (mga mapaggawa ng kamalian at mapagsamba sa diyus-diyosan), **sila ay walang magiging katuwang.'》** ***(Qur'an 35:36-37)***

Inilarawan ng Marangal na Sugo (ﷺ) ang pinakamaliit na parusa na malalasap sa Impiyerno sa kanyang kasabihan:

**"Ang pinakamaliit na parusa na malalasap ng isang tao sa Impiyerno sa Araw ng Pagbabayad ay katulad ng paglalagay ng dalawang naglalagablab na uling sa ilalim ng kanyang mga paa, at ang kanyang utak ay kukulo na parang isang palayok."** ***(Bukhari)***

Ang ibang kadahilanan na magpaparami ng galak at mga biyaya ng mga tao sa *Jannah* at ang mga nasa Impiyerno sa kanilang kalungkutan ay kung ano ang ipinahayag ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanyang kasabihan:

**"Dadalhin ang Kamatayan sa hubog ng isang itim at puting lalaking tupa. Ang tagatawag ay iiyak** (sa pagsabing), **'O mga tao ng *Jannah*** (Paraiso)**!', at susubukan nilang tingnan ito** (kamatayan) **ng lahat ng mga dumagsa** (pangkat ng tao)**. Siya ay magpapatuloy, 'Alam niyo ba kung sino ito?' Sasagot sila, 'Oo, ito ay si Kamatayan.' Makikita nilang lahat ito. At ang lalaking tupa ay kakatayin** (ang Kamatayan)**. At sasabihin niya,**

**"O mga tao ng *Jannah*, mabubuhay kayo ng walang hanggan na hindi na makikita ang Kamatayan;** (at) **O mga tao ng Impiyerno, mabubuhay kayo ng walang hanggan na hindi na makikita ang kamatayan."**

Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At magbigay babala sa kanila** (O Muhammad,ﷺ) **sa Araw ng Dalamhati at Pagsisisi, kung ang pangyayari ay napagpasiyahan na, habang** (sila ngayon) **ay nasa kalagayan ng pagpapabaya** (tulad ng maraming tao sa mundo)**...at sila ay hindi sumasampalataya.﴿** ***[Qur'an 19:39]***[33]

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Walang makakapasok sa *Jannah* hanggang hindi ipinapakita sa kanya** (habang siya ay nasa puntod) **ang pook na kung saan sana siya dapat manirahan… sa Impiyerno kung nakagawa siya ng kasamaan** (at hindi sumampalataya), **upang** (higit na maramdaman niya ang kasiyahan at) **magpakita ng higit na pasasalamat. At walang makakapasok sa Impiyerno hanggat hindi maipakita sa kanya ang pook na kung saan sana siya ay maninirahan…. sa Jannah kung nakagawa sana siya ng kabanalan** (pagtanggap sa Islam), **upang higit niyang maramdaman ang kapighatian."** ***(Bukhari)***

Dito magsisimula ang totoo, ang walang hanggang buhay at yaong mga naghanda lamang dito sa pamamagitan ng paggawa ng mga kabutihan ay siyang makakaranas ng tunay na kaligayahan.

□□□□

[33] Bukhari.

# Mga Katibayan sa Qur'an sa Muling-Pagkabuhay

Hinihikayat ng *Qur'an* ang tao sa maraming talata upang magmuni-muni kung anong uri ang kanilang pagkalikha. Siya na lumikha sa kanila mula sa wala ay tunay ngang may kakayahang ibalik sila para mabuhay muli. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At ang tao** (na walang pananalig) **ay nagsabi: 'Kung ako ba ay patay na, ako baga ay tunay na ibabangong** (muli) **sa pagkabuhay? ❋ Hindi ba nagugunita ng tao na siya ay Aming nilikha noon, habang siya ay mula sa wala?﴿** ***[Qur'an 19:66-7]***

Hinihikayat ng Allah (ﷻ) ang tao upang mag-isip kung paano Niya palabasin ang mga sariwang halamanan mula sa lupa na noong una ay walang buhay. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At ang ilan sa Kanyang mga Tanda** (ay ito); **na inyong napagmasdan ang kalupaan na tuyot, datapwat nang magpamalisbis Kami ng tubig** (ulan) **sa mga ito, ito ay sumigla sa pagkabuhay at nagpatubo** (sa mga halamanan). **Katotohananan ang Sinumang nagbigay ng buhay sa mga ito, walang pagsala,** (Siya) **ay makapagbibigay ng buhay sa mga patay** (sa Araw ng Pagbabangon). **Katotohanan, Siya ay makagagawa ng lahat ng bagay.﴿** ***[Qur'an 41:39]***

Hinihikayat ng Allah (ﷻ) ang mga tao upang magmuni-muni sa paglikha ng mga kalangitan at ang mundo na ito ay isang bagay na mas higit sa paglikha kaysa sa mga nilalang. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Hindi ba nila napagtatanto na ang Allah, na Siyang lumikha ng kalangitan at kalupaan, at hindi kailanman napapagal sa kanilang pagkalikha, ay may Kakayahang**

**magbigay-buhay sa mga patay? Tunay nga, Siya ay may Kapangyarihan sa lahat ng bagay.﴿** ***(Qur'an 46:33)***

Ang Allah (ﷻ) ay nanghihikayat sa tao na magmuni-muni sa kanilang paggising mula sa kanilang pagtulog, na ito'y katulad ng pagkabuhay pagkatapos mamatay (sa Araw ng Paghuhukom). Ito ang dahilan kung bakit ito (pagtulog) ay tinawag na 'mas mababang' uri ng kamatayan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ang Allah ang kumukuha ng kaluluwa** (ng mga tao) **sa sandali ng kanilang kamatayan, gayundin** (sa kaluluwa ng mga tao) **na hindi namatay sa sandali ng kanilang pagtulog. Hinahawakan Niya ang mga kaluluwa ng mga tao na ang kamatayan ay naitakda na at ibinabalik Niyang muli ang iba** (kaluluwa) **para sa panahong naitakda. Katotohanan, naririto ang mga Tanda para sa mga tao na may matiim ang pagmumuni-muni.﴿** ***(Qur'an 39:42)***

Si **Al-'Aas bin Waa`il** ay pumunta sa Sugo ng Allah(ﷺ) na may kapansanan sa buto at dinurog pati pagkatapos ay nagsabi:

**'O Muhammad (ﷺ)! Maaari bang ibabangon ito ng Allah(ﷻ) pagkatapos na ito'y maging abo? Siya (ﷺ) ay sumagot, "Tunay nga na ibabangon ito ng Allah! Magdudulot Siya sa inyo ng kamatayan, pagkatapos ibabalik Niya kayong buhay at ilalagay Niya kayo sa Impiyerno."**

Siya (na tagapagsalaysay) ay nagsabi, 'At ang sumusunod na mga talata ay naipahayag':

**﴾Hindi ba nababatid ng tao na Aming nilikha siya mula sa *Nutfah*** (pinaghalong mga semilya mula sa lalaki at punlay ng babae). **Datapwat pagmasdan! Siya ay** (naging) **lantad na isang kaaway. * Siya ay nagbigay sa Amin ng isang talinghaga, at siya ay nakalimot sa**

**pagkalikha ng kanyang sarili. Siya ay nagsabi: 'Sino ang magbibigay ng buhay sa mga butong ito na nangabulok na at naging alabok?' * Ipahayag:** (O Muhammad,ﷺ) **'Siya** (Allah) **ay magbibigay-buhay sa kanila na Siyang lumikha sa kanila noong una! At Siya ang Lubos na Nakakaalam sa lahat ng kanyang nilikha! ⁕ Siya** (Allah) **rin ang naggawad sa inyo ng apoy mula sa luntiang puno at pagkatapos ay pagmasdan! Kayo ay nakapagpaparingas ng apoy dito. ⁕ Hindi ba Siya ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan ay makagagawa rin at makalikha ng katulad nila? Oo, tunay nga! Siya ang Pinakamataas na Tagapaglikha ang Nakakaalam ng Lahat ⁕ Katotohanan, ang Kanyang Kautusan, Kung Siya ay magnais** (na gumawa) **ng isang bagay, ang Kanyang pag-uutos lamang ay: 'Mangyari nga!' at ito ay matutupad o magaganap! ⁕ Kaya't Siya ay luwalhatiin at Siya ay malayo** (mataas) **sa lahat ng bagay na inaakibat sa Kanya, at nasa Kanyang mga Kamay ang paghahari at kapamahalaan ng lahat ng bagay, at sa Kanya kayo ay magbabalik.﴾** ***(Qur'an 36:77-83)***[34]

□□□□

[34] Ibn Hibban

## Papaano Ililigtas ng Tao ang Kanyang Sarili

Kung gusto ninyong malaman kung ano ang tinatanggap na *Deen* (Relihiyon) sa Araw na iyon ay; ang *Deen* na gumagabay sa tao na mamuhay tungo sa walang hanggang kaligayahan at sa awa ng Allah (ﷻ), at ang makapagliligtas sa kanya sa walang hanggang kalungkutan… alamin na ito ang *Deen* (Relihiyon) ng Islam, na ipinahayag kay Propeta Muhammad(ﷺ).

## Ano ang Islam

Ito ay ang *Deen* (Relihiyon) na ipinahayag kay Muhammad(ﷺ) na nagpawalang-bisa sa lahat ng Relihiyon. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Siya** (Allah) **na nagpadala sa Kanyang Sugo** (Muhammad,ﷺ) **na dala ang patnubay at ang tunay na pananampalataya** (ang Islam), **upang ito ay mangibabaw sa lahat ng mga Relihiyon, kahit na sumasalansang dito ang mga *mushrikoon*** (hindi sumasampalataya).﴾ ***(Qur'an 61:9)***

Ito lamang ang *Deen* (Islam) na tatanggapin ng Allah(ﷻ), ang lahat ng ibang mga Relihiyon ay tatanggihan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴿**…Datapwat** (para) **yaong mga Sekta** (mga Hudyo, Kristiyano at lahat ng mga di Muslim na bansa) **na nagtatakwil dito** (sa Qur'an), **ang Apoy ang tagpuan na ipinangako sa kanila…**﴾ ***[Qur'an 11:17]***

Ang Islam ay nangangahulugan ng pagsuko sa Allah(ﷻ), ang paniniwala sa Kanyang Kaisahan, ang buong pagsuko at buong pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos, at ang pagtanggi sa *Shirk* (pagsamba sa maraming diyus-diyosan).

Ito ay ang *Deen* (Relihiyon) na may tagasunod na higit sa isang bilyon.

Sa *Deen* (Relihiyon) na ito ang mga tao ay nagpapaligsahan sa pagtanggap (nito), kahit na ito'y naipalaganap at naipahayag ng may pagkukulang. Datapwat, ilan lamang ang tumiwalag pagkatapos tanggapin ito. Walang *Deen* (Relihiyon) na tatanggapin (ng Allah) pagkatapos sa paghirang kay Muhammad(ﷺ) maliban sa Islam. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At kung sinuman ang maghanap ng ibang Relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanya, at sa Kabilang Buhay siya ay isa sa mga talunan.﴿** ***(Qur'an 3:85)***

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sa Kanya na nakasalalay sa Kanyang Kamay ang kaluluwa ni Muhammad (ﷺ), walang sinumang nakarinig sa akin sa sangkatauhan, kahit na siya ay Hudyo o Kristiyano, at namatay na hindi naniwala sa dahilan ng aking pagiging Sugo, maliban na siya ay kabilang sa mga mananahan sa Impiyerno."** ***(Muslim)***

□□□□

## Mga Pangunahing Haligi ng Islam

Inuubliga ng Islam ang maraming gawaing pagsamba na binubuo ng mga salita, mga gawa, at mga paniniwala. Ang mga salita at mga gawa ay tinatawag na mga Haligi ng Islam; batay sa mga ito ang tao ay matatawag na Muslim o di-Muslim.

Hindi tinatawag ng Islam ang kanyang mga tagasunod para lamang gawin ang mga pagsambang ito; subali't ang mga gawaing ito ay nag-aakay sa tao upang maging banal ang kaniyang kaluluwa, at mapanatili ito sa matuwid. Ang adhikain sa pagsasagawa ng mga pagsamba ay upang maiwasto ang kanyang sarili at sumunod sa Matuwid na Daan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi tungkol sa Pagdarasal (*Salaah*):

❴**...Katotohanan, ang pagdarasal ay nakapipigil mula sa paggawa ng *fahshaa'*** (mga kasuklam-suklam at mga kahiya-hiyang gawain, atbp.) **at *munkar*** (lahat ng mga masasamang gawaing ipinagbabawal)...❵ ***(Qur'an 29:45)***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi tungkol sa Makatarungan at Tamang Kawanggawa (*Zakaah*):

❴**Kumuha ka** (O Muhammad, ﷺ) **ng Sadaqah** (limos at kawanggawa) **mula sa kanilang kayamanan upang sila ay mapadalisay nito at lalo pang maging sagrado...**❵ ***(Qur'an 9:103)***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi tungkol sa pag-aayuno:

❴**O kayong mga nananampalataya! Ang pag-aayuno ay iginawad** (itinalaga) **sa inyo na kagaya rin naman nang pagtatalaga sa mga nangauna sa inyo, upang kayo ay maging *Al Muttaqun*** (may kabanalan, magkaroon ng pagpipigil sa sarili, maging mabuti at makatwiran).❵ ***[Qur'an 2:183]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi tungkol sa *Hajj*:

❴**Ang *Hajj*** (Pilgrimahe) **ay** (isinasagawa sa loob) **ng mga bantog na buwan** (ang mga buwan ng Islamikong kalendaryo na; Shawal, Dhul Qaidah at ang unang sampung araw ng Dhul Hijja)**. Kaya't kung sinuman ang magpasyang magsagawa ng Hajj, kung gayon, hindi marapat na siya ay makipag-ulayaw sa kanyang asawa,**

**at huwag ding makipagtalo ng walang katarungan sa panahon ng Hajj...﴿** ***(Qur'an 2:197)***

Ang mga pagsamba sa Islam ay gumaganap bilang pangunahing gawain sa pagpapaunlad ng pag-uugali at ang pagpapadalisay nito, pati na ang pangangalaga sa pagkakaisa ng pamayanang Muslim at ang mga kaugnayan nito.

# Ang Mga Haligi ng Islam

## Ang Dalawang Pagsaksi (sa Pananampalataya)

Ito ang mga pagsaksi **na walang karapat-dapat sambahin kung hindi ang Allah at si Muhammad ay Kanyang alipin at sugo**. Ito ang susi kung papaano ang pagpasok sa Islam.

Ang unang pagsaksi, **na walang karapat-dapat sambahin kung hindi ang Allah,** ay nangangahulugan:

**1)** Ang Allah (ﷻ) lamang ang Tagapaglikha ng sanlibutan.

**2)** Walang tunay na Nagmamay-ari o Nagpapalakad sa mga gawain ng sanlibutan maliban sa Allah (ﷻ).

**3)** Ang Allah (ﷻ) lamang ang Tagapaglikha na may karapatang sambahin na nag-iisa.

Ang kahulugan ng pangalawang pagsaksi, na si **'Muhammad ay kanyang Sugo'**, ay ang paniniwala na siya ay alipin ng Allah (ﷻ) at Kanyang Sugo na tumanggap ng kapahayagan, na siya'y napag-utusan na ipahayag sa sanlinbutan, at siya ang sagka (pang-huli) ng mga Sugo. Wala nang ibang propeta o sugo na darating pagkatapos niya. Ang pagsaksing ito ay nangangahulugan na dapat sumunod tayo sa kanya kung ano ang kanyang ipinag-uutos, maniwala sa lahat ng kanyang sinasabi, at sumunod sa kanyang mga ipinagbabawal.

## Ang Pagdarasal (*Salaah*)

Ang Pagdarasal ay nangangahulugan na ang alipin ay magkakaroon ng relasyon sa pagitan niya at ng kanyang Rabb (Panginoon). Kapag ang isang tao ay nahumaling sa mga kasiyahan sa buhay, ang kanyang Paniniwala ay mag-uumpisang maging mahina, at sa pamamagitan ng pagdarasal (pagsagot sa *Adhaan* - tawag upang

magdasal), ito ang siyang magbibigay lakas sa kanyang Paniniwala. Sa paraang ito, ang tao ay magkakaroon ng tuloy-tuloy na relasyon sa kanyang Tagapaglikha.

May limang pagdarasal na dapat isagawa sa loob ng maghapon at gabi. Ang mga lalaki ay nararapat isagawa ito sa Masjid (Moske) sa kongregasyon, maliban lang sa mga taong may balidong dahilan. Sa pamamagitan ng pagdarasal, ang mga Muslim ay nagkakakilala sa bawa't isa, at ang bigkis ng pagmamahal at pagkakaisa ay napapanatili at napapalakas. Nalalaman nila ang kondisyon ng kanilang (kapatid) kapwa Muslim sa araw-araw. Kung ang isang tao ay hindi nakadalo (sa pagdarasal sa Masjid) inaalaala kung ano ang nangyari sa kanya na baka siya ay maysakit kaya't bibisitahin siya, at kung hindi niya nagagampan ang kanyang tungkulin, pinagpapayuhan siya. Ang lahat ng pagkakaiba katulad ng uri, lahi at angkan ay balewala para sa mga Muslim na magkakatabi na nasa matuwid na hanay, lahat ay nakaharap sa isang direksiyon (sa *Makkah*) sa parehong oras. Lahat sila ay sumusuko na magkakapantay sa pagsunod sa Allah(ﷻ) at nakatayo sa harap Niya(ﷻ).

## Ang Takdang Kawanggawa (*Zakaah*)

Ito ay ilang bahagi ng salapi ng mga mayamang Muslim na ibinibigay sa mahirap at nangangailangan para mailigtas sila sa nakakahiyang pamamalimos. Ito ay sapilitan sa bawa't Muslim na nagtataglay ng *Nisaab* (pinakamababang halaga na saklaw sa pagbayad ng *Zakaah*).

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At sila ay hindi napag-utusan maliban lamang na kanilang sambahin ang Allah,** (at huwag mag-akibat ng mga katambal sa Kanya), **at mag-alay ng *Salaah* at**

**magkaloob ng *Zakaah*, at ito ang tama at matuwid *na* Pananampalataya** *(Deen)*.》 ***(Qur'an 98:5)***

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga patakaran nito:

**1). Pagkakaroon ng pinakamababang kinakailangang halaga:** Ang kayamanan ng isang tao ay dapat umabot sa pinakamababang halaga (*Nissab*) na itinakda ng Islam.

**2). Ipon sa loob ng Isang taon.** Ang kayamanan ay dapat nasa pagmamay-ari o ipon ito sa loob ng isang taon. Walang *Zakaah* na babayaran dito kung ang kayamanan ay mababa sa itinakdang *Nisaab*.

Ang Allah (ﷻ) ay tinukoy ang mga taong nararapat tumanggap ng *Zakaah*. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

《**Ang Sadaqaat** (katungkulang kawanggawa o *Zakaah)* **ay para lamang sa *fuqaraa´* at *masaakeen*** (ang mga mahihirap at nangangailangan) **at sa mga nagtatrabaho upang mangalap at mamahagi nito** (ang *Zakaah*)**; at sila na ang puso ay masuwato** (tungo sa Islam)**; at sa pagpapalaya ng mga bihag; at sa mga taong may pagkakautang; at para sa Kapakanan ng Allah** [para sa mga *Mujaahidoon* – yaong nakikipaglaban sa *Jihad (banal na digmaan)*]**, at sa mga naglalakbay** (kinapos ng panggastos at walang ibang mahihingan ng tulong) **isang pananagutan na itinalaga ng Allah. At ang Allah ang Pinakamaalam, ang Tigib ng Karunungan.**》 ***(Qur'an 9:60)***

Ang halaga na babayaran ay 2.5 % sa kabuang halaga ng naipon sa loob ng isang taon (na hindi nagalaw o nagamit). Sa pamamagitan nito, ang Islam ay naghangad na maalis ang kahirapan sa pamayanan ng Muslim at mapaginhawa ang mga balakid dito (sa kahirapan) katulad ng pagnanakaw, pagpatay, at mga gawaing paglabag sa karangalan ng mga tao. Ito ay nagbibigay

buhay sa pagdadamayan at pagkakapatiran sa pamayanan ng mga Muslim upang mabigyang katuparan ang mga pangangailangan ng mga mahihirap at naghihikahos. Ito'y nagpapadalisay sa mga kaluluwa ng mga mayayamang Muslim at nililinis ang kanilang pagiging gahaman, makasarili, mapag-imbot, at pagmamahal sa pansamantalang mundo at nalulunod sa pagnanasa dito, lahat ng mga bagay na ito ay naging daan sa kanyang pagkalimot sa kanyang mga kapatid na mahihirap at naghihikahos.

Ito rin ay nagpapadalisay sa mga mahihirap mula sa pagkasuklam at paninibugho laban sa mga mayayaman. Nakikita sila na nagbibigay mula sa kanilang kayamanan katulad ng ipinag-utos ng Allah (ﷻ) at patuloy na pangangalagaan sila sa pagbibigay ng pera at sa pakikitungo sa kanila ng mabuti.

## Ang Pag-aayuno sa Ramadhan (Sawm)

Ang isang Muslim ay dapat mag-ayuno ng isang buwan sa bawa't taon, sa buwan ng Ramadhan. Mula sa pag-sikat ng (madaling) araw hanggang sa paglubog ng araw, ang mga Muslim ay dapat umiwas sa kahit anong bagay na makakasira sa kanyang pag-aayuno, maging ito ay pagkain, inumin, o pakikipagtalik sa asawa. Ang pag-aayuno ay hindi gawaing pagsamba na ipinakilala ng Islam; datapwat ito'y tungkulin na ipinatupad na ng mga naunang Relihiyon. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾O kayong mga nananampalataya, itinakda sa inyo ang pag-aayuno katulad ng pagkakatakda sa mga nangauna sa inyo upang kayo ay maging banal.﴿** ***[Qur'an 2:183]***

Ang layunin ng pag-aayuno ay hindi lamang sa pag-iwas sa mga bagay na nakakasira dito. Higit pa rito, ang isang tao ay dapat umiwas sa mga hindi nasasalat ng mga bagay na nakakasira (ng biyaya) ng pag-aayuno, katulad ng pagsisinungaling, paninirang puri, pagtsismis, pandaraya, panlilinlang, maling pananalita at iba pang nakakasakit na pag-uugali. Dapat pakaisipin na ito ay isang pananagutan niya na umiwas sa mga nakakasakit na gawain kahit na hindi *Ramadhan* lalo't higit sa buwan na ito. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Kung sinuman ang hindi umiwas sa kasinungalingan at masasamang gawain, hindi kailangan ng Allah ang kanyang pag-iwan sa pagkain at pag-inom."** **(*Bukhari*)**

Ang Pag-aayuno ay isang pagpupunyagi sa pagitan ng sariling kaluluwa at ng kanyang mithiin at pagnanasa. Ito ay maraming kapakinabangan sa lipunan na ipinaliwanag ng Propeta (ﷺ) sa kanyang kasabihan:

**"Ang lahat ng mga gawain ng mga anak ni Adan ay para sa kanya maliban sa pag-aayuno, dahil ito ay para sa Akin at Ako ang magbibigay ng gantimpla dito. Ang Pag-aayuno ay pananggalang; Kung ang isa sa inyo ay nag-aayuno, dapat huwag siyang magsalita ng masama, o sumigaw, at kung sinuman ang sumumpa o awayin siya, dapat sabihin niya, 'Tunay na ako ay nag-aayuno.' Sa Kanya na sa Kanyang Kamay nakasalalay ang kaluluwa ni Muhammad, ang amoy na lumalabas sa bibig ng isang nag-aayuno ay higit na mabuti at dalisay kaysa sa halimuyak ng pabangong *musk* para sa Allah. Mararamdaman ng taong nag-aayuno ang dalawang beses na kasiyahan: sa pagtigil ng kanyang pag-aayuno** (sa oras ng pag-inom niya ng tubig) **at sa panahon na makatagpo niya ang kanyang Rabb** (Panginoon).**"** ***(Bukhari)***

Sa pamamagitan ng pag-aayuno, mauunawaan ng tao kung papaano ang nararamdaman ng mga naghihikahos

niyang mga kapatid na hindi nakakahanap ng sapat na pagkain, damit, at tirahan, at ito ang makapang-aakit upang tupdin ang kanyang mga pananagutan at tanungin ang kanilang kondisyon at kung ano ang kanilang kailangan.

## Ang Paglalakbay (sa Makkah) – *Hajj*

Ang paglalakbay (*Hajj*) ay ginagawa sa Sagradong Bahay ng Allah,ﷻ (sa *Ka'bah*) upang gampanan ang ilang mga ritwal sa tiyak na lugar at tiyak na panahon. Ang haliging ito ng Islam ay sapilitan sa bawat Muslim, lalaki o babae, na may tamang pag-iisip at may tamang gulang (mula sa pagbibinata o pagdadalaga) minsan sa buong buhay niya, kung sila ay may pang katawan at pang pinansiyal na kakayahan.

Kung ang isang tao ay may karamdamang hindi na malalapatan ng lunas na nagiging sagabal para gawin niya ang Hajj kahit na may sapat siyang pera, dapat niyang ihabilin ito kaninuman para gawin ang Hajj para sa kanya. Kung ang isang tao ay walang sapat na salapi na kakailanganin upang tugunan ang kanyang mga pangangailangan sa pang araw-araw o para sa kanyang mga tinutustusan, ang Hajj ay hindi pananagutan para sa kanya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**...Ang pagsasagawa ng *Hajj* sa Tahanan (**Ka'bah**) ay isang tungkulin ng sangkatauhan para sa Allah sa mga may kakayahang gumugol; at sinuman ang hindi manampalataya, kung gayon, ang Allah ay hindi nangangailangan ng tulong sa sinuman ng Kanyang mga '*Aalameen*** (sangkatauhan, *Jinn* at lahat ng mga nilalang.﴾ ***[Qur'an 3:97]***

Ang Hajj ang siyang pinakamalaking pagtitipon sa Islam. Ang mga Muslim mula sa iba't-ibang panig ng mundo ay

sama-sama sa isang lugar at sa isang takdang panahon; Silang lahat ay tatawag sa nag-iisang Panginoon, nakasuot ng pare-parehong damit, gagampanan ang pare-parehong ritwal, at bibigkas ng parehong pagtawag:

> ***Labayk, Allahumma labayk; Labayk, laa shareeka laka, labayk; in-n al-hamda wan-ni'mata laka wal-mulk; laa shareeka lak.***
>
> **Ang kahulugan:**
>
> ***"Narito kami para maglingkod sa Inyo, O Allah, Narito kami para maglingkod sa Inyo. Narito kami para maglingkod sa Inyo, Wala Kayong mga Katambal, Narito kami para maglingkod sa Inyo. Tunay, ang lahat ng papupuri, mga biyaya, at kapangyarihan ay para sa Inyo. Wala Kayong mga Katambal."***
>
> **Karagdagang pakahulugan: 'O Allah, narito kami sa lugar na ito bilang pagtugon sa Inyong pagtawag, hinahangad ang Inyong Kasiyahan, nagpapatunay sa Inyong Kaisahan, na Kayo at walang iba pa ang may karapatan sa lahat ng pagsamba.'**

Walang pagkakaiba sa pagitan ng mayaman at mahirap, dakila at imbi, maputi at maitim, Arabo at di-Arabo; lahat sila ay pareho sa harap ng Allah(سبحانه وتعالى). Wala silang pinagkaiba maliban sa kabanalan [o pagkakaroon ng takot (*taqwa)* sa Allah]. Ang Hajj ay isang pagtitipon na nagbibigay diin sa kapatiran ng lahat ng mga Muslim at sa kaisahan ng kanilang mga layunin at mga damdamin.

## Ang Mga Haligi ng Pananampalataya (*Imaan*)

### Ang Paniniwala sa Allah (ﷻ)

Ang pananampalataya sa Allah (ﷻ) ay ang paniniwala na walang tunay na diyos maliban sa Allah, ang Nag-iisa, walang katambal, katunggali, o kasama. Ito ang paniniwala na Siya ang Lumikha sa lahat ng nilalang, at walang makakagawa nito sa ganang kagustuhan nila maliban sa Kanya. Walang mabubuhay maliban sa Kanyang pahintulot at walang mangyayari maliban sa Kanyang kagustuhan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾…Walang pag-aalinlangan, sa Kanya ang lahat ng mga nilikha at ang Pag-uutos. Purihin ang Allah, ang Panginoon ng lahat ng '*aalameen*** (mga sangkatuhan, *Jinn* at ang lahat ng mga nilikha)**!﴿** ***[Qur'an 7:54]***

Wala Siyang katambal patungkol sa *Ruboobiyah*; Siya lamang ang Tagapaglikha, Tagapanustos, at Siya ang taga-ayos sa lahat ng mga pangyayari sa sanlibutan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ipahayag** (O Muhammad,ﷺ)**: 'Katotohanan, ang aking *Salaah*** (takdang pagdarasal)**, ang aking sakripisyo** (pagkatay ng hayop)**, ang aking pamumuhay, at ang aking kamatayan ay para sa Allah lamang, ang *Rabb*** (Panginoon) **ng mga '*Aalameen*** (sangkatauhan, *Jinn* at lahat ng mga nilalang)**. ⁕ Siya ay walang katambal. At sa bagay na ito ako ay napag-utusan, at ako ang una sa mga Muslim.'﴿** ***(Qur'an 6:162-163)***

Siya ay walang katambal sa Kanyang natatanging karapatan na ang pagsamba ay para lamang sa Kanya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At hindi Namin isinugo ang sinumang sugo bago pa sa iyo** (O Muhammad,ﷺ) **na hindi Namin binigyan ng inspirasyon** (na nagsabi) **ng: '*La ilaha illaa Ana*'** [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Akin (Allah)], **kaya't sambahin Ako** (Nag-iisa at wala ng iba).**﴿** ***(Qur'an 21:25)***

Walang kapantay ang Kanyang mga Pangalan at mga Katangian. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At ang Allah ang nag-aangkin** (ng lahat) **ng Pinakamagagandang Pangalan, kaya't Siya ay tawagin ninyo sa mga Pangalang yaon, at iwanan ninyo ang mga pangkat na nagsasagawa ng kasinungalingan** (na nagsasabi ng walang galang na salita laban) **sa Kanyang mga Pangalan…﴿** ***(Qur'an 7:180)***

Ang paniniwalang ito ay nangangahulugan na Siya lamang ang may karapatan para sambahin at wala ng sinupaman. Walang ibang dapat asahan, walang ibang dapat na pagtanungan, at walang ibang dapat daingan upang makatulong sa kahirapan o matugunan ang ibang adhikain maliban sa Allah (ﷻ). Siya lamang ang Nag-iisa na may karapatan sa anumang uri ng pagsamba ng walang pasubali.

Ang paniniwalang ito ay nangangahulugan din na ang Allah(ﷻ) ay may pinakamaganda at pinakadakilang mga Pangalan at mga Katangian. Hindi na Namin pakausisain at tanungin kung ano ang mga ito, o tanggihan sila o ipagkamali ang kanilang mga kahulugan. Siya ay malayo sa anupamang nilikhang may pagkukulang. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾…Walang anupamang bagay ang makakatulad sa Kanya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakamamasid.﴿** ***(Qur'an 42:11)***

## Paniniwala sa mga Anghel

Ito ay ang paniniwala na ang mga Anghel ay mula sa likha ng Allah (ﷻ); walang nakakaalam sa tunay na bilang nila kundi Siya(ﷻ). Sila ay mula sa di-nakikitang mundo. Sila ay nilikha ng Allah (ﷻ) upang sambahin at sumunod sa Kanya. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾Ang Mesiyas** (Hesus,عليه السلام) **ay hindi magwawalang-bahala na maging tagapaglingkod ng Allah, gayundin** (gugustuhin) **ng mga anghel na malapit sa Kanya** (Allah).**﴿** ***[Qur'an 4:172]***

Pinag-utusan ng Allah (ﷻ) ang mga Anghel ng may tiyak na mga tungkulin, at gagawin nila kung ano ang iniuutos sa kanila. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾…narito ay nakatalaga ang mga anghel na malupit at mahigpit na hindi sumusuway sa pagsunod sa anumang pag-uutos ng Allah, bagkus ay gumagawa ng ayon sa anumang sa kanila ay ipinag-uutos.﴿** ***(Qur'an 66:6)***

Ang mga anghel ay hindi mga katambal, mga kasama, o katunggali ng Allah (ﷻ), o kaya'y sila ay mga anak Niya; datapwat dapat silang bigyan ng paggalang at pagmamahal. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴾At sila ay nagsisipagturing: 'Ang Pinakamahahabagin** (Allah) **ay nagkaroon ng anak** (mula sa mga anghel).**' Luwalhatiin Siya! Siya ay malayo sa lahat ng mga hindi dalisay! Sila** (mga anghel), **ay mararangal na alipin lamang. ⁕ Sila ay hindi nangungusap hanggang Siya** (Allah) **ay hindi pa nakapangungusap at sila ay gumagawa ayon sa Kanyang pag-uutos.﴿** ***[Qur'an 21:26-27]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa atin sa mga pangalan at mga gawain ng ilan sa mga anghel at ang iba'y hindi Niya sinabi. Kailangan maniwala tayo sa kanilang lahat.

## Ang Paniniwala sa mga Aklat ng Allah (ﷻ)

Nararapat maniwala na ang Allah (ﷻ) ay nagpahayag sa mga Banal na Aklat sa Kanyang mga Sugo upang iparating nila sa sangkatauhan. Ang mga aklat na ito ay naglalaman lamang ng mga katotohanan; hindi naglalaman ang mga ito ng anupamang pagkakamali. Ang lahat ng mga Aklat na ito ay tumatawag sa Kaisahan ng Allah (ﷻ), at Siya ang Tagapaglikha, ang Nagmamay-ari at Siya ang nag-aankin ng mga magagandang Katangian at mga Pangalan. Ang ilan sa mga aklat ay ang mga sumusunod:

**1) Mga Kasulatan ni Ibraheem** (عليه السلام) [Abraham] **at *Musaa***(عليه السلام) [Moses]**:** Ang *Qur'an* ay nagbigay ng maikling pananaw tungkol sa mga pangunahing saligan ng Relihiyon na makikita sa kasulatang ito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴾O, hindi ba siya nasabihan kung ano ang nasa kasulatan ni Moises? At** (ng) **kay Abraham na tumupad** (sa mga ipinag-utos ng Allah)**. Na nagtatagubilin na walang sinuman na nagdadala ng pasanin** (ng kanyang kasalanan) **ang maaaring magdala ng pasanin** (kasalanan) **ng iba. At ang tao ay walang mapapakinabangan maliban lamang sa kanyang pinagsumikapan; At ang bunga ng kanyang pinagsikapan ay mailalantad; Kaya't siya ay gagantimpalaan ng ganap sa pinakamainam na biyaya; at sa iyong *Rabb*** (Panginoon) **ang huling hantungan.﴿**
***[Qur'an 53:36-42]***

**2) Ang *Tawraah*** [Torah]**:** Ang Torah ay Sagradong Aklat na ipinahayag kay Moises (عليه السلام). Ang Allah (سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

﴾**Katotohanan, Aming ipinadala ang *Torah*** (ang mga Batas na ibinigay kay Moises); **naririto ang patnubay at liwanag, na kung saan ang mga Propeta na nagsuko ng kanilang sarili sa Kalooban ng Allah ay humatol sa mga Hudyo. At ang mga *Rabbi* at mga pari** (ay humatol rin sa mga Hudyo sa pamamagitan ng *Torah* makaraan ang mga Propetang ito). **Sapagkat sa kanila ay ipinagkatiwala ang pangangalaga sa mga Aklat ng Allah, at sila ay mga saksi rito. Samakatuwid huwag matakot sa mga tao, matakot kayo sa Akin** (O mga Hudyo) **at huwag ninyong ipagbbili ang Aking mga *Aayaat*** (mga talata) **sa murang halaga. At kung sinuman ang hindi humatol ayon sa kapahayagan ng Allah, sila ang mga hindi sumasampalataya.**﴿ ***[Qur'an 5:44]***

**3) Ang *Zaboor*:** Ito ang Aklat na ipinahayag kay David(عليه السلام). Ang Allah(سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

﴾**…at kay Dawood** (David) **ay Aming iginawad and Zabur** (Salmo).﴿ ***[Qur'an 4:163]***

**4) *Ang Ebanghelyo (Injeel)*:** Ang *Injeel* ay ang Sagradong Aklat na ipinahayag kay Hesus (عليه السلام). Ang Allah (سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

﴾**At sa kanilang yapak, ay Aming isinugo si 'Hesus, anak ni Maria, na nagpapatotoo sa *Torah*** (mga Batas) **na ipinahayag nang una pa sa kanya. At Aming ipinagkaloob sa kanya ang *Injeel*** (Ebanghelyo) **na naririto ang patnubay at liwanag at nagpapatotoo sa Torah** (mga Batas) **na ipinahayag bago pa rito, isang patnubay at paala-ala para sa mga taong may takot sa Allah.**﴿ ***[Qur'an 5:46]***

Ang mga Muslim ay dapat maniwala sa lahat ng mga Banal na Aklat at dapat paniwalaan na ang mga ito ay mula sa Allah(ﷻ). Hindi makatarungan para sa kanya na sumunod sa mga batas nito *(Injeel)*, dahil ang mga Aklat na ito ay ipinahayag sa para sa mga partikular na nasyon at sa partikular na panahon. Ipinalagay na si Hesus(ﷺ) ay nagsabi mismo sa Bibliya na:

**"Ako ay isinugo para lamang sa mga nawawalang tupa sa bahay ng Israel."** ***(Matthew, 15:24)***

Ang Qur'an ay nagpaliwanag sa mga ibang pangyayari na natagpuan sa *Torah* at *Injeel*; tulad ng paghula kay Propeta Muhammad(ﷺ):

**﴿...datapwat ang aking Habag ay nakakasakop sa lahat ng bagay; kaya't Aking itatalaga ang Habag na ito** (lalo na) **sa mga yaong nagbabantay ng kanilang sarili** (laban sa kasamaan) **at nagbibigay ng *Zakah*** (katungkulang kawanggawa)**; at sa kanila na nanalig sa Aming *Aayaat*** (mga katibayan, aral, tanda at kapahayagan, atbp.). **Sila na sumusunod sa Propeta na hindi nakakabasa at hindi nakakasulat na kanilang matatagpuan na nasusulat sa Torah** (mga Batas) **at sa Ebanghelyo, -** (siya) **ay nagtatagubilin sa kanila ng pagsasagawa ng lahat ng mabuti at nagbabawal sa kanila sa paggawa ng lahat ng masasama, at gawing makatarungan para sa kanila ang mabubuting bagay, at gawing di-makatarungan sa kanila ang masasamang bagay, kanyang niluluwagan sila sa kanilang mga mabibigat na pasanin, at sa mga tanikala na nakaatang sa kanila; kaya't sila na nananalig sa kanya** (Muhammad, ﷺ) **at sumusunod sa liwanag** (ang Qur'an) **na ipinahayag sa kanya, sila yaong magsisipagtagumpay.﴾** ***[Qur'an 7:156-157]***

**5) Ang Banal na *Qur'an*:** Kailangang paniwalaan na ang Qur'an ay Salita ng Allah (ﷻ) na ipinahayag sa

pamamagitan ni Anghel Gabriel(ﷺ) kay Propeta Muhammad(ﷺ), at ito ang huli sa mga Banal na Aklat na nagpawalang bisa sa naunang mga Aklat. Ang Sangkatauhan ay dapat maniwala sa Qur'an, ang Aklat na ipinahayag, at ang Relihiyon (*Deen*) na dinala.

## Ang Paniniwala sa mga Sugo

Ito ang paniniwala na pinili ng Allah (ﷻ) ang mga pinakamabuti sa sangkatauhan upang maging mga Sugo na ipinadala sa Kanyang mga nilikha, na may partikular na mga batas; upang sambahin at sumunod sa Allah (ﷻ), at itatag ang Kanyang Relihiyon at ang Kanyang *Tawheed* (Kaisahan sa pagka-Diyos). Ipinag-utos Niya sa Kanyang mga Sugo na ipahayag ang Mensahe sa mga tao, upang wala silang katibayan laban sa Allah[35] (ﷻ) pagkaraang ipadala ang mga ito.

Pumili din ang Allah (ﷻ) mula sa sangkatauhan na maging mga Propeta upang pagtibayin ang batas at *Deen* (Relihiyon) na dinala ng mga naunang sugo sa kanila at upang tawagin ang mga tao dito. Maraming mga propeta at mga sugo; at walang nakakaalam ang tiyak na bilang nila maliban sa Allah(ﷻ). Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

> ﴾**At katotohanang kami ay nagpadala ng mga Sugo nang una pa sa iyo** (O Muhammad,ﷺ)**; ang iba ay Aming inilahad sa iyo ang kanilang kasaysayan at ang iba ay hindi Namin inilahad sa iyo...**﴿ ***[Qur'an 40:78]***

---

[35] Hindi nila maaaring masabi, "Kung nagpadala lamang ng mga Sugo ang Allah, kami sana ay sumunod at tumalima sa kanyang mga kautusan at maging mananampalataya".

Dapat maniwala sa kanilang lahat at sila ay mga tao; hindi sila higit sa karaniwang mga nilalang. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At hindi Kami nagsugo bago sa iyo** (O Muhammad,ﷺ) **maliban sa mga tao na Aming binigyan ng inspirasyon, kaya't inyong tanungin ang mga tao ng naunang Kasulatan** (ang Torah, mga batas at ang Ebanghelyo) **kung ito ay hindi ninyo nababatid. At hindi Namin sila nilikha** (ang mga Sugo) **na may mga katawang hindi nangangailangan ng pagkain o kaya sila ay walang kamatayan.**﴿ ***[Qur'an 21:7-8]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi tungkol kay 'Hesus (عليه السلام) sa Qur'an:

﴾**Ang Mesiyas** ('*Eesaa* [Hesus]), **anak ni Maria, ay hindi hihigit pa sa isang sugo; maraming mga sugo ang pumanaw bago pa sa kanya. Ang Kanyang Ina** (*Maria*) **ay isang *Siddeeqah*** (tulad ng, siya ay naniniwala sa mga salita ng Allah at sa Kanyang mga Aklat)**. Sila ay kapwa kumakain ng pagkain** (katulad ng ibang nilalang, habang ang Allah ay hindi kumakain)**. Tunghayan kung paano Namin ginawa ang *Aayaat*** (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda atbp.) **na maliwanag sa kanila, gayunman pagmasdan kung paano sila napaligaw ng malayo** (sa katotohanan)**.**﴿ ***[Qur'an 5:75]***

Kailangang maniwala sa kanilang lahat. At kung ang isang tao ay naniwala sa iba at hindi pinaniwalaan ang mga iba, siya ay lumabas sa Islam. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya sa Allah at sa Kanyang mga Sugo at nagnanais na magkaroon ng pagtatangi-tangi sa pagitan ng Allah at ng Kanyang mga Sugo** (sa pananalig sa Allah at hindi paniniwala sa Kanyang mga Sugo) **at nagsasabing; 'Kami ay naniniwala sa iba subalit** (kami rin) **ay nagtatakwil sa iba,' at nagnanais na magpatibay ng isang daan sa pagitan**

**ng paniniwala at di-paniniwala'⁎ Sa katotoahanan sila ay di-sumasampalataya. At Aming inihanda para sa mga di-sumasampalataya ang kaaba-abang kaparusahan..》** ***[Qur'an 4:150-151]***

Ang unang sugo ay si Noah [*Nooh*] (عليه السلام), at ang panghuli ay si Muhammad (ﷺ).

## Ang Paniniwala sa Huling Araw

Dapat maniwala na ang buhay dito sa mundo ay may katapusan. Ang Allah (سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

《**Ang anuman na nasa** (kalupaan) **ay maglalaho.**》 ***[Qur'an 55:26]***

**1) Ang maniwala sa buhay sa *Barzakh*:** Ang buhay dito (*sa Barzakh*) ay ang panahon mula sa pagkamatay ng isang tao hanggang sa Huling Araw. Dito, ang mga mananampalataya ay mabubuhay ng may kasiyahan, habang ang mga hindi sumsampalataya ay mapaparusahan. Ang Allah (سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

《**Sa Apoy; sila ay nakalantad dito sa umaga at hapon, at sa Araw na ang Takdang Oras ay napagtibay** (sasabihin sa mga anghel)**: 'Hayaan ang pamayanan ni *Fir'awn's*** (Pharaon) **na pumasok sa pinakamatinding kaparusahan.**》 ***[Qur'an 40:46]***

**2) Ang Maniwala sa Pagbabangong Muli:** Bubuhayin ng Allah(سبحانه وتعالى) ang sangkatauhan, hubo't hubad, nakapaa, at hindi tule. Ang Allah(سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

《**Ang mga hindi sumasampalataya ay nag-aakala na sila ay hindi na ibabangong muli** (para sa pagsusulit)**. Ipahayag** (O Muhammad,ﷺ)**: Tunay na ako ay nanunumpa sa aking Panginoon, walang pagsala na kayo ay ibabangong muli, at sa inyo ay ipapahayag ang**

(kabayaran nang) **lahat ng inyong ginawa, at ito ay lubhang magaan sa Allah.**》 ***[Qur'an 64:7]***

**3) Ang Maniwala sa Pagtitipon:** Titipunin ng Allah(ﷻ) ang lahat ng Kanyang mga nilikha at tatawagin sila para magsulit. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

《**At** (alalahanin) **ang Araw na Aming papangyarihin na ang kabundukan ay maguho** (katulad ng ulap ng alabok), **at inyong makikita ang kalupaan na tulad ng pinatag na lupa, at sila ay Aming titipunin nang sama-sama upang walang maiwan kahit na isa.**》 ***[Qur'an 18:47]***

**4) Ang maniwala na ang mga tao ay itatambad sa harap ng Allah (ﷻ) sa maraming hanay:** Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

《**At sila ay itatambad sa harapan ng iyong Panginoon sa mga hanay,** (at ang Allah ay magpapahayag)**: 'Ngayon katotohanang kayo ay dumatal sa Amin na katulad ng paglikha Namin sa inyo noong una. Datapwat inyong inakala na Kami ay hindi nagtakda ng inyong pakikipagtipan** (sa Amin)**.**》 ***[Qur'an 18:48]***

**5) Ang maniwala na ang mga parte ng sariling katawan ay magbibigay testigo.** Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

《**Hanggang sa kanilang sapitin ang** (Impiyerno)**, ang kanilang pandinig** (mga tainga) **at kanilang mga mata, at kanilang mga balat ay magbibigay-patotoo laban sa kanila sa** (lahat) **na kanilang ginawa. ⁕ At sasabihin nila sa kanilang mga balat, 'Bakit ka tumitestigo laban sa amin?' Sasabihin nila: 'Ang Allah ay nagbigay pahintulot sa amin na makapangusap, pinahintulutan Niya ang lahat ng bagay para magsalita; at Siya ang lumikha sa inyo noong una at sa Kanya rin kayo magbabalik' ⁕ At hindi man lang ninyo pinangalagaan ang inyong sarili** (dito sa mundo), **baka mangyari na ang inyong pandinig,**

**ang inyong paningin, at ang inyong balat ay magbigay-saksi laban sa inyo! Datapwat inyong napag-aakala na ang Allah ay hindi nakababatid sa karamihan ng inyong ginagawa!﴾** ***[Qur'an 41:20-22]***

**6) Ang maniwala sa Araw ng Pagtatanong.** Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴿At patigilin sila, katotohanan sila ay tatanungin. * 'Ano ang nangyayari sa inyo?' Bakit hindi kayo magtulungan sa isa't isa** (na kagaya ng ginawa ninyo noon sa lupa)**?' * Hindi, pero sa Araw na iyon, sila ay susuko.﴾** ***[Qur'an 37:24-26]***

**7) Ang maniwala sa *Siraat* (Tulay)** at ang lahat ay daraan dito. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿At walang sinuman sa inyo ang hindi magdaraan sa ibabaw nito** (Impiyerno)**; ito ay isang itinakda na kapasiyahan ng iyong Panginoon na dapat matupad.﴾** ***[Qur'an 19:71]***

**8) Ang maniwala sa pagtimbang ng mga gawain.** Tatawagin ng Allah(ﷻ) ang mga tao upang magsulit at gantimpalaan yaong mga taong gumawa ng mabuti sa nararapat nilang matanggap dahil sa kanilang ginawang kabutihan, sa kanilang Panananampalataya, at sa pagsunod sa kanilang mga Sugo, at parurusahan Niya yaong mga gumawa ng kasamaan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿At itatatag Namin ang timbangan ng katarungan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kaya't walang sinuman ang tuturingan ng kawalang-katarungan sa lahat ng bagay. At kung mayroon mang gawa na katulad ng bigat ng isang buto ng mustasa, ito ay Aming itatambad. At kami ay Sapat na bilang Tagasulit.﴾** ***[Qur'an 21:47]***

**9) Ang maniwala sa pagbibigay ng Talaan at mga Aklat** (ng mga ginawa). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Kaya't, para sa kanya na mabibigyan ng kanyang Ulat sa kanyang kanang kamay, tunay nga na matatanggap niya ang madaling kapasiyahan.* At siya ay babalik sa kanyang pamilya ng Masaya!* Datapwat kung sinuman ang mabibigyan ng kanyang Ulat sa kanyang likod, hihingi siya ng tulong para sa kanyang kasiraan,* at papasok siya sa nag-aapoy na Impiyerno at mararamdaman niya ang sunog nito.**﴾ ***[Qur'an 84:7-12]***

**10) Ang maniwala na ang mga tao ay mabibigyan ng gantimpala sa *Jannah* (Paraiso) o Impiyerno ng walang hanggan** na ang buhay dito ay hindi magwawakas. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Katotohanan sila na hindi sumasampalataya sa lipon ng angkan ng kasulatan (**mga Hudyo at mga Kristiyano) **at mga *mushrikoon*** (mga pagano) **ay mananahan sa Apoy ng Impiyerno magpakailanman. Sila ang pinakamasama sa lahat ng mga nilalang. * Katotohanan, sila na mga sumasampalataya at gumagawa ng mga mabubuti, sila ang pinakamabuti sa lahat ng mga nilikha. Ang kanilang gantimpala mula sa kanilang Panginoon ay ang *Eden*** (Paraiso) ***Jannah*, na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy. Mananahan sila rito magpakailanman; ang Allah ay tunay na nalulugod sa kanila, at gayundin naman sila sa Allah. Ito ay para sa kanya na may pangamba sa Allah.**﴾ ***[Qur'an 98:6-8]***

**11) Ang maniwala sa *Hawd***[36]- Lawa - sinuman ang iinom dito kahit minsan ay hindi na makakaramdam ng pagka-uhaw habang panahon.

[36] Ang lawa na ibinigay ng Allah sa Propeta (ﷺ); sinuman ang iinom dito kahit minsan, ay hindi na makakaramdam ng pagka-uhaw habang panahon.

**12) Ang maniwala sa *Shafa'th***, ang Pamamagitan, at sa lahat ng mga bagay na ipinahayag ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa atin.

## Ang Paniniwala sa Qadaa' at Qadar[37]

Kailangang maniwala na alam na ng Allah (ﷻ) ang lahat bago nilikha ang mga ito, at kung ano ang mangyayari sa mga ito pagkatapos. Kaya't binuhay Niya ang mga ito ayon sa Kanyang Karunungan at Panukat. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**Katotohanang Aming Nilikha ang lahat ng bagay sa Qadar** (maka-Diyos na Pagtatakda o Pag-uutos).﴿ ***[Qur'an 54:49]***

Ang lahat ng bagay na nangyari sa nakaraan at ang nangyayari sa kasalukuyan at ano man ang mangyayari sa darating na panahon ay nalalaman na ng Allah (ﷻ) bago ang pananatili at pagkakaroon ng buhay. Magkagayon dinala at binuhay ang mga ito ng Allah (ﷻ), ang lahat ay naaayon sa Kanyang Kagustuhan at (tamang) Panukat. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang isang tao ay hindi maituturing na isang Muslim hangga't siya ay naniniwala sa Qadar, sa mga kabutihan at sa mga masasamang bunga nito – hanggat alam na niya na kung anuman ang nangyari sa kanya ay hindi maaaring nagkataon lamang, at anuman ang di-nangyari sa kanya ay tunay na hindi mangyayari."** ***(Tirmidhi)***

---

[37] ***Qadaa´*** at ***Qadar***: Ang dalawang salita na Arabik ay karaniwang isinasalin bilang 'kapalaran', 'kahihinatnan', o 'tadhanang naitalaga'. Marami sa mga kahulugan na nabanggit ay umaakay sa mga tao sa maling pagkaunawa sa konsepto o paniniwalang ito, kaya't minabuti na hayaan sila sa terminong Arabik at unawain sa kanilang tunay na pakahulugan.

Ang paniniwalang ito ay hindi salungat sa katotohanan na ang bawa't tao ay kailangang magsikap para makamtan ang mga bagay na minimithi niya. Upang ito ay mabigyan ng liwanag, ie.; kung gusto ng isang tao ng anak, kailangan niyang gumawa ng ilang bagay para makamit niya ang layuning ito; katulad ng pag-aasawa. Pagkatapos niyang ginawa ang lahat ng makakaya niya, siya ay maaaring mabigyan o hindi sa ano mang kanyang ninanais. Ang dahilan dito, mauunawaan ng isang tao na ang pagsasagawa niya ng mga paraan upang makamtan ang kanyang layunin ay hindi ang tunay na sanhi, kundi ito ay dahil sa Kagustuhan ng Allah (ﷻ). Ang ibig sabihin nito, upang matupad ang ating mga layunin ay mula din sa *Qadar* ng Allah (ﷻ). Ang Propeta (ﷺ) ay tinanong:

> **'O Sugo ng Allah, 'ang mga talata at mga pagdarasal na aming sinasambit at ang gamot na aming iniinom upang magamot ang aming sarili ay mag-uurong ba sa *Qadar* ng Allah (ﷻ)?'** (Sumagot siya,) **'Sila ay mula sa Qadar ng Allah.'** ***[Mustadrak al-Haakim]***

Ang gutom, ang mauhaw, ang pagkakaroon ng sipon, ay mula sa *Qadaa'* at *Qadr*. Upang mapawi ang gutom kailangang kumain, ang pagkauhaw sa pamamagitan ng pag-inom, at kung giniginaw kailangan panatilihin ang pampainit. Naghahanap sila ng pang-hadlang kung ano ang nakasulat para sa kanila mula sa pagkagutom, sa pagka-uhaw at kung may sipon. Naghahanap sila para hadlangan ang isang *Qadar* dahil sa iba (*Qadar*).

Dapat matupad ng isang tao na makamtan ang kanyang layunin sa anumang maaaring paraan, dahil ang pamamaraan ay bahagi din ito ng *Qadaa'* at *Qadr'*. Ang isang tao ay dapat masiyahan kahit anuman ang maging resulta, na siyang magkakaloob ng kapayapaan sa puso at ginhawang pang ispirituwal. Walang puwang ang pagkabalisa, pag-aalaala, at kalungkutan. Alam natin na ang pagkabagabag at pagkabalisa ng puso ay

magdudulot ng maraming mga sakit. Ang pagkakaroon ng paniniwala sa konseptong ito ay makakahadlang at makakagamot sa ano mang ibubunga ng mga sakit na ito. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴿**Walang masamang pangyayari ang magaganap dito sa kalupaan at sa inyong sarili** (kaluluwa), **maliban na ito ay naitala sa Aklat ng Tadhana** (*Al lauh Al Mahfouz*), **bago pa Namin pinapangyari ang magaganap. Katotohanang ito ay lubhang magaan sa Allah. Upang kayo ay hindi mahapis sa mga bagay na nabigo ninyong kamtin, gayundin naman, ay huwag maging mapagmataas sa mga biyayang ipinagkaloob sa inyo, at ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang at mapagmataas..**﴾ ***[Qur'an 57:22-23]***

Ito ay naghihikayat ng karunungan at pagsisiyasat sa mga nilikha ng Allah sa sanlibutan. Ang mga karamdaman, ng kahit na anong sakit, ay nagtutulak sa mga tao na hanapin ang nararapat na lunas, at ito ay ang pagsasaliksik ng pinagmumulan ng gamot na ang Allah (ang Dakila) ang naglikha (ng mga gamot) na nasa sanlibutan.

Ito ay nagpapagaan sa mga bunga ng kalamidad na dumatal sa mga tao at nag-aalis ng naramdamang kalungkutan tungkol sa nakalipas. Kung sinuman ang nalugi sa negosyo, ito ay itinuturing na paghihirap.Kung ang paghihirap na ito ay nasundan ng pagdadalamhati at kalungkutan, ito ay nagbubunga ng dalawang paghihirap: ang paghihirap sa pagkalugi sa negosyo at ang paghihirap sa pagdadalamhati at kalungkutan. Kung ang isang tao ay naniniwala sa Banal na Panukat na *Qadaa'* at *Qadr*, siya ay maaaring masiyahan kung anuman ang nangyari, dahil alam niya na ito ay hindi maiiwasan. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

**"Maging masigasig na gumawa ng makapagbigay kabutihan sa inyo at hanapin ang tulong ng Allah at huwag maging pabaya sa pagsasagawa nito. At kung**

**may masamang pangyayari na kinahaharap, huwag sabihing; 'Kung hindi ko lang ginawa ito at ito,' datapwat dapat sabihin, 'Ito ang *Qadar* ng Allah, at kung anuman ang Gugustuhin Niya, Gagawin Niya** (*Qaddarullaah wa maa shaa fa'al*),' **tunay nga na ang pagsambit ng 'kung' ay nagbubukas ng pinto para sa mga gawain ni Satanas."** ***[Muslim]***

Ito ay nagpapalakas sa sarili ng pagtitiwala sa Allah(ﷻ) at pumapawi ng takot sa mga nilikha. Si **Ibn 'Abbaas**(ﷺ) ay nagsabi; Isang araw ako ay nasa likod ng Sugo ng Allah (ﷺ) at sinabi niya(ﷺ) sa akin:

**'O batang lalaki, ikaw ay aking tuturuan ng ilang salita: Alalahanin mo ang mga ipinag-uutos ng Allah at pangangalagaan ka Niya. Sundin ang mga ipinag-uutos ng Allah at mahahanap mo Siya sa iyong harapan** (Kanyang diringgin ang iyong mga panalangin)**. Kung ikaw ay magsumamo, magsumamo sa Allah,ﷻ. Kung ikaw ay humanap ng tulong, hanapin ang tulong mula sa Allah,ﷻ. Dapat mong malaman na kung ang lahat ng tao ay magsama-sama upang ikaw ay magkaroon ng kapakinabangan sa isang bagay, hindi nila magagawang bigyan ka ng kapakinabangan maliban kung ano ang itinakda sa iyo. At kung sila ay magsama-sama upang ikaw ay bigyan ng pinsala, hindi nila magagawang ikaw ay pinsalain maliban kung ano ang itinakda ng Allah ﷻ para sa iyo. Ang mga panulat ay tumigil sa pagsulat** (mga Banal na Tadhana) **At ang tinta sa papel** (Aklat ng Tadhana) **ay natuyo na."** ***[Tirmidhi]***

Ang paniniwala sa *Qadar* ay hindi kagaya ng iniisip ng iba, na ibinibigay ang pagtitiwala sa Allah (ﷻ) subalit hindi na magsusumikap upang makuha ang mga minimithi, dahil ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay sumagot sa taong nagtanong sa kanya:

> **'Dapat ko bang iwanan ang aking kamelyo na hindi nakatali at magtiwala na lang sa Allah?' Sinabi niya, 'Itali mo ito at magtiwala ka sa Allah."** ***[Ibn Hibbaan]***

Sinabi rin niya:

> **"Sa Kanya na sa Kanyang mga Kamay ay nakasalalay ang aking kaluluwa, yaong taong nagpunta at nagsibak ng kahoy, itinali ito, at binuhat ito sa kanyang likuran ay mas higit na mabuti kaysa sa humingi ng limos sa mga tao, kahit na bigyan man siya ng pera o hindi."** ***[Bukhari]***

## Sino ang Sugo ng Islam?

Siya ay si **Muhammad ibn Abdullah**, ang panghuli at sagka sa mga Sugo. Ang Allah (﷾) ay nagsabi:

> **﴾Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo, datapwat siya ang Sugo ng Allah at sagka** (Panghuli) **sa lahat ng mga Propeta...﴿** ***[Qur'an 33:40]***

Hindi siya (Muhammad, ﷺ) isinugo ng Dakilang Allah para lamang sa mga Arabo, datapwat siya ay isinugo para sa buong sangkatauhan. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

> **﴾At ikaw** (O Muhammad,ﷺ) **ay hindi Namin isinugo, maliban na tanging para lamang sa buong sangkatauhan, na magbibigay ng masayang balita, at Tagapagbabala.﴿** ***[Qur'an 34:28]***

Isinugo siya ng Dakilang Allah para sa buong sangnilikha upang makamtan nila ang tunay na kaligayahan, at ipakita sa kanila ang daan ng katotohanan, kabutihan at magbigay babala sa kanila laban sa kasinungalingan at kasamaan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At ikaw** (O Muhammad,ﷺ) **ay hindi Namin isinugo, maliban lamang na tanging Habag sa '*Aalameen*** (sangkatauhan, mga *Jinn* at lahat ng mga nilalang).﴿ ***[Qur'an 21:107]***

Kahit noong bago niya natanggap ang kapahayagan, siya ay kilala na ng mga tao bilang '**Ang Mapagkakatiwalaan**', at ipinagkakatiwala sa kanya ang kanilang mga ari-arian kung nilalayon nilang maglakbay. Siya ay kinilala din bilang '**Ang Matapat**' dahil kilala siya sa kanyang katapatan. Hindi siya nakitaan ng anumang pagdadahilan, pagsisinungaling, pagtataksil at pandaraya. Lagi niyang ninanais ang kabutihan ng iba.

Natanggap niya ang unang kapahayagan sa gulang na apatnapu, at ipinaalam niya sa kanyang kabiyak na si **Khadeejah** (ﷺ) at sinabi:

**"Totoong may kinatatakutan ako para sa aking sarili."** Sumagot si **Khadeejah** (ﷺ), **"Hindi, Sumpa man sa Allah! Tunay na hindi ka hahamakin ng Allah. Katotohanan, pinanatili mo ang iyong uganyan sa iyong mga kamag-anak, binalikat mo ang mga problema ng iba, nagbigay ka ng yaman sa mga taong wala nito, pinarangalan at pinakain mo ang iyong bisita at nagbigay ka ng tulong sa panahon ng tunay na kalamidad."** ***[Bukhari]***

Nanatili siya sa Makkah ng labing-tatlong taon na nag-aanyaya sa mga tao sa paniniwala sa tunay na Kaisahan ng Dakilang Allah. Pagkatapos siya ay lumipat sa siyudad ng Madinah at tinawag ang mga nanirahan dito, na kanilang tinanggap. Doon, ipinahayag sa kanya ng Dakilang Allah ang nalalabing mga batas ng Relihiyon.

Pagkatapos ng walong taon siya ay bumalik at nakuha niya ulit ang Makkah mula nang siya ay lumikas (sa Madinah), at siya ay namatay sa gulang na animnaput-tatlo pagkaraang naipahayag ng Dakilang Allah ang buong *Qur'an*. Ang mga batas ng Relihiyon ay naging ganap at kumpleto at tinanggap ng Arabong bansa ang Islam.

Siya ang pinakaganap na nilalang sa bagay ng kanyang pagkalikha at pag-uugali.

## Ano ang sinasabi nila tungkol kay Muhammad (ﷺ)

Ang makatang taga Aleman na si **G. Goethe** ay nagsabi:

**'Tiningnan ko ang kasaysayan ng makataong huwaran at natagpuan ko ito kay Muhammad (ﷺ).'**

**Si Gng. Annie Besant** sa aklat na, '*Ang Buhay at mga Katuruan ni Muhammad,*' ay nagsabi:

**'Ito ay napakahirap paniwalaan ng sinuman na nag-aaral sa buhay at ugali ng dakilang Propeta ng Arabia, na alam niya kung paano siya nagturo at paano siya nabuhay, at maramdaman ang tunay na paggalang para sa makapangyarihang Propeta, isa sa mga dakilang sugo ng Kataas-taasan. At kahit na may nasabi na ako sa inyo, marami pa akong masasabi na mangyaring alam na rin ng marami, datapwat nararamdaman ko sa aking sarili, kapag binabasa kong muli ang mga ito,**

**isang bagong paghanga, isang bagong paggalang ang aking nararamdaman para sa makapangyarihang guro ng Arabia.'**

□□□□

## Ano ang *Qur'an*?

Ito ang mga Salita ng Dakilang Allah na ipinahayag sa pamamagitan ni Arkanghel Gabriel (عليه السلام) kay Muhammad(ﷺ).

Ang Qur'an ay magkaiba kaysa sa naunang mga Banal na Aklat sa mga sumusunod na pamamaraan:

**1) Ito ang huling Banal na Aklat na naipahayag**, sa ganitong dahilan, Ang Allah, ang Dakila, ay nangako na iingatan Niya ito sa anumang pagbabaluktot (pagdaragdag at pagbabawas) hanggang sa Huling Araw. Dapat ang isang tao ay maniwala na pangangalagaan ng Dakilang Allah ang *Qur'an* sa lahat ng pagbabaluktot, paghahalo, pagdaragdag, o pagbabawas. Ang Allah(سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

﴿**Katotohanang Kami ang nagpapanaog ng *Dhikr*** (Paalaala – ang Qur'an at ang Sunnah) **at katotohanang pangangalagaan Namin ito** (laban sa katiwalian).﴾ ***[Qur'an 15:9]***

**2) Ang pagbigkas o pagbasa nito ay isang gawaing pagsamba;** ito ay isang paraan sa mga pagpapanatili at pangangalaga ng Dakilang Allah. Ang Propheta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sinuman ang bumigkas ng isang letra ng Qur'an, siya ay makakatangap ng sampung biyaya. Hindi ko ibig tukuyin ang '*Alif Laam Meem*' ay isang letra, manapa ang '*Alif*' ay isang letra, '*Laam*' ay isang letra, at '*Meem*' ay isang letra."** ***[Tirmidhi]***

Ang magsaulo nito ay isa ring gawaing pagsamba. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang taong hindi nakasaulo ng anuman sa Qur'an ay katulad ng bahay na iniwanan."**

Ang pagbibigay halaga at pagtuturo nito ay itinuturing na gawaing pagsamba. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong natutuhan niya ang Qur'an at itinuro ito."** ***[Bukhari]***

**3) Saklaw sa *Qur'an* ang lahat ng pagbabatas** na nagpapabuti sa lipunan at nagbibigay garantiyang pangkaligayahan sa lahat ng nagpapatupad. Ang Allah(سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

﴾**...At Aming ipinanaog sa iyo ang Aklat** (ang *Qur'an*) **bilang pagpapaliwanag ng lahat ng bagay...**﴿ ***[Qur'an 16:89]***

**4) Naitala at naingatan sa *Qur'an* ang mga kasaysayan ng mga Propeta at mga Sugo** at kung ano ang nangyari sa pagitan nila at ang kanilang mga mamamayan, magmula kay Adan(عليه السلام) hanggang kay Muhammad (ﷺ).

**5) Ito ay ipinahayag sa sangkatauhan** upang sila ay magkaroon ng buhay ng may kapayapaan at kaligayagan, at upang maiahon sila mula sa kadiliman ng kasingungalingan tungo sa liwanag ng Islam. Ang Allah(سبحانه وتعالى) ay nagsabi:

﴾***Alif-Laam-Raa.***[38] (Ito ang) **Aklat na ipinahayag Namin sa iyo** (O Muhammad,ﷺ) **upang iyong mapatnubayan ang sangkatauhan mula sa kadiliman** (Kawalan ng pananalig at sa pagsamba sa mga diyus-diyosan) **tungo sa liwanag** (ng Islam) **sa kapahintulutan ng kanilang *Rabb*** (Panginoon) **tungo sa Landas ng Pinakamakapangyarihan, ang Nag-aankin ng lahat ng mga Pagpupuri.**﴿ ***[Qur'an 14:1]***

□□□□

## Ano ang sinasabi nila tungkol sa *Qur'an*

**Si G. Maurice Bucaille**, ay nagsabi sa kanyang aklat: '*Ang Qur'an, at Modernong Agham*':

'Ang ganap na layunin sa pagsisiyasat nito [ang *Qur'an*] batay sa liwanag ng modernong karunungan, ay maghahatid sa pagkilala ng pagsang-ayon sa pagitan ng dalawa (Ang Qur'an at ang Modernong Agham) na naiulat na sa mga maraming pagdiriwang. Ito ay malaking palaisipan para sa amin na ang isang tao na katulad ni Muhammad (ﷺ) ay naging may akda ng mga ilang mga salita sa kanyang panahon, na tumutukoy sa anyo ng karunungan noong kanyang kapanahunan. Ang mga pagsasaalang-alang ay bahagi sa maibibigay ng Kapahayagang Qur'an sa kanyang natatanging kinalalagyan, at napilitan ang mga walang pinapanigang siyentipiko na tanggapin ang kanilang

---

[38] Ang mga letrang ito ay isa sa mga milagro ng *Qur'an*, at walang nakakaalam sa kahulugan ng mga ito kundi ang Dakilang Allah.

kawalang-kakayahang magbigay paliwanag na tumatawag sa natatanging pangmateryal na katwiran.

□□□□

## Ang Islam at ang Karunungan

Ang *Deen* (Relihiyon) ng Islam ay naghihikayat sa karunungan at ang paghahanap nito, at magsalita laban sa kamangmangan at magbabala laban dito. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿…Ipahayag: 'Sila kaya na may kaalaman ay katulad nila na walang kaalaman?'﴾** ***[Qur'an 39:9]***

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**﴿…Ang Allah ang mag-aangat ng antas sa inyo na sumasampalataya at sila na pinagkalooban ng karunungan...﴾** ***[Qur'an 58:11]***

Ito ay nanghihikayat sa tao na maghanap para madagdagan ang kanyang karunungan. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

**﴿…At sabihin: 'O Aking Panginoon! Inyong dagdagan ang aking kaalaman! ﴾** ***[Qur'an 20-114]***

Ang Islam ay nagbibigay ng respeto sa mga pantas at binibigyan sila ng tunay na karapatan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsaad sa kanilang kaigtan ng sinabi niyang:

**"Siya ay hindi nagmula sa aking nasyon na hindi marunong gumalang sa mga matatanda, walang habag**

**sa mga bata, at hindi alam ang karapatan ng mga pantas ng higit sa amin."** ***[Ahmed]***

Ito ay pananagutan sa paghahanap, pag-aaral, at pagtuturo ng karungan na siyang daan patungo sa *Jannah* (Paraiso). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sinuman ang tumawid sa daan ng paghahanap ng karunungan, ang Allah ay mag-aakay sa kanya sa mga daan tungo sa Kalangitan. Ibaba ng mga anghel ang kanilang mga pakpak para sa kanya dahil sa kanilang kasiyahan sa mga mag-aaral ng karunungan. Ang lahat ng nasa mga Kalangitan at kalupaan ay naghahangad ng kapatawaran para sa mga nag-aaral, pati na ang mga isda sa tubig. Ang kaigtan ng isang mag-aaral kaysa sa isang karaniwang mananampalataya ay katulad ng pagkakaiba sa pagitan ng isang nagliliwanang na buwan at lahat ng mga bituin. Tunay nga, ang mga mag-aaral ay ang mga tagapagmana sa mga Propeta at totoong ang mga Propeta ay hindi mag-iiwan ng anumang kayamanan bilang mamanahin, kundi mag-iiwan sila ng karunungan. Sinuman ang tamanggap nito ay tunay nga na nakakuha siya ng malaking bahagi..."** ***[Ibn Hibbaan]***

□□□□

## Ang Islam at Ang Yaman

Sa Islam, ang lahat ng yaman ay tunay na pagmamay-ari ng Dakilang Allah na ipinagkatiwala Niya sa mga tao. Ito ay isang pananagutan; dapat itong makuha sa tamang

paraan at gugulin ito sa pinahihintulutang pamamaraan. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

> **"Ang isang alipin ay hindi makakahakbang sa Araw ng Paghuhukom hangga't hindi niya maipaliwanag** (ang sumusunod na mga bagay)**: ang kanyang panahon at kung paano niya ito ginamit, ang kanyang karunungan at kung paano niya ito ginamit, ang kanyang salapi at kung paano niya ito kinita at ginastos, at tungkol sa kanyang kabataan, kung paano ito lumipas."** ***[Tirmidhi]***

Hinihikayat ng Islam na ang tao ay dapat maghanap ng kayamanan para sa sariling pagkakagastohan at para sa kanyang mga pananagutan, at gamitin niya ito upang maituwid ang kapakanan ng mundong ito. Ito rin ay daan para makatanggap ng biyaya mula sa Allah(ﷻ) kung gagamitin niya ito sa kabutihan.  Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

> **"Ang malakas na mananampalataya ay higit na mabuti at mas minamahal ng Allah kaysa sa mahinang mananampalataya, at sa bawa't isa ay may kabutihan. Maging mahayap sa paggawa kung ano ang makakabuti sa iyo at humingi ng tulong sa Allah, at huwag maging pabaya sa pagsasagawa nito. At kung anumang masamang kasawian ang nangyari sa iyo, huwag mong sasabihin ang, 'Kung ginawa ko lamang ang mga ito, o ito…' datapwat sapat na ang sabihin ang, 'Ito ang *Qadar* ng Allah, at kung anuman ang Gustuhin Niya, Gagawin Niya** (*Qaddarullaah wa maa shaa fa'al*)**,' dahil tunay** (ang kasabihan ng) **ang 'kung' ay magbubukas ng pintuan para sa mga gawain ni Satanas."** ***[Muslim]***

May ibang pananagutan sa kayamanan – na walang iba kundi ang *Zakaah* – na ito ay sapilitan at makapagbibigay ng kabutihan sa kanya sa buhay sa Mundo at sa Buhay na Walang Hanggan.  Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At iyong hanapin, sa gayong** (kayamanan) **na ipinagkaloob sa iyo ng Allah, ang tirahan sa Kabilang Buhay, at huwag mong kaligtaan ang iyong bahagi ng pinahihintulutang kasiyahan sa mundong ito, at gumawa ng kabutihan kung papaano rin namang naging mabuti ang Allah sa iyo, at huwag kang magnais ng kabuktutan o katiwalian sa kalupaan…**﴿ ***[Qur'an 28:77]***

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

**"Napakabuti ng dalisay na kayamanan kung ito ay nasa pagmamay-ari ng isang banal na tao!"** **[*Ibn Hibbaan*]**

Ipinagbawal ng Islam na aksayahin ang pera. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

﴾**At huwag mong gugulin** (ang iyong kayamanan) **sa walang kapararakan.⁕ Katotohanan, ang mga mapagwaldas** (ng walang kapararakan) **ay kapatid ng mga *Shayateen*** [mga demonyo], **at ang *Shaytaan*** [Demonyo, Satanas] **ay walang utang na loob ng pasasalamat sa kanyang Panginoon.**﴿ ***[Qur'an 17:26-27]***

## Huling Pananalita

Ginawa ko ang lahat ng aking makakaya para mapanatiling maikli at hindi na nagbanggit ng maraming detalye. Inaasahan ko na kung ano ang nakasulat ay makapagbibigay ng sulyap at magiging susi para sa mga taong may hangaring higit na matuto ng tungkol sa Islam; lalo na sa mga taong hindi sumusunod o hindi kumikilala na ito ang tunay na Relihiyon. Ang kanilang mga paniniwala ay binago ng mga kaaway ng Islam, at ang mga kaaway na ito ay nararapat na labanan at mabigyan ng babala.

Ito rin ay para sa mga yaong hindi alam ang tunay na kaligayahan at tagumpay na nasa pagtanggap at pagsunod sa Relihiyon ng Islam at sa pagpapalaganap nito. Pakiusap ko sa mga tao na huwag sumama sa pag-iisip ng iba, at huwag magpasiya ng inyong kapalaran sa kagustuhan ng iba. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

> ﴾**At kung ikaw ay susunod sa karamihan sa kanila na nasa kalupaan, ikaw ay kanilang ililigaw nang malayo sa Landas ng Allah. Wala silang sinusunod kundi mga haka-haka lamang at wala silang ginagawa kung hindi ang magsinungaling.**﴿ ***[Qur'an 6:116]***

Tunay nga na yaong taong sinunod ninyo ngayon ang unang magtatakwil sa inyo sa Araw ng Paghuhukom. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

> ﴾**Nang yaong mga sinunod, nagpasinungaling** (magpahayag na sila ay walang kaalam-alam) **sa mga yaong sumunod** (sa kanila), **at nakita nila ang parusa, magkagayon ang lahat ng kanilang ugnayan ay mapuputol.**﴿ ***[Qur'an 2:166]***

Subukang maging malaya sa inyong pag-iisip, subukang timbangin ang mga bagay-bagay at magpasiya sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan sa paggamit ng talinong ibinigay ng Allah (ﷻ) sa inyo. Huwag kumiling, maghigpit o maging bulag na tagasunod. Ang Allah(ﷻ) ay nagsabi:

> ﴾**At kung sinabi sa kanila: 'Halina kayo sa mga ipinahayag ng Allah sa Kanyang Sugo** (Muhammad,ﷺ)**.' Sila ay magsasabi: 'Sapat na sa amin kung ano ang natagpuan naming sinusunod ng aming mga ninuno;' kahima't ang kanilang mga ninuno ay walang kaalaman at walang patnubay.**﴿ ***[Qur'an 5:104]***

Ang pagkakataon ay nandoon para sa mga yaong nagnanais, datapwat dapat gawin ito sa tamang pamamaraan na magbibigay ng tunay na larawan ng Islam. Hindi lahat ng nagsasabing tagasunod ng Islam ay

isang Muslim, at hindi lahat ng mga aklat na nagsasabing pang-Islam ay tunay na naglalarawan sa Islam, kaya't kunin ang Islam mula sa makatwiran at makatarungang mga pinanggagalingan. Ang Propeta(ﷺ) ay nagsabi:

> **"Ang mga Hudyo ay nahati sa pitumput-isang sekta, ang mga Kristiyano ay nahati sa pitumput-dalawang sekta, at ang aking nasyon ay mahahati sa pitumput-tatlong sekta, lahat sila ay mapupunta sa apoy maliban sa isa." Sila** (ang mga kasamahan) **ay nagtanong, "Alin sa kanila O Sugo ng Allah?"** Siya ay sumagot, **"Kung sinuman ang sumusunod sa nagugustuhan ko at sa yapak ng aking mga kasama."**

Kung sinuman ang magnais matuto ng karagdagan tungkol sa Islam ay maaaring tumawag sa mga Islamikong tanggapan na nakasulat sa huling pahina ng aklat na ito.

Ang Allah (ﷻ) ang nakakaalam kung ano ang pinakamabuti, at nawa'y papurihan Niya ang Propeta Muhammad, at pagkalooban siya at ang kanyang pamilya at mga kasamahan ng kaligtasan mula sa anupamang bagay na nakakasirang puri.

□□□□

***Paunawa mula sa mga Tagasalin ng Tagalog:***

*"Ang mga isinaling talata mula sa Banal na Qur'an at sa mga Hadith at Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay mga pawang paliwanag ng mga tagasalin na inaakalang pinakamalapit sa pagpapakahulugan. Ang mga orihinal na Salita ng Allah (ﷻ) (ang Qur'an) at ang mga Hadith at Sunnah ng Propeta (ﷺ) ay makikita lamang sa mga orihinal na Arabik na pagkasulat."*

*Nawa'y tanggapin ng Dakilang Allah ang aming hamak na pagsisikap at patawarin kami sa aming mga pagkakamali."* **Ameen**

==========================================

**الحمد لله رب العالمين**

Lahat ng Papuri at pagsamba ay nauukol lamang sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng mga Daigdig at nawa'y purihin at itampok ng Allah ang pagbanggit sa Kanyang Propeta(ﷺ) at ang kanyang pamilya at iligtas siya mula sa anumang kasamaan.


* * * * * * * * * *

Kung nais ninyong tumanggap ng anumang kaalaman tungkol sa Islam huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin:

Email: **info@islamland.com**

□□□□

**WWW.ISLAMLAND.COM**



ISLAM LAND

GROW GOODNESS BY YOUR HAND

EXPLORE ISLAM IN ALL LANGUAGES

WWW.ISLAMLAND.COM